# Ulós

2015 Pebrero

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)



ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG ULOS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA PULONG-MASA AT PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG KASAMA SA KANAYUNAN O KALUNSURAN MAN NA MAG-AMBAG NG KANILANG AKDA AT IBA PANG MGA LIKHANG SINING. ANUMANG PUNA AT MUNGKAHI AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

# Nilalaman


Pambungad

Sa Lumalakas na Kilusang Masa sa Kalunsuran at Umiigting na Armadong Pakikibaka sa Kanayunan: Nabibilang na ang Araw sa Kapangyarihan ng Rehimeng US-Aquino III mula sa Patnugutan 5

Reportahe

Patuloy na Binibigo ang Oplan Bayanihan ni Aquino: Koresponsal mula Mindanao ni Ernesto Obrero 21

Maikling Kwento

Bagong Pakikibaka, Bagong Tagumpay ni Willy Anakpawis 28

ANG PANGAKO ni Maria Catalonan 43

Dula

Panlilinlang ni Penoy ang "Daang Matuwid" ni Mayang Andres 59

HACIENDA Kolektibong Likha ng mga Taga-Hacienda 65

Dagli

KANDADO ni Luisa Lingtunganay 83

KUMPISKASYON! ni Paul Estrella 89

MATATAG ni Sisa del Rio 96

Tula

BANTA NG WAKAS ni Isagani dela Guerra 101

MAILAP ni Karlo Kanuyos 103

OYAYI NG ISANG INA ni Lire Rosa 105

KATIYAKAN ni Clark Kilatis 106

Mga Awit

SUPER ITOY ng Agaw Armas 108

SUPER TUTA, salin ng ULOS 110

BAYANI SA IBAYO ni Ka Batingaw 112

MGA ALON SA DAGAT NG NAKARAAN: MGA KWENTO NG PAKIKIBAKA nina Ka Maximo, Ka Oying, Ka Mateo, Ka Aleta at Ka Goryo 114

PASASALAMAT 150

Pambungad

# Sa Lumalakas na Kilusang Masa sa Kalunsuran at Umiigting na Armadong Pakikibaka sa Kanayunan: NABIBILANG NA ANG ARAW SA KAPANGYARIHAN NG REHIMENG US-AQUINO III

mula sa Patnugutan



Patalsikin ang rehimeng US-Aquino! Itakwil ang diktadurang Aquino! Nabibilang na ang araw sa kapangyarihan ni Benigno Aquino III sa mga panawagang ito na dumadagundong sa lansangan. Sa harap ng kanyang matitinding krimen sa mamamayan, lumalakas ang kilusang masa sa kalunsuran at umiigting ang armadong pakikibaka sa kanayunan.

Susun-suson ang krimen ng rehimeng US-Aquino. Una, higit pang pinalubha ng rehimeng US-Aquino ang pagpapairal ng malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang Pilipino sa pamamagitan ng patuloy na pagkapit nito sa neoliberalistang patakaran ng imperyalismong US.

Lalong ibinaon ang bayan sa kalagayang atrasado, agraryo at di-industriyalisado. Higit pang nilargahan ng rehimeng Aquino ang liberalisasyon sa kalakalan kung saan nakatali ang lokal na ekonomya sa pag-aangkat ng kalakal, tinatanggihan ang pagsasagawa ng tunay na makabayang industriyalisasyon, at walang balak na itayo ang lokal na manupaktura o ekonomyang umaasa-sa-sarili.

Ang pagmimina na siyang ipinagmamalaki ng rehimeng Aquino bilang pangunahing industriya ng Pilipinas ay pinahahawakan nang buung-buo sa mga dayuhan. Sakop nito ang mahigit 1.14 milyong ektarya o 3.8 porsyento ng kalupaan ng Pilipinas. Noong 2010, nagmula sa Pilipinas ang 11% ng kabuuang produksyon ng nikel sa daigdig. Ngunit dahil sa neoliberal na mga eksempsyon sa buwis at insentiba, laluna sa EO 79 ni Aquino, ang kinita nito'y halos sa dayuhan lamang napunta. Buong-layang pinahintulutang magmina ang mga dayuhang korporasyon samantalang nilimitahan ang mga



lugar na pwedeng pasukin ng lokal na maliliit na minero. Sa kabilang banda, libu-libong katutubo ang nawalan ng lupang ninuno dahil sa pangangamkam ng Glencore-Xstrata SMI Mining Company sa mga B'laan sa Tampakan, South Cotabato, TMC sa Surigao, Russel Mines sa Compostela Valley, at Toronto Ventures Inc. sa Zamboanga. Karaniwang itinataboy ang mga katutubo sa pamamagitan ng matinding militarisasyon kasama na ang pambobomba.

Sa iba't-ibang Industrial and Export Processing Zones, na kumakain ng humigit-kumulang 3,000 ektarya ng lupang agrikultural at 300 ektaryang di-agrikultural, ang nalilikha lamang ay mga produktong semi-manupaktura. Pinagbabawalan dito ang pag-uunyon at pagwewelga, kayat laganap ang tanggalan ng trabaho, kontraktwalisasyon, mababang pasahod at kawalan ng benepisyo.




Higit pang pinalarga ang pribatisasyon sa mga pampublikong yutiliti, institusyon at serbisyong panlipunan at deregulasyon sa industriya ng langis. Naturingan mang tulungan ng gubyerno at pribadong sektor, ang negosyo sa enerhiya ay nasa kontrol ng limang pinakamalalaking prodyuser ng kuryente na Aboitiz Power Corp; San Miguel Global Power Corp. ni Danding Cojuangco; First Philippine Holdings Corp. ng mga Lopez; Global Power Corporation ng kapitalistang si George Ty ng Metrobank; at DMCI Power Corp ng mga Consunji. Hawak nila ang halos 78% ng kabuuang produksyon ng kuryente sa Pilipinas. Pag-aari naman ng pamilyang Sy ang mayorya ng sapi ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), kasosyo ang State Grid Industry Development Ltd. ng China na humahawak ng natitirang

40%. Sa kabuuan, ang kontrata sa mga proyekto ng Public-Private Partnership Program ay kinopo ng pinakamalalaking burgesya-komprador sa Pilipinas. Mahigit 60% ang pumunta kay Eduardo "Danding" Cojuangco Jr., ang tiyuhin ni BS Aquino. Pumunta kay Manny Pangilinan ang 16.69%, at 14.3% kay Henry Sy. Ang natitirang 6.42% ay pumunta sa mga Ayala, Consunji at iba pa.

Winawasak at pinapatay ng agri-liberalisasyon ang produksyon at lokal na merkadong agrikultural. Dahil sa kawalan ng tulong o subsidyo ng gubyerno, nalulugi ang mga magsasakang nagtatanim ng palay sa pagpasok ng murang bigas mula sa Vietnam na mas mababa ang gastos sa produksyon dahil suportado ng kanilang gubyerno. Tinututulan man ng mamamayan, patuloy na itinataguyod ng rehimen ang pagpapalawak ng mga multinasyunal na plantasyon ng saging at pinya ng Sumitomo Fruits Corp Philippines (Sumifru) sa North at South Cotabato at Davao City (7,381 ektarya), Dole Philippines sa South Cotabato at Sarangani (100,000 ektarya), at Del Monte sa Bukidnon (64,000 ektarya).



*Plantasyon ng Dole (mula sa website ng EILER)*

Ikinakatwiran ng rehimen na hindi malulutas ang malaking kawalan ng hanapbuhay dahil sa "job mismatch", na diumano'y hindi bagay ang kasanayan ng mga Pilipino sa hinahanap ng mga dayuhang namumuhunang korporasyon.

Kaya, sa halip na lumikha ng trabaho, ginawang K+12 ang kurikulum ng eskwelahan upang lalong iayon ang edukasyon at pagsasanay ng lakas-paggawa sa pangangailangan ng mga dayuhang kapitalista.

Patuloy ding itinutulak ni Aquino para ipasa sa kongreso ang Tax Incentives Monitoring and Transparency Act (TIMTA) at Customs Modernization and Tariff Act (CMTA); ang pag-aamyenda sa Charter ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na pinaglalaan ang gubyerno ng dagdag na P150B kapital sa Bangko Sentral; ang amyenda sa Anti-Money Laundering Act na pinalalawak ang saklaw ng "iligal" na pera at binibigyan ang AMLAC ng dagdag na kapangyarihang usisain, ipitin at ilitin ang pinagsususpetsahang pera sa bangko laluna ang ginagamit "daw" ng mga "terorista"; pag-aamyenda sa Act to Facilitate the Acquisition of Right-of-Way, Site or Location for National Government Infrastructure Projects and For Other Purposes para pabilisin ang mga proyektong imprastruktura ng gubyerno na sasagasa sa mga pamamahay ng mamamayan; at pag-aamyenda sa Cabotage Law para papasukin ang dayuhang korporasyon sa lokal na shipping.

Ngunit hindi pa nasisiyahan si Aquino sa lahat ng pabor na ito para sa dayuhan. Itinutulak pa ang Charter Change, na minadaling ipasa sa mga committee hearing ng kongreso. Ang Charter Change ay nakaayon din sa neoliberalistang patakaran na tusong itinutulak ng mga busog sa pork barrel na alipores ni Aquino sa kongreso upang hawanin ang "muling pangongolonya" ng US sa bayan, iayon ang mga pang-ekonomyang probisyon ng Konstitusyon para mapanumbalik ito sa Parity Rights Amendment ng 1946 at pairalin ang walang restriksyong pag-aari ng mga dayuhan sa mga lupain at negosyo sa bayan.

Ikalawa, higit pang pinatindi at pinalawak ang kahirapan at kawalan ng katarungang panlipunan. Walang tunay na industriyalisasyon at walang tunay na reporma sa lupa. Puu-puong milyon ang nagugutom, walang trabaho, tinanggal sa

trabaho, inaalipin sa ibayong-dagat, walang bahay, iskwater sa sariling bayan, mga inabandonang biktima ng kalamidad, walang mga serbisyong panlipunan, dinarahas at sinisikil ang demokratikong mga karapatan.

Sa independyenteng pagtataya ng IBON, kung isasama pati ang mga manggagawang huminto na sa paghahanap ng trabaho, ang tantos ng walang trabaho ay aabot sa 10.5% na nagpapatunay sa pinakamahabang panahon nang tuluy-tuloy na krisis ng kawalang trabaho sa bayan. Lalo pa kung ikokonsiderang napakalubha rin ng tantos sa kakulangan ng trabaho sa bayan. Lima sa bawat sampung Pilipinong may "trabaho" o 16.85 milyong manggagawa ay may trabahong mababa ang kalidad, di-angkop sa kanilang kakayahan at potensyal, mababa ang pasahod, walang katiyakan, o kontraktwal.

Ang mga manggagawa namang pinalad na makapagpanatili sa regular na trabaho ay napakababa ng sahod. Ayon sa ILO, ikatlo ang Pilipinas sa 72 bayan na may pinakamababang pasahod. Ang upisyal na sahod na ₱466 kada araw sa National Capital Region (NCR) ay wala pa sa kalahati ng mahigit P1,200 na arawang gastos para mabuhay ang isang anim-kataong pamilya. Lumalabag ang mahigit kalahati ng kumpanya sa NCR sa batas ng minimum na sahod, at umaabot sa mahigit 80% naman sa Southern Tagalog. Kabilang sa lumalabag ang ipinagmamalaking mga kumpanya sa call center. Dahil dito, di bababa sa sangkapat ng lakas-paggawa ng bayan, o 12% ng buong populasyon ng Pilipinas, ay nagtatrabaho sa ibayong dagat, at 64.3% ng walang trabaho ay naghahanap ng trabaho sa labas ng bayan. Ayon sa Overseas Workers Welfare Administration, humigit-kumulang sa 4,500 Pilipino bawat araw ang lumalabas ng bayan para magtrabaho sa ibayong-dagat.

Patuloy na tumitindi ang kahirapan na dulot ng pagsirit ng presyo ng mga bilihin, pamasahe, serbisyo, edukasyon, atbp. Milyun-milyong magsasaka ang bangkarote ang

kabuhayan, binawian ng sakahan, pinatalsik sa tirahan. Samantala, ang ipinagmamayabang na abereyds na 7% na paglago ng pambansang ekonomya ay pagpapalago ng kayamanan ng mga burgesyang komprador, panginoong maylupa, burukratang kapitalista at imperyalista. Hungkag ang CARP, CARPER, programa sa poverty alleviation tulad ng 4Ps, CCT, Job Creation. Isang taon pa lamang nang maging presidente si Aquino, ang utang ng bawat Pilipino na P46,377 ay naging halos P63,000. Patuloy pa itong tumataas hanggang sa kasalukuyan.



(Bulatlat.com)

Bagamat labis na pinababa ng gubyerno ang pamantayan ng tinaguriang nagdarahop para bumaba ang tantos na 25.2% noong 2012, hindi pa rin ito umaabot sa target na ibinabandila sa Millenium Development Goals na 16.6% sa 2016. Gayunpaman, sa sarbey ng UP School of Economics sa panahon ding ito, 54% ng populasyon ang nahulog sa ibaba ng poverty line.

Ayon sa UN, noong 2008 ay 32.8 milyon, o 40% ng populasyong urban ng Pilipinas, ay nakatira sa mga pamayanan ng iskwater. Tumataas ito ng 3.5% taun-taon at sa Metro Manila ay malamang na umabot ng siyam na milyon sa 2050. Matingkad din ang paghihingalo ng mga serbisyong pang-edukasyon. Kulang ng 66,000 silid-aralan at 33,000 guro noong 2013-2014, at pinalala

pa ng pagkasira ng mga paaralan noong bagyong Yolanda. Napakalampa ng paglutas rito ng rehimen para sa taong 2014-2015—hinati ng manipis na dingding ang mga silid-aralan, pinalaki hanggang 95 ang mga mag-aaral sa bawat klase, at ipinaubaya ang pag-aaral ng iba sa kani-kanilang pamamahay para sabihing wala nang kulang na silid-aralan.

Samantala, labis-labis ang pagpapabaya ng rehimeng BS Aquino sa pagharap sa kalamidad bago, habang, at matapos ang bagyong Yolanda. Hindi pa natuto sa bagyong Pablo at lindol sa Bohol kung saan wala halos siyang itinulong, hindi kumilos si BS Aquino para palikasin ang mga tao mula sa baybay-dagat kahit nagbabala na ang mga eksperto sa pagtaya ng panahon na kailangan ang malawakang ebakwasyon ng mga erya sa loob ng 8-16 kilometro sa mga baybayin sa lugar na daraanan ng superbagyo.

Nag-umpisa lamang itong humakbang noong ibunyag ng lokal at dayuhang midya ang malawakang pagkasalanta ng Leyte at 36 na oras nang nakalipas ang superbagyo. Idineklara lamang ni Aquino ang "state of national calamity" pagkatapos ng APAT na araw nang malawakang pagkasalanta. LIMANG araw na ang nakalipas nang maisip niya na "pinakamalaking gawaing lohistikal" na gagawin ng gubyerno ang pagpapadala ng mga pangkagipitang suplay sa Tacloban at iba pang lugar.

Ngayon, isang taon matapos ang bagyong Yolanda, patuloy pang walang tahanan ang mahigit 30,000 tao sa Tacloban City lamang—nasa mga toldang walang kuryente, na napakadaling winalis ng bagong bagyong Ruby. Ipinagbawal ng gubyerno na bumalik sila sa dating kinatitirikan ng kani-kanilang bahay dahil ang lugar na ito ay gagawing Tacloban City Special Economic Zone na magiging sentro ng manupaktura, turismo, at pinansya batay sa House Bill 3640. Hindi pa natuto sa mga kapalpakan sa naunang sakuna, sa bagyong Ruby ay huli pa rin ang pagdeliber ng relief goods dahil kinontrol ng pambansang gubyerno sa Maynila ang pagrerepake upang hindi mapunta sa lokal ang makukupit nilang magagandang pagkain at gamit.

Ikatlo, lansakang pagpapakapapet at patuloy na pagsusuko ng rehimeng Aquino sa soberanya ng bayan sa imperyalismong US. Bukod sa pangangayupapa sa imperyalismong US sa pamamagitan ng mga patakarang neoliberal sa ekonomya, lubusan na ring isinuko ng rehimeng Aquino ang soberanya ng Pilipinas sa lakas militar ng US. Hindi pa nakuntento sa maka-imperyalistang Visiting Forces Agreement, Mutual Defense Treaty, Military Logistics Support Agreement, at Acquisition and Cross Servicing Agreement, pinagtibay ang mas matinding kasunduang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ibinigay nang buong laya sa mga tropang Amerikano na gamitin ang himpapawid, lupa at karagatan ng Pilipinas para sa kanyang mga ehersisyong pandigma at operasyong paniktik. Mistulang pag-aari at libreng gamitin ang mga base at kampo militar ng Pilipinas ng mga "nagrerelyebong" pwersang Amerikano, sa pag-iistasyon ng mga kagamitang pandigma ng US na nagsasapanganib sa seguridad ng bayan.

Sa apat na taon pa lang na paghawak sa poder ng rehimeng US-Aquino, walang kapantay ang dami at dalas ng mga naglalabas-masok sa Pilipinas na sasakyang pandigma ng US. Mula noong 2010, paparami ang mga barko de gera ng US na pumapasok sa karagatan ng Pilipinas. Ayon sa US Navy, 51 ang pumasok noong 2010, 54 noong 2011, 88 noong 2012, at 72 sa unang bahagi pa lamang ng 2013. Sa pananalanta ng Yolanda noong Nobyembre 8, 2013, ipinadala kaagad ng US ang 13,400 pwersa militar, 66 sasakyang panghimpapawid at 12 sasakyang nabal sa Tacloban City at sa Guiuan, Eastern Samar. Kahit natapos na ang bagyo, ginagamit pa rin itong dahilan ng US para manatili sa lugar at dahil sa EDCA, patuloy ang paggamit nito sa mga paliparan sa Tacloban at Mactan, gayundin sa airstrip at naval port ng Guiuan, hanggang sa mismong joint-military exercises na tinawag na Pacific Partnership 2014 para diumano sa pagsaklolo sa mga sakuna.

Inamin ni US Ambassador Philip Goldberg at ni dating

JSOTF-P commander Col. Robert McDowell na kasangkot ang mga pwersa ng US sa mga operasyong militar laban sa Moro National Liberation Front (MNLF) sa Zamboanga City noong nakaraang taon. Sa operasyong ito, binomba, kinanyon at minasinggan ang matataong baryo at 120,000 mamamayan ang napilitang magbakwet. Mula Oktubre 2013, mahigit 100 tao na ang namatay sa mga sentrong ebakwasyon dahil sa sakit.

Sa pagpihit ng kanyang hegemonikong pokus at lakas-militar sa rehiyong Asya-Pasipiko, imbing layon ng US na gamiting istratehikong forward military base ang Pilipinas sa kanyang adyendang "Pacific Pivot" at "New Pacific Century", at isang base sa pagsusulong ng kanyang "malayang kalakalan" sa programang Trans-Pacific Partnership nang hindi kabilang ang Pilipinas. Sa ngayon, umaabot ng P1 bilyon ang pondong inilagay ng US para paunlarin ang mga pasilidad nabal sa Ulugan Bay at Oyster Bay sa Palawan para patuluyin at serbisyuhan ang lumalaking trapik ng mga barko de gera, eroplano at tropang pangkombat ng US.

Ibinunyag ni Edward Snowden, isang espesyalista na dating kinontrata ng US National Security Agency (NSA), na ginagamit ng US ang mga embahada at konsulada nito sa Maynila, Jakarta, Kuala Lumpur, Phnom Penh, Bangkok, Yangon, Hong Kong, Taipei, Shanghai at Beijing bilang "listening posts" o base ng paniniktik. Sinusubaybayan at kinukulekta ng US ang lahat ng tawag at mensahe na dumaraan sa cellphone at internet. Ang pagbubunyag na ito ay lumabas habang mabilis na pinalalawak ang embahada ng US sa Roxas Boulevard.

Ikaapat, higit pang pinasahol ang bulok, tiwali, reaksyunaryo, burges at kontra-masang pulitika sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Tagus-tagusan ang malakihang korapsyon sa ehekutibo, lehislatura at hudikaturang sangay ng gubyerno. Sa tabing ng hungkag na "daang matuwid" nailatag ang lambat ng malakihang korapsyon sa pamumuno ng hari ng "pork-barrel" na si Aquino na siya mismong nagpapamahagi

sa mga myembro ng kanyang gabinete, kapartido (laluna sa LP, kung saan mga isang bilyon ang nakuha ni Drilon), mga kamag-anak (Danding atbp.), at pinagtatakpan ang mga ito sa kanilang kinasasangkutang marami at maanomalyang distribusyon ng PDAF, kontratang pangnegosyo, pang-imprastraktura at pang-rehabilitasyon ng masa at mga eryang tinamaan ng mga kalamidad.

Ang programa sa rehabilitasyon ay ginawang isang napakalaking proyekto ng pangungurakot na hindi nakararating sa mga biktima ang relief goods mula sa ibang bayan dahil binubuksan pa para irepake at palitan ng mas mababang kalidad ng produkto, o kaya'y matagal bago ibigay upang magamit sa photo ops ng mga pulitiko. Sinayang at pinabayaang magkabuluk-bulok ang maraming bigas at relief, at umabot ng P36M ang pagkain sa mga bodega ng DSWD na itinapon o ibinaon na lamang. May mga hindi makalusot sa Customs dahil hindi naglalagay, at sinisingil pa ng buwis ang mga donor sa ibayong dagat kung hindi idadaan sa gubyerno ang donasyon. Ang iskandalo ng overpriced bunkhouses sa Tacloban City na ipinagmamalaking typhoon-resistant ay buong liwanag na tinanggalan ng bubong ng Bagyong Ruby.

Inililihis ni Aquino ang atake sa kanya ng mamamayan sa pamamagitan ng islogang "daang matuwid" at kunwa'y tinutugis ang ilang di kapanalig na senador at iba pang mambabatas sa kanilang katiwalian. Ngunit ang mga mandarambong ay hindi limitado sa mga kasangkot sa kasong Napoles. Nagagawa lang ni Napoles at mga kasapakat niyang kongresista ang malawakang pandarambong sa tulong ng mga upisyal na ehekutibo mismo sa ilalim ni BS Aquino. Si BS Aquino ang may solong kontrol sa malaking halaga ng pork barrel na tinaguriang special purpose fund, unprogrammed funds, intelligence fund, presidential social fund, Malampaya fund, off budget account at Disbursement Acceleration Program. Kahit si Marcos ang lumikha ng DAP at ginamit niya ito noong panahon ng Batas Militar, lahat ng presidenteng sumunod sa kanya ay hindi gumamit nito maliban kay BS Aquino.

Sa ilalim ni Aquino, dumoble ang ganitong uri ng pondo at umabot sa $19 bilyon.

Matapos pagpasyahan ng Korte Suprema na labag sa konstitusyon ang DAP, isiningit ng rehimeng Aquino ang bagong pork barrel sa pambansang badyet para sa 2015 sa anyo ng "savings" at halos 23 milyong suplementaryong badyet na magpopondo diumano sa mga proyektong nasimulan na sa ilalim ng DAP.

Hindi rin limitado sa pork barrel ang korapsyon ni Aquino. Natuklasan mismo ng Director of Trade ng IMF na ang ismagling sa ilalim ng rehimeng Aquino ay mahigit tatlong beses na mas malala kaysa noong panahon ng rehimeng Estrada at Arroyo, at umaabot ng US$19 bilyon bawat taon. Ang kapatid at bayaw ni Aquino ay nalantad sa pagsisikap na ipitin ang kumpanyang Czech na Inekon.

Ang pinakamalalaking tax evader tulad nina Lucio Tan at Eduardo Cojuangco ay malapit na kaibigan ni Aquino. Umaabot sa 40% ng 100 pinakamayamang korporasyon sa Pilipinas ay wala sa 500 pinakamalaki ang binayarang buwis sa listahan ng Bureau of Internal Revenue. Nananatiling tahimik ang mga opisyal ni Aquino kaugnay ng mga eksempsyon na ibinigay sa mga kumpanyang malaki ang kita samantalang nagtatatalak tungkol sa pandaraya diumano ng maliliit na propesyunal at panggitnang naghahanapbuhay.

Tulad ng inaasahan, ipinagtatanggol ng Rehimeng US-Aquino ang uring panginoong maylupa na kinabibilangan nito sa pagharang sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka ng Hacienda Luisita at todong pandarahas doon. Kagyat na binayaran ng Land Bank ang angkang Cojuangco ng P471.5 milyon sa halip ng nararapat na presyong P304 milyon kahit hindi pa nakikinabang ang mga magsasaka sa lupang dapat ay ipinamahagi na sa kanila. Mahigpit na pinapaboran nito ang pamamayani ng political dynasties na pangunahing binubuo ng mga kinatawan ng komprador burgesya at panginoong maylupa. Ginigipit at di binibigyang-puwang sa pulitika at

sa pamamahala ng gubyerno ang mga tunay na kinatawan ng mamamayan. Patuloy itong nagtatago sa islogang “Kayo ang Boss ko” habang inihahasik ang pinakamasahol na mga patakaran at hakbanging antinasyunal at anti-mamamayan.

Ikalima, inihahasik ng rehimeng Aquino ang iba’t ibang anyo ng pasistang kalupitan sa mamamayan.

Nagpapatuloy ang ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot (enforced disappearance) ng mga aktibista, masa at pinaghihinalaang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan, paglabag sa mga karapatang pantao sa kalunsuran at kanayunan, tuluy-tuloy na militarisasyon at mararahas na operasyong militar na nagdudulot ng malawakang paglabag ng karapatang pantao, dislokasyon ng kabuhayan, pagkaiwan at pagkasira ng produksyon, at pwersahang ebakwasyon sa mga magsasaka, setler at katutubong mamamayan.

Sa apat na taon ng rehimeng US-Aquino (Hulyo 2010-Marso 2014), naitala ng KARAPATAN ang 192 biktima



ng ekstrahudisyal na pamamaslang, 21 biktima ng pagdukot, 94 biktima ng tortyur kabilang ang panggagahasa, 179 na nabigong pagtatangkang ekstrahudisyal na pamamaslang, at iba pang paglabag sa karapatang pantao tulad ng iligal na pang-aaresto, iligal na detensyon at iligal na paghahalughog. Mula Hulyo 2010 hanggang Disyembre 2013 ay may 13,528 biktima rin ng demolisyon at pagpapalayas, 12,031 biktima ng paninira ng mga ari-arian, 38,836 na biktima ng sapilitang ebakwasyon, at mahigit 63,077 na pananakot at harasment. Maliban pa rito ang panggugulo sa pamumuhay ng mamamayan sa paggamit sa kanila bilang panangga, iligal at sapilitang pagpasok sa mga bahay, paggamit ng reaksyunaryong pwersang militar sa mga kapilya, eskwelahan at iba pa.

Nagpapatuloy ang kampanyang “kontra-insurhensya” na Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino ayon sa US-COIN Guide ng 2009 laban sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa ng bayan. Sa ilalim nito, ibinuhos at nanalasa sa mga larangang gerilya sa Mindanao nitong 2014 ang mahigit 30 maneuver battalions ng Philippine Marines at Philippine Army. Maliban pa ito sa mga pwersang nabal, panghimpapawid, Engineering Brigade, Tactical Operations Group, mga batalyon ng Regional Community Defense Group at mga batalyon ng military intelligence. Tuluy-tuloy na binobomba ng kaaway ang mamamayan kabilang na ang mga biktima ng kalamidad na Pablo.

Kung saan may pang-aapi, may pakikibaka. Kaya sa mga sektor at lugar na pinakainapi ng Rehimeng US-Aquino, naroon din ang pinakamalakas na kilusang masa, na sumusulong nang buong tapang sa kabila ng sopistikado at malakihang-pondong makinarya ng rehimen sa panunupil at panlilinlang. Sa kanayunan, ang umiigting na armadong pakikibaka ay tuwirang nilalahukan ng milyun-milyong mamamayan sa pamamagitan ng pagtataguyod sa hukbong bayan, paggampan ng mga tungkulin sa digma bilang mga kasapi ng milisyang bayan, o tuwirang pagsapi sa papalaking bilang ng regular na pwersa ng Bagong Hukbong Bayan.

Katuwang nito ang sumisiglang kilusang masa sa kalunsuran na isinusulong ng mga manggagawa, kabataan-estudyante, maralitang lunsod, kababaihan at iba pang progresibong sektor ng lipunan. Nabuo mula sa mga kilusang ito ang malapad na kilusang talsik na nagsusulong ng pagpapabagsak ng rehimeng US-Aquino na siya nang nagsisilbing pinakamabigat na kagyat na pasanin ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan.

Inilalarawan sa isyung ito ng ULOS ang masiglang kilusang talsik at ang kilusang masa sa iba't ibang sektor ng lipunan. Ipinakikita ang sukdulang pagkapapet at pagkamapanlinlang ni Aquino sa dulang Panlilinlang ni Penoy ang "Daang Matuwid", at sa awit na Super Itoy. Sa tulang Mailap ay tinatalakay naman ang partikular na isyu ng Bangsamoro at ang kawalan ng kapasyahan ng rehimen na lutasin ang usaping ito. Ang kahirapan ng mga OFW dahil sa Labor Export Policy ng rehimen ang tampok sa kantang rap na Bayani sa Ibayo.

Sa kwentong Bagong Pakikibaka, Bagong Tagumpay, ipinakikita ang matapang na paggigiit ng mga manggagawa sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng no union-no strike policy ng Special Economic Zones. Sa dagling Kandado, inilalarawan ang pagkilos ng mga manggagawa sa minahan, at sa Hacienda ay ipinakita ang makasaysayang pakikibaka ng manggagawa't magbubukid sa Hacienda Luisita sa harap ng matinding panunupil ng angkan ni BS Aquino mismo. Nilalaman ng kwentong Pangako ang matatag na paninindigan at paglaban ng mamamayan sa mga lugar-relokasyon sa Kamaynilaan para sa karapatan sa makataong pamamahay, sa kabila ng sunud-sunod na trahedya at kahig-tukang pamumuhay.

Isang litaw na katangian din ng kilusang masa ngayon ang pagbangon ng mga biktima ng sunud-sunod na bagyo para ipaglaban ang serbisyong ipinagmamaramot dahil sa kriminal na kapabayaan ng Rehimeng US-Aquino. Kitang-kita ito sa dagli na Kumpiskasyon!

Makikita naman sa nakatutuwang dagli na Matatag ang pagtulong ng masa sa isang mandirigma ng BHB na nahiwalay sa yunit sa isang engkwentro. Ipinakikita naman ng tulang Oyayi ng Isang Ina ang pagsusulong ng kababaihan sa armadong pakikibaka na sa kabila ng lungkot sa pagkawalay sa anak ay masiglang tumatanaw sa tagumpay. Ang tagumpay na ito ay patuloy na pinagtitibay ng mga tulang Banta ng Wakas at Katiyakan.

Samantala, matutunghayan sa Mga Alon sa Dagat ng Nakaraan ang karanasan sa kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran ng mga kasama noong mga nagdaang panahon. Ipinakikita sa salaysay ni Ka Oying ang pagsulong ng rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng kilusang magsasaka at armadong pakikibaka na pundasyon ng patuloy na pagsulong ng kanayunan ngayon. At sa mga pagsulong na ito, makikita ang mga tagumpay nang inabot ng mamamayan sa kanayunan kung saan pinakamahina ang kontrol ng bulok na rehimen. Makikita ang kabaligtaran ng korapsyon ng kasalukuyang rehimen sa transparency at mga kampanya laban sa korapsyon sa mga baseng gerilya sa salaysay ni Ka Mateo. Ang matiyagang pag-oorganisa ng mamamayan sa maralitang lunsod sa kwento ni Ka Maximo at ang pagsusustine ng manggagawa sa matagalang welga na salaysay ni Ka Goryo ay nagpapakita ng papalalang kalagayan ng mamamayan mula pa noong panahon ni Marcos hanggang sa panahon ni Aquino. Tulad ng salaysay ni Ka Aleta ukol sa People Power na nagpabagsak sa Rehimeng US-Marcos, ang karanasan ng kilusang talsik ngayon ay durugtong sa mahabang karanasan ng mamamayan sa pagpapabagsak sa mga isinusukang rehimen.

Sana'y makaambag ang isyung ito sa pagbibigay ng inspirasyon at karagdagang sikad sa pagpapatalsik sa kinamumuhiang Rehimeng US-Aquino.

---

JSOTF-P - Joint Special Operations Task Force-Philippines, ang mahigit 500-kataong tropang militar ng US na nakabase sa Camp Evangelista, Zamboanga mula pa noong 2002.

REPORTAHE

# Patuloy na Binibigo ang Oplan Bayanihan ni Aquino: Koresponsal mula Mindanao

ni Ernesto Obrero



Bigo ang Oplan Bayanihan. Bigo ang ipinagmamalaking kampanyang kontra-insurhensya ng Rehimeng US-Aquino na naglalayong durugin ang armadong paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng armadong pagsupil, matinding saywar at pagpapasuko sa NDFP. Sa kampanyang ito, target ng rehimen sa unang yugto na pahinain ang BHB upang maging walang saysay ito hanggang 2013. Pagkatapos ay ipapasa na sa pulis ang mga nawasak na sonang gerilya at lilinisin na ang mga labi nito hanggang 2016.

Ngayon, matapos ang isang taon ng mas pinatinding

ikalawang yugto ng Oplan Bayanihan,walang nawasak ni isa mang larangang gerilya. Sa halip ay patuloy na sumusulong ang mga taktikal na opensiba ng BHB, at patuloy ang masiglang pakikibaka ng mamamayan. Kaya pagpasok sa ikalawang yugto ng pasistang kampanya, sa huling hininga ng Oplan Bayanihan, ay naghabol na padapain sa katapusan ng 2014 ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao. Maliban sa matatagpuan dito ang pinakamasiglang rebolusyonaryong pagkilos kasama na ang pakikibaka ng mga Lumad at Moro, narito rin ang mayamang kalupaan ng mga plantasyon at minahan at lupang ninuno ng mga katutubo na ninanasang kontrolin ng mga imperyalista, panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador.


Noong 2006 sa ilalim ng Oplan Bantay Laya (OBL), hinati ang South Command (SouthCom) sa Eastern Mindanao Command (EastMinCom) at Western Mindanao Command (WestMinCom) para mas mahigpit na masubaybayan ng pasistang militar ang mga lugar ng Mindanao. Ang EastMinCom ang pangunahing tumutok sa lugar na kinikilusan ng BHB samantalang ang WestMinCom ang pangunahing tumutok sa lugar ng Moro. Tuluy-tuloy na pinalaki ang pwersa ng reaksyunaryong militar sa Mindanao, ngunit kinapos pa rin ito para mapigilan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at tuluyang nabigo ang OBL ng Rehimeng US-Arroyo.

Sa pagtatapos ng OBL noong 2010, humigit-kumulang 50 batalyon na katumbas ng 51% ng armadong pwersa sa buong Pilipinas ang nasa Mindanao. Pagkakasa ng Oplan Bayanihan bandang katapusan ng 2010 ay may halos dalawang brigadang pangmaniobra ng Philippine Army ang kinuha mula sa Luzon at Visayas para ilagay sa Mindanao. Kabilang dito ang 701st Brigade mula sa Central Luzon na binubuo ng 69IB, 84IB, at 71IB; ang 46IB mula sa 8th Infantry Division ng Eastern Visayas at ang 68IB mula 2nd Infantry Division ng Southern Tagalog. Kinapos pa rin ito sa kanilang layunin.

Pagdating ng 2014, nakabuhos na ang higit 70 combat battalions ng Philippine Army na binubuo ng maneuver o territorial battalions sa ilalim ng apat na dibisyong impantri at Special Operations Command Forces (Scout Rangers, Special Forces, Light Reaction Forces). Kung idagdag pa ang mga batalyon ng mechanized infantry at ng artilerya at ang bulto ng mga batalyon ng Philippine Marines ng Philippine Navy, aabot sa 60% ng pwersa ng AFP ang nakapakat sa Mindanao. Nasa erya ng BHB ang kalakhan nito, sa mga rehiyon ng Southern Mindanao, Northeast Mindanao, North Central Mindanao, Far South Mindanao at Western Mindanao. Dagdag dito, ang bawat dibisyon ay may sariling Military Intelligence Battalion (MIB), Civilian-Military Operations (CMO) Battalion, Division Reconnaissance Companies (DRC) na katumbas rin ng tig-isang batalyon, at Cadre Battalion na namamahala sa CAFGU at Civilian Armed Auxiliary (CAA).


Kasabay ng lumaking bilang ng pwersang militar ang mas tuminding atake laban sa rebolusyonaryong kilusan. Dumalas ang pambobomba gamit ang artilerya at sasakyang panghimpapawid, kahit sa mga lugar na winasak ng Bagyong Pablo kung saan nagpupunyaging bumangon ang mamamayan mula sa pagkasalanta ng kanilang kabuhayan. Lumaganap ang pamamaslang lalo na sa mga aktibista at lider masang Lumad. Mas malakihan, malawakan at matagalan ang mga kampanya ng pagkubkob at paglipol, at mga operasyong strike na nakapokus sa mga dugtungan ng mga rehiyon, subrehiyon at larangan. EastMinCom ang pangunahing kumukumpas at nagpapakilos sa katumbas ng tatlong dibisyong ipinapakat sa mga kampanya at operasyong militar.

Dumalas ang paggamit ng mga elektronikong kagamitang mula sa US tulad ng drones. Pinarami at pinagbihis ng bago ang mapanlinlang na RSOT o PDT sa ngalan ng Community Organizing for Peace and Development (COPD). Muling binuhay ang malupit na "Alsa Masa" na ang diin ay mga grupong paramilitar na Lumad katulad ng Bagani Force,




Alamara, Lupaca, Sanmatidra, Bulif, Nipar, Salakawan at iba pa.

Sa matinding kampanyang ito, hindi lang ang Partido at hukbong bayan ang tinugis kundi lalo na ang masang magsasaka at mamamayang Lumad. Winasak ng mga pambobomba ang mga tahanan at kabuhayan ng masa at nitong 2014 lamang, mahigit 40 komunidad ang napilitang lumikas dahil sa




matinding militarisasyon. Binulabog ang pag-aaral ng mga bata nang gamiting himpilan ng reaksyunaryong militar ang kanilang mga eskwelahan. Malaganap na dislokasyon, kaguluhan at pananakot ang inihasik ng mga pwersang paramilitar.

Sabihin pa, hindi nagpabaya ang hukbong bayan sa pagtatanggol sa mamamayan. Sa buong lawak ng mga

larangang gerilya sa Mindanao, inilunsad ng lahat ng yunit ng mga regular na pwersang gerilya ang mga taktikal na opensiba na sinagot din ng ibang rehiyon sa labas ng Mindanao.

Nagpursigi ang mamamayan sa kanilang pagkilos, sa pagpapaandar ng mga rebolusyonaryong organisasyon at gubyernong bayan. Ipinaglaban nila ang kanilang mga karapatan sa malaya at mapayapang pamumuhay, ipinagtanggol ang naipundar nang mga serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon, iginiit ang kanilang mga kooperatiba at iba't ibang anyo ng kooperasyon, at mga proyekto para sa kagalingang bayan. Masigla at determinado ang mga kilos protesta mula Mindanao hanggang Maynila laban sa atake ng Oplan Bayanihan.

Nagpapatuloy at lumalakas ang lihim na kilusang masa na mahigpit na nagtataguyod ng armadong pakikibaka. Dumami ang mga taktikal na opensibang inilulunsad ng mga pwersa ng milisyang bayan at mga kwerpong pananggol-sa-sarili na kasabay o hiwalay sa mga opensiba ng regular na pwersa ng hukbong bayan. Sa kalagayan ng matagalang pagpwesto ng mga pasistang militar sa kanilang baryo, organisadong umaalis ang mamamayan sa palibot ng kampo militar at kahit sa buong baryo upang hindi sila magamit na human shield o panangga, at inilalagay sa sitwasyon ang mga pasista na bulnerable sa taktikal na opensiba ng hukbong bayan.

Sa pamumuno ng Partido, natutugunan ng hukbong bayan at rebolusyonaryong masa ang napakahirap na kalagayang idinulot ng tuminding atake ng pasistang militar sa Mindanao. Nagpapatuloy ang pagpapalawak at konsolidasyon ng mga baseng gerilya at sonang gerilya, ang pagpapaunlad ng produksyon at serbisyong panlipunan, at pag-ugnay at pakikipag-alyansa sa progresibong pwersa sa loob at labas ng mga larangang gerilya.

Sa gayon, sa halip na padapain ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao nitong 2014, sumuntok sa hangin ang pasistang militar at binigyan nila ang hukbong bayan

ng dagdag at mas madadaling target para sa mas maraming taktikal na opensiba. Sa halip na gawing walang saysay ang armadong pakikibaka, mas itinulak ng gubyerno ang mamamayan na humawak ng armas at lumaban.

Patuloy na maghahasik ng lagim ang Oplan Bayanihan, at igigiit pa rin nito ang mga panibagong target hanggang 2016. Ngunit sa nalikhang galit ng mamamayan, hindi ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao ang madadapa, kundi madaragdagan lang ng pampako ang naghihintay na kabaong ng Rehimeng US-Aquino.

---

*Sanmatidra - San Fernando Matigsalug Tribal Datus*
*Bulif - Bungkatol Liberation Front*
*Nipar - New Indigenous People's Army for Reform*
*Salakawan - Wild Dogs*
*LUPACA - Lumadnong Pakigbisog sa CARAGA*



# BAGONG PAKIKIBAKA, BAGONG TAGUMPAY

MULA SA PANAYAM KAY KA WILLY ANAKPAWIS




Bakit kailangang iangat sa pulitika ang unyon ng manggagawa?

Kasing tanda ng kilusang manggagawa ang tanong na ito, at sa patuloy na tunggalian ay muli't muli nang pinatutunayan ang sagot. Noong 1866, idineklara ng Unang Kongreso ng bagong tayong International Working Men's Association sa Europa na ang unyon ng mga manggagawa ay "hindi dapat magtuon lamang ng pansin sa 'kagyat na pakikibaka laban sa kapital', hindi magpakalayo sa pangkalahatang pampulitika at panlipunang kilusan ng uring manggagawa; hindi dapat sila magtaguyod ng 'makitid' na mga layunin, kundi magsikap para sa pangkalahatang pagpapalaya ng milyun-milyong aping manggagawa."[1] Sa katunayan, ang pag-aangat ng pakikibakang pang-ekonomya ng manggagawa sa pakikibakang pampulitika

ang isa sa marka ng isang tunay na unyon.

Kahit dito sa Pilipinas, hindi nagpakasapat ang mga unyon sa mga usaping pampabrika lamang. Ang kauna-unahang pederasyon ng mga manggagawa, ang Union Obrera Democratica (UOD) na itinayo noong Enero 2, 1902, ay naggiit ng pangangailangang makibaka kapwa para sa kalayaan mula sa imperyalismong US at para sa pang-ekonomyang kagalingan ng mga manggagawa. Lalo pang umunlad ang kilusang manggagawa nang pamunuan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas, na nagdadala ng makauring pakikibaka para sa pagpapalaya ng manggagawa at ng buong lipunan. Matapang na nakibaka ang Partido Komunista at mga unyong manggagawa na pinamumunuan nito laban sa imperyalismo na noo'y nangolonya sa Pilipinas.

Sa kabila ng mga pagkakamali ng pangkating Lava sa loob ng Partido Komunista, kinatampukan ang kilusang manggagawa ng mabilis at malawakang pagsulong sa tuwing tumatahak ito sa rebolusyonaryo at progresibong landas ng pagkukumbina ng pampulitika at pang-ekonomyang pakikibaka. Sa serye ng pagkilos bago at pagkatapos pumutok ang First Quarter Storm(FQS) ng 1970, hindi nawala ang mga unyonisadong manggagawang nakipagkapit-bisig sa mga kabataang estudyante, at hindi rin nawala sa eksena ang mga welga sa pabrika na nagpanday sa mga kabataan-estudyanteng lumubog sa hanay nila. Sa kabilang panig, ang mga dilawang unyon na itinayo ng gubyerno, ng mga kapitalista at mga kleriko-pasista noong dekada 1950 hanggang 1960 ay patuloy na nagdiin lamang sa usapin ng ekonomya, nagsikap na palabuin ang mga usaping manggagawa, at nakipagsabwatan sa kapitalista para sa diumano'y kapayapaan sa industriya.

Ang tumampok na welga ng La Tondeña noong 1975 sa ilalim ng Batas Militar ay hindi lamang pagkilos para sa pagpapataas ng sahod o laban sa unfair labor practice. Isang daluyong ito ng mga welga mula Tondo, Muntinlupa, Bicutan at Navotas na bumasag sa puting lagim ng diktadurang

US-Marcos. Sa loob ng apat na buwan mula Oktubre 1975, mahigit 200 welga ang inilunsad sa buong bayan na nilahukan ng mahigit 73,000 manggagawa at nag-anak ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino, isang hayag na sentro ng manggagawa. Naging base ito sa pagtatayo ng KMU noong 1980. Buong tapang na ipinaglaban ng KMU ang karapatan ng mga manggagawa hindi lamang sa loob ng pabrika kundi laban sa batas militar sa kabuuan.

Ngunit wari'y nalimutan ang lahat ng ito nang pumalo ang lihis na linya ng insureksyunismong lunsod. Sa pagmamadaling paputukin ang diumano'y "bugso" para sa pangkalahatang insureksyon, kinaligtaan ang masikhay na gawaing pag-oorganisa at edukasyon sa hanay ng manggagawa. Bagkus ay nagdiin sa mga lokal na pang-ekonomyang kahilingan ng mga manggagawa na bagamat mabilis na nakakuha ng suporta ng malawak na masang manggagawa ay mabilis ding nawalan ng hangin pagkatapos ng mga partikular na pakikibaka dahil hindi naiangat ang kamulatan at pagkilos nila tungo sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Sinasalamin ng karanasan ng unyon ng Conduction, Inc.[2] ang mga tunggaliang ito. Ang Conduction, Inc. ay isang pabrikang multinasyunal na gumagawa ng mga elektronikong pyesa para sa mga kompyuter, cellphone, e-passport, awtomatik na kotse, drone at missile. Nakabase ito sa Europa kahit pag-aari ngayon ng isang malaking investment company sa US. Lalong lumalaki ang kita nito tuwing may gera dahil dumarami ang order para sa pyesang ginagamit sa mga kagamitang pandigma ng imperyalista.

Maagang bahagi ng dekada 1980 nang buuin ang unyon dito ng mga teknisyan at mga nasa Quality Control sa tulong ng mga kapwa unyonista sa katabing pabrika. Humarap agad ito sa mga isyu ng sexual harassment at paghingi ng dagdag na sahod. Nang magkaroon ng deadlock sa negosasyon sa CBA noong 1986, nahati ang pamunuan ng unyon, dahil may bahaging gustong maghintay hanggang maresolba ang deadlock

at mayroon namang nagwelga na agad.

Panahon ito ng kalakasan ng kilusang masa sa kabuuan, pati ng kilusang manggagawa, kayat mabilis magkasa ang mga unyon ng welga at iba pang pangmasang pagkilos. Napapalaki ang sahod, at madalas ang welgang bayan.

Noong 1989 ay kumilos ang gubyerno sa pamamagitan ng Batas Herrera para pangalagaan ang interes ng mga kapitalista laban sa malakas na kilusang manggagawa. Kabilang sa mga hakbang na pinagtibay sa batas na ito ang paghihigpit ng mga rekisito sa paglulunsad ng welga at pagbibigay ng solong awtoridad sa kalihim ng DOLE na magdeklara kung ang isang pagawaan ay nasa "National Interest" kaya bawal magwelga. Sa gayon, kagyat niyang ipaiilalim ito sa Assumption of Jurisdiction (AJ) at gagamitin na ang pulis at militar para wasakin ang welga.

Ang Batas Herrera rin ang nagbigay ng ligal na payong sa kontraktwalisasyon. Bagamat nagsimula nang lumaganap ang kontraktwalisasyon sa pagtatatag ng export processing zones o enklabo noong dekada 1970, sa ilalim ng batas militar, umalagwa ito sa buong bayan nang mapagtibay ang batas. Naging pangunahing instrumento ito ng mga kapitalista sa pagwawasak ng mga unyon at pagpapanatili ng mababang pasahod, dahil inilagay sa minorya ang unyonisado. Kahit pa sa titik ng batas ay may layang mag-organisa at magprotesta ang mga manggagawang kontraktwal, sa aktwal ay hindi ito nangyayari dahil napakadali silang tanggalin oras na matunugang nag-oorganisa. May mga manggagawang kontraktwal na sa ahensya pa lamang ay pinapipirma na ng kontratang hindi sila sasapi sa unyon. Ang mga kontraktwal na manggagawa ay walang karapatan sa pagtaas ng sahod, walang mga benepisyo, walang katiyakan sa trabaho at hindi saklaw ng mga tagumpay na ipinagwagi ng unyon sa CBA. Inilalagay sila sa alanganing katayuan na hindi sila itinuturing na empleyado ng kapitalista at hindi rin empleyado ng ahensya.




Mula 1995 hanggang 2005, ang bilang ng mga manggagawang kontraktwal ay lumaki mula 65% tungo sa 78% ng buong lakas-paggawa ng bayan. Ilang malalaking unyon na naapektuhan nito ay ang IBM sa San Miguel Corporation (1,100 na lang ang regular sa 26,000 empleyado), PLDT Workers Union (3,000 ang regular sa 16,000 empleyado), SM Shoemart (1,300 regular sa 20,000 empleyado), NXP (mga 1,000 regular sa mahigit 2,000 empleyado) at PAL Employee's Labor Association (2,500 empleyado ang tinanggal noong 2010 para palitan ng kontraktwal).

Inilipat sa loob ng isang enklabo sa Southern Tagalog ang Conduction, Inc. noong 1995 upang mapakinabangan ng kapitalista ang tax holiday na ibinibigay ng gubyerno batay sa Batas sa Ispesyal na Sonang Pang-ekonomya na pinagtibay noong taong iyon. Sa mga enklabo, na ngayo'y mahigit 250 sa buong Pilipinas at sumasaklaw ng may 33,000 ektaryang kalupaan, ay malayang magnegosyo ang mga dayuhang korporasyon nang wala kahit anong buwis sa loob ng walong taon na tax holiday. Pagkatapos ng holiday, limang porsyento lamang ng kanilang kita ang ibibigay sa pambansang gubyerno, samantalang patuloy na libre ang lahat ng taripa sa piyer, sa pagluluwas-angkat, sa dayuhang personel, at iba pa.

Sa kabila ng napakalaking kita at mga pribilehiyong ito ng mga korporasyon, ang karaniwang taunang sahod ng mga manggagawa rito ang ikalawa sa pinakamababang sahod

kasunod lamang ng Vietnam at malayong mas mababa kaysa China at India. Ipinagmamalaki ng gubyerno na mas mataas naman ito kaysa sa di-makabuhay pamilyang minimum na pasahod ng mga nasa labas ng enklabo.

Pinahihintulutan ang mga kapitalista na sundin ang mga patakaran ng kanilang multinasyunal na mother company kahit ang mga ito'y taliwas sa batas ng paggawa ng Pilipinas. Noong 2011, humigit kumulang 80% ng mga produktong eksport ng Pilipinas ay nagmula sa mga enklabo, na noo'y may 841,000 manggagawa. Pribado ang 41 sa mga enklabong ito tulad ng Gateway Business Park sa General Trias, Cavite na siyang pinakamalaking eksporter; ang Laguna Technopark, Inc. sa Canlubang, at Light Industry and Science Park 1, 2, at 3 sa Cabuyao, Laguna.

Itinatatwa ng mga enklabo ang kanilang "no union, no strike policy", bagamat nakapaskil ito sa mismong tarang-kahan ng ilan. Kalakaran nang kapag ang karapatan ng mga manggagawa ang sinasagasaan ay hindi nakikialam ang gubyerno, samantalang kung interes ng kapitalista ang tinatamaan, agad na iwinawasiwas ang AJ para supilin ang mga manggagawa. Gayunpaman, may mga manggagawang naggiit ng pag-uunyon at kolektibong pagkilos sa ilang pabrika sa Bataan, Laguna at Cavite. Dahil malaki ang unyon sa Conduction, Inc., na umaabot ng halos apat na libo, naigiit nilang makapanatili kahit inilipat sa loob ng enklabo.

Ngunit hindi tumigil ang kapitalista sa pagsisikap na wasakin ang unyon. Ipinatupad nito ang Management Decision Separation Program (MDSP), kung saan ang mga empleyadong sampung taon na sa serbisyo ay pinainan ng kompensasyon para magbitiw. Kahit ayaw pa sana ng naturang mga empleyado, napilitan sila dahil nagpalaganap ng saywar ang kapitalista na ang hindi tatanggap ay haharangin sa gate, at may mga pinapipirmahan pang kung anu-ano. Sa kabilang panig, walang pagpigil ang unyon sa sinumang gustong tumanggap ng MDSP.


kabisyo.com

Kasabay ng pagtatanggal ng mga regular ay nagpapasok ng mga kontraktwal. Ilang departamento ang inilagay sa ilalim ng subcontract. Mula sa 37,000 empleyado sa buong daigdig, pagkatapos ng tatlong taon ay naging 27,000, at sa kasalukuyan ay 24,000 empleyado na lamang. Laluna noong pumalo ang pandaigdigang krisis pampinansya noong 2008, inilipat sa China ang dalawang linya ng produksyon at 2/3 ng manggagawa sa enklabo ang tinanggal. Maging ang mga core process, na kailangang may kasanayan ang gumagawa, ay ipinasa na sa outsourcing, kahit naapektuhan pa ang kalidad. Tinangka pa ng kapitalista na ipatupad ang 12 oras na paggawa sa halip na walo, ngunit matagumpay itong naiprotesta ng unyon. Pagdating ng 2009, maging ang dati nang napagkasunduan sa CBA na taunang taas-sahod ay ayaw ipatupad ng kapitalista.

Nag-downsize ang mga kumpanya ng Conduction, Inc. sa buong daigdig. Sa loob ng enklabo, nag-downsize rin ng mga kagamitan. Pinahina ang exhaust kayat naiipon ang alikabok at singaw ng kemikal sa loob ng pinagtatrabahuan. Pinahihintu-hinto ang aircon, pinaaandar lamang kapag sobra na ang init. Binawasan ang mga ilaw kahit sa mga departamentong kailangang maliwanag ang paglikha ng produkto. Pagtitipid ito upang patuloy na makapiga ng tubo, kahit pa mahirapan ang mga manggagawa. Hindi na pinapagana ang sensors na dapat ay awtomatik na nagpapatigil ng makinarya kung may problema.

Kayat napipilitan ang manggagawang ayusin ito nang manu-mano at kapag natanggal ang bara, biglang umaandar ang makina at naiipit ang kanyang kamay. Ang hazard pay ay hindi ibinibigay sa kabila ng marami nang paghahabol. Kapag tumatawag ng pulong ang grievance committee para sa mga isyu ng kaligtasan at kalusugan tulad ng may nakuryente o hindi makahinga dahil sa singaw ng kemikal, napakabagal kumilos ng kapitalista. Pero kung sa yaring produkto ng manggagawa ay may lumabas na reject, napakabilis magdesisyon ng kapitalista na tanggalin siya.

Dala ng malakas na tulak ng neoliberalisasyon sa buong bayan, lumakas ang kampanya ng mga kapitalista na wasakin ang mga unyon, tulad ng ginawa sa Dolefil at sa unyon ng NAFLU sa piyer ng Maynila noong 2008. Maging sa buong daigdig, lumiit ang unyonisadong manggagawa sa walang humpay na atake ng kapitalista sa organisadong paggawa. Sa US, ang pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal ay nagdulot ng pagliit ng organisadong paggawa mula 33% tungo sa 7% sa loob ng nakaraang tatlong dekada.

Sa harap ng lahat ng bantang ito, nabara ang unyon ng Conduction, Inc. sa mga panloob na tunggalian. Maliban sa di-pagkakaunawaan ng pamunuan kung paano haharapin ang mga suliranin ng manggagawa, may mga pagkilos ang ilan sa pamunuan para manatili sa pwesto kahit dapat nang palitan. Nanatili namang mababa ang antas pampulitika ng nakakarami sa kasapian, at sumusunod lamang kung anong sabihin ng pamunuan. Ang mga pag-aaral ay nalimita sa pamunuan lamang, kailangang may handang pagkain at lost time pay, at ang talakayan ay napako sa maiinit na isyu. Sinisita ng ilang nasa pamunuan ang mga nagbabanggit tungkol sa imperyalismo at neoliberalisasyon, kahit nasa saligang batas na mismo ng unyon ang pagtatayo ng rebolusyonaryong paaralan ng mga manggagawa. Mas malala pa, naging laganap na pananaw ng mga kasapian na kailangan nilang dumalo ng pag-aaral bilang "parusa" kung may nagawa silang pagkakamali sa unyon.

Unti-unting sumingil ang kapabayaan sa pagkokonsolida nang lumitaw na sa ilang pinuno ang mga bulok na gawi. Nagtulung-tulong ang mga mulat na lider unyon at mga organisador sa loob at labas ng Conduction, Inc. at pinalitan ang pamunuan noong 2009. Nilagom ng bagong pamunuan ang kanilang karanasan. Pinag-aralan ang kasaysayan ng unyon, at nakitang bagamat tinulungan sila ng ibang unyon para maorganisa, sa loob ng mahigit dalawang dekada na itinuring sila bilang isa sa mga pinakamalaking unyon sa buong bayan ay hindi sila nakatulong sa pag-oorganisa ng ibang pabrika. Sa kada tatlong taong pakikibaka para sa bagong CBA, hanggang pagsusuot lamang ng itim at pulang T-shirt ang naging pagkilos ng mga manggagawa, walang mga pampulitikang pag-aaral at pagsusulong ng iba pang pakikibaka.

Dumalo ang bagong pamunuan sa iba't ibang pagtitipon ng mga manggagawa at nakipag-aralan sa mga pamamaraan ng pag-oorganisa lalo na sa mga manggagawa mula sa iba pang enklabo sa Central Luzon at Southern Tagalog.

Sa hanay ng kasapian ay naglunsad ng mga kampanya ng pag-aaral sa kilusang unyon at sa pangkalahatang kursong



masa. Inilinaw sa kasapian na kailangan ng unyon ng ibayong pagpapatatag ng paninindigan bilang paghahanda sa paparating na negosasyon sa CBA. Hinimok ang masang kasapian na lumahok sa mga pampulitikang pagkilos sa labas ng planta. Hanggang sa kumilos sa labas ng pabrika ang unyon para tumulong sa ibang pangmasang organisasyon. Sinikap nilang organisahin ang komunidad sa tabing-riles. Binaybay nila ito sa pagbabahay-bahay. Nagpulong-masa sila sa mga komunidad ng manggagawa na malapit sa enklabo. Sa tulong ng ibang progresibong organisasyon, naglunsad sila ng misyon para makapagbigay ng mga serbisyong medikal, dental at ligal. Dahil walang naunang karanasan sa gawaing pag-oorganisa, kolektibo silang nagtatasa tuwing matatapos ang isang gawain. Unti-unti nilang binaka ang nakagawian na ang pamunuan lang ang nag-aaral.

Bunga nito, humigpit ang kanilang ugnayan sa komunidad at may mga manggagawa mula sa ibang pabrika na pumunta sa kanilang opisina para magpatulong sa pagtatayo ng unyon. May mga humingi ng ligal na serbisyo. Kahit kapos sa makinarya at kaalaman, sa kanilang pagsisikap ay nakatulong sila sa pagbubuo ng unyon sa iba pang mga enklabo. May natulungang mapalitan ng progresibo ang dilawang unyon, nanalo sa Certification Election at matagumpay na nakapag-CBA. Mayroon namang dating independyente na tinulungang makasanib sa pederasyon.

Nang tumutulong sila sa ibang pabrika sa mga enklabo, nasalubong nila sa tunay na buhay ang matagal nang pinagtutunggaliang usapin sa katangian ng itinatayong unyon. Mananatili bang independyente ang mga ito dahil sa takot ng masang manggagawa na sumanib sa mga tinaguriang "pula" o "makakaliwa"? Mas mabuti bang maging low-profile at pang-ekonomya lamang para hindi pag-initan ng kumpanya? Ayon sa isa sa mga manggagawa-organisador, "Mas mabuti na affiliated, kasi kahit paano, nangingiyeme ang kapitalista. Hindi totoo na takot ang manggagawa sa red scare, kailangan lang nila ang mag-oorganisa sa kanila. Dapat affiliated kasi

ang ginagawa ng DOLE, sila pa ang nagiging kasangkapan sa pandaraya sa mga certification election."

Ang mahalaga ay may malawak at matatag na gulugod ng brigada ng pulang manggagawa na binubuo ng mga aktibistang pambansa-demokratiko at kasapi ng Partido sa loob ng unyon. Sumigla ang mga lihim na pulong. Umabot sa ilang daan ang nakakuha ng mga pag-aaral sa pangkalahatang kursong masa. Dumami ang kasapi ng Partido sa loob ng unyon.

Naging tuluy-tuloy ang mga hayag na pag-aaral ng mga kasapi ng unyon, hindi tuwing may mainit na isyu lang. Iwinasto ang mga maling pananaw ng kasapian sa pag-aaral, at inilinaw ang kahalagahan nito para sa pagpapalakas ng unyon. Naging bahagi ng mga pag-aaral ang paglilinaw sa imperyalistang patakarang neoliberalisasyon na nagtutulak ng pagbubuwag sa mga unyon. Inilinaw ring hindi ang mga kontraktwal ang kaaway ng mga regular na manggagawa kundi ang imperyalista o kapitalistang nagsasamantala kapwa sa kontraktwal at regular. Bumilis at dumami ang natitipong manggagawa para sa mga pag-aaral, kahit pa ang mga ito ay hindi na ginaganap sa mga resort na aircon tulad ng dati kundi sa mga bahay sa malalayong lugar.

Ang pagpapatatag at pagpapalawak ng kilusang manggagawa sa unyon at karatig ay naging bahagi ng paghahanda sa dumating na bagong negosasyon nang matapos ang CBA noong 2011. Sa panahon ng negosasyon, ipinaggiitan ng kapitalista ang kanyang corporate policy na hindi pwedeng magtaas ng sahod nang mahigit 3.5% sa lahat ng sangay nito sa buong daigdig. Ang hiningi ng unyon ay mahigit pitong porsyento kahit pa sa pagkukwenta nito sa netong kita ng kapitalista ay kaya ang 10%, at naghanda pang mas ibaba ito sa negosasyon para makakuha lamang ng benepisyo ang mga manggagawa. Ngunit nagmatigas ang kapitalista, at ipinasa ang desisyon sa corporate management sa Europa.

Habang nagnenegosasyon ay umabot sa mahigit 300 manggagawa bawat shift ang nagsuot ng itim na T-shirt habang

nagtatrabaho. Dalawang buwan na ay wala pa ring resulta. Nang umabot sa tatlong buwan ang deadlock sa negosasyon sa pagtataas ng sahod, naglunsad ang mga manggagawa ng sama-samang pagkilos. Hindi pwede ang noise barrage dahil sasabihing iniistorbo ang produksyon at magiging dahilan ng pagtatanggal. Kaya naglunsad sila ng mga walang ingay na protesta. Nagsusuot ng mga plakard tuwing lunch break, kung naninigarilyo, o pagkatapos ng shift. Tahimik silang nagpipiket sa harap ng upisina, hanggang sa nakapagmartsa na sa labas ng pabrika, sa loob ng enklabo.

Nakialam ang gubyerno sa nangyayaring tunggalian. Pinakilos nito ang Task Force ng militar at pulis para bantayan ang galaw ng unyon. Bawat pagkilos nila ay dinodokumento, at ipinamumukha sa kanila.

Nang patuloy na nagmatigas ang management sa negosasyon, nagdesisyon ang maraming manggagawang hindi papasok sa mga araw ng pista upisyal, kung saan madalas ay pinag-oobertaym sila. Sa "Araw ng Kagitingan", maraming regular na manggagawa ang hindi pumasok. Ipinagawa ng kapitalista ang kanilang trabaho sa mga kontraktwal upang patunayang kaya nitong tapatan ang mga regular. Napakaraming reject at lalo pang nagalit ang kapitalista. Pagdating ng Mahal na Araw, 25% lang ang pumasok.

Mayo 5 ng hapon, naglipana ang goons at pumasok sa compound ng planta ang 15-kataong RSAF dagdag pa sa mga security guard. Labinlimang sasakyang hindi kilala ang pumusisyon sa parking area. Nagpatawag ang management ng pulong na walang adyenda. Tatatlo ang pamunuan ng unyon na naroon, pang-umaga ang karamihan. Nagtanong sila kung bakit walang adyenda sa pulong, mayroon daw bisita. At walang kaabug-abog silang kinuha ng mga gwardya mula sa kanilang trabaho at dinala sa naghihintay na bus, kasabay ng pagbigay sa kanila ng termination order. Kinabukasan, hindi na rin pinapasok ang iba pang lider ng unyon. Dalawampu't apat na lider ang tinanggal nang walang due process at walang

grievance procedure.

Pinaratangan sila ng illegal strike dahil sinulsulan daw nilang huwag pumasok ang mga manggagawa sa mga araw ng pista opisyal, gayong hindi talaga pwedeng piliting pumasok ang mga manggagawa sa mga araw na ito. Pati ang hindi pagpasok noong Mayo 1, Araw ng Paggawa, ay ipinatong sa kanila. Hindi sila binigyan ng pagkakataong sagutin ang mga paratang.

Kung sa batas ng reaksyunaryong estado, ligal ang kagyat na pagwewelga ng mga manggagawa kapag union-busting o pagwawasak ng unyon ang dahilan, tulad ng napakalinaw na nangyari sa kasong ito. Ngunit dahil nasa enklabo, batid ng mga unyonista na kapag nagwelga ay agad itong ipaiilalim ng DOLE sa AJ na tiyak na papabor sa kapitalista. Liban dito, napakahirap magkasa ng welga na nasa labas ng pabrika ang pamunuan ng unyon.

May ilang lider unyon na naiwan, pero marami sa mga manggagawa ay hindi pa lubos na nakakaalpas sa pagiging palaasa sa pamunuan, dahil sa matagal nang kapabayaan ng pagsasanay sa kanila. May ilang may limitasyon na ayaw magpakilalang lider at kailangan pang patibayin ang loob kayat ang nagagawa lang nila ay pagpapatuloy ng pagpapaliwanag sa mga manggagawa. Handa naman silang dumalo sa mga pag-aaral, kaya itinutuloy ito sa labas matapos ang kanilang shift.

Naipaliwanag sa mga manggagawa na ang laban ng unyon ay hindi lamang para sa tinanggal na 24 kundi laban ng buong manggagawa sa kapitalista na gustong wasakin ang unyon. Na kapag nawasak ang unyon, hindi lang ang pamunuan ang matatanggal kundi ang lahat ng manggagawa ay mawawalan ng lakas na ipaglaban ang anumang interes nila. Winasak nga ng management ang unyon sa ibang sangay nito sa labas ng bayan kahit pa company union ito, dahil dudurugin ang organisadong paggawa sa lahat ng sangay nito sa buong daigdig.

Lalong dumami ang dumalo sa mga pag-aaral. Mahigit

doble ang lumahok sa sunud-sunod na sama-samang pagkilos. Sa loob ng enklabo, ang mga manggagawang bagong labas sa shift ay sumasabay sa aksyong masa ng tinanggal na pamunuan, kasama ang mamamayan ng iba't ibang sektor na nagrarali sa labas. Ang dumalo sa mga pagkilos ay lumaki mula sa ilang daan hanggang mahigit isang libo. Kahit ang panggabi ay dumadalo at may tumatagal sa lugar ng pagkilos.

Nawasak ang pananahimik. Nakaya pang pumasok sa loob ng enklabo ang mga aksyong masa mula sa labas, kahit pa sinasabi ng mga gwardya na ito ay pribadong pag-aari at wala sa ilalim ng batas ng bayan. Mula sa pagpapakilos sa mga manggagawa sa loob ng pabrika, hanggang sa paghimok sa paglahok ng iba pang mamamayan mula sa komunidad at iba pang sektor, sinaklaw ng pagkilos ng unyon ang panawagan sa suporta ng iba pang mga manggagawa at mamamayan sa buong daigdig. Ang lahat ng ito ay nagdulot ng presyur sa kapitalista para pag-isipan ang mga kahilingan ng unyon sa negosasyon ng CBA.

Nagpapatuloy ang Conduction, Inc. sa operasyon nito sa Pilipinas dahil malaki pa rin ang kanilang tinutubo. Ngunit tulad ng ibang kapitalista, patuloy rin nitong sinisikap na buwagin ang unyon upang wala nang pipigil sa ibayong pagpiga ng tubo sa mga manggagawa. Sa ngayon, mahigit isang libo na lamang ang kasapi ng unyon sa Conduction, Inc. at sa term na ito ng CBA ay aabot na sa 2,000 ang mga kontraktwal na manggagawa, na babae ang mahigit kalahati. Nangyayari din ito sa buong bayan, na hindi aabot sa 1.78 milyong manggagawang Pilipino ang kasapi ng unyon at 229,000 lamang ang may CBA.[3]

Kayat sa pagharap sa kapitalista, napagtanto ng mga kasama sa unyon na kahit ang pinakabatayang pang-ekonomyang pakikibaka para sa pagpapataas ng sahod ay hindi maiiwasang maging pakikibaka laban sa kaaway sa uri at laban sa estadong nagpapatupad ng mga batas para suhayan ang mapagsamantalang sistema. At sa ganoong pakikibaka

ay kailangang makipagtulungan ang unyon sa malawak na kilusang pambansa-demokratiko para sa pagpapabagsak ng estadong ito. Muling pinatunayan ang matagal nang ipinakita ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa daigdig na "ang pang-ekonomyang pakikibaka ay makapagdudulot lamang ng pangmatagalang pag-unlad sa kalagayan ng masang manggagawa, at paglakas ng kanilang tunay na makauring organisasyon, kung ang pakikibakang ito ay wastong isasanib sa pampulitikang pakikibaka ng proletaryado".[6] Ang pang-ekonomyang pakikibaka ay dapat iniaangat sa pulitika at naglilingkod sa kabuuan.

Sa tatag ng pagkakaisa ng unyon, sa tulong ng iba pang pampulitikang organisasyon ng mamamayan, at ng anti-imperyalistang kilusang masa sa loob at labas ng bayan, natapos ang CBA ng Conduction, Inc. na mas mataas kaysa inialok na 3.5% ng management, may taunang dagdag-sahod at naibalik ang kalahati ng mga lider unyon na tinanggal, samantalang ang hindi naibalik ay tatanggap ng separation pay. Mga tagumpay itong hindi ganap ngunit tuntungan ng susunod pang mga pagkilos.

Kung may katanungan pa sa pangangailangang iangat sa antas ng pulitika ang pakikibaka ng isang unyon, ang karanasan ng Conduction, Inc. ang sagot. At kailangang tuluy-tuloy pa ang transpormasyon ng mga tradisyunal na unyon tungo sa rebolusyonaryong unyon ng manggagawa.

---

Mga Tala:

1 V. I. Lenin, A PROTEST BY RUSSIAN SOCIAL-DEMOCRATS. 1899.

2 Binago ang pangalan para maingatan ang seguridad

3 Marya Salamat, FROM WAGE FREEZE TO WAGE CUTS: AQUINO GOVERNMENT PILOTS TWO-TIER WAGE SYSTEM, Bulatlat.com, August 10, 2012

4 Lenin: A TACTICAL PLATFORM FOR THE UNITY CONGRESS OF THE R.S.D.L.P., March 26, 1906.

# ANG PANGAKO

Ni Maria Catalonan



Tatlong nilalang silang pinagtagpo ng pangako. Mula sa kanayunang kapos ang kabuhayan sa lupa, napadpad sila sa Kamaynilaan, sa tinumpok na kabahayan ng mga komunidad na nakahilata sa palibot ng mga pagawaan, nakasiksik sa mga estero at eskinita, nakakabit sa ilalim ng tulay, tabing-ilog at gilid-pader sa likod ng matatayog na gusali, nakaupo sa ibabaw ng basura; namumutiktik sa tinatawag na informal settlers.

Si Pidong. Matipuno, makwento, masayahin. Dumating siya sa Kamaynilaan mula sa Bulacan noong 1989 sa pangarap na makapagtrabaho at makapag-aral. Nauna na rito ang kanyang mga magulang at nagtatrabaho na bilang tagapagbukud-bukod ng pebbles na pang-landscaping. Kaya nakituloy na agad siya sa bahay nila sa Area 42, NIA, isang dating maputik na kangkungan na tinambakan at pinatag ng mga tao roon para matirahan. Nakapagtrabaho naman agad

siya bilang tagapagtabas at panggabing security sa patahian ng mga damit. Parang matutupad nga ang pangarap.

Ngunit bago matapos ang taon, ipinagiba ni Mayor Jun Simon ang mga bahay sa Area 42 dahil bagay na ang lugar para sa komersyo. Hindi na kangkungan. Binigyan sila ng Certificate of Award para sa Lupang Pangako, sa Payatas, kaya naging relocatee sila. Nagtalaga ng mga trak na hahakot ng kanilang ginibang bahay para doon itayong muli. Sa Purok 2 ng Payatas kung saan siya nagtayo ng bahay malapit sa sapa, inabutan niyang may isa nang umuusbong na komunidad ng mga relocatee at mga dati nang naroroon.

Hindi pa basurahan ng Kamaynilaan ang Payatas noon. Dahil ito'y malawak na bakanteng lupa na may mga kalsada na rin, may nagtatapon ng basura rito na pribado, mga limang trak na nagdidiskarga ng basura mula sa mga restoran. Kinukuha ng mga tao sa palibot ang plastik, bote at lata; inilalagay sa sako ang kaning baboy, at ang natitirang hindi na mapakinabangan ay sinusunog. Nakalitaw pa ang dalawang kalsada sa gitna, pati ang mga drainage nito. Bagamat may kalayuan din kung lalakarin, mula sa kanyang bahay ay natatanaw ni Pidong ang mga dyip na dumaraan sa kalsada ng Litex, ang pader ng La Mesa Dam, at pader ng subdibisyong Amlac Village.

Sinarhan ang Smokey Mountain noong 1992 kasabay ng pagtigil ng incinerator sa Bacoor at mga tambakan sa San Mateo at Carmona. Lumipat sa Lupang Pangako Phase 2 ang basura ng Kamaynilaan. Sunud-sunod na inihuhulog ng mga nagsipilang trak ang basura sa may bukana ng Visayas Road sa itaas ng dalisdis, at bente-kwatro oras ang bulldozer sa pagtutulak ng basura papunta sa ibaba. At matapos ang dalawang taon, ang dating tinatanaw ni Pidong sa ibaba ay naging bundok nang tinitingala. Mas mataas pa kaysa sarili niyang bahay. Napakalapit na, ilang dangkal na lang mula sa sapa. Kung minsan, sinisiksik ng pison ang mga gilid ng tambakan, tinatawag na cutting, para hindi kumalat. Pero hindi nito napigilan ang patuloy na paglaki at pagtaas ng bundok

sa 30 ektaryang tambakan. Marami na ang nakapansin na walang mga pilote sa gilid ng tambak, at pati mga estudyanteng Hapon na bumisita noong 1994 ay nakapagsabing hindi aabutin ng dekada at guguho ito. Sa panahon ni Meyor Mel Mathay, umabot ng 250 trak ang nagtatambak ng basura dalawang beses kada araw. Mga trak itong pag-aari ng anak niyang kongresman na si Chuck Mathay sa ilalim ng Ren Transport. Bawat trak ay nagbabayad ng P50 sa opisina ng meyor at P30 sa mga upisyal ng barangay. Sa laki ng perang kinikita, hindi na isinaalang-alang ang mahigit limandaang libong mamamayang nasa bingit ng alanganin dulot ng umaalingasaw na tambakang ito.

Kasabay ng pagdami ng basura ang pagdami rin ng relocatee mula sa iba't ibang bahagi ng Kamaynilaan. Sa dami nila, nagtayo na ng eskwelahan para sa kanilang mga anak. Wari ba'y dito rin itinatambak ang mga komunidad na masakit sa mata ng isang gubyernong interesado sa kanilang lupang tinitirikan. At sa kabila ng ginawa nang higanteng basurahan ang lugar, noong 1994 ay isinabatas ang Community Mortgage Program na nagtatakdang magbabayad ang mga relocatee ng P1,500 sa bawat metro kwadrado ng lupang dati ay ipinangakong ibibigay sa kanila. Sumapi si Pidong sa isang organisasyong masa na tumututol dito at sumisingil sa pangako ng gubyerno.

Si Titoy. Balingkinitan, o sadyang yayat ang katawan, sunog ang balat sa maghapong pagkakabilad sa araw. Mangangalahig ng basura. Scavenger kung sa Ingles pa.



Manggagawang-bukid sa Nueva Ecija ang ama ni Titoy. Sa kabila ng malalawak na palayan doon, kulang ang kita

dahil mga panginoong maylupa ang may kontrol sa lupa at napakababa ng ibinibigay na sahod. Kaya nakipagsapalaran siyang magtrabaho bilang piyon sa konstruksyon sa Maynila, dala ang buong pamilya. Inalok siyang magtirik ng bahay sa tabi ng bahay ng kanyang kapatid sa Payatas.

Dalawang taong gulang pa lamang si Titoy noon, at lumaki siyang natatanaw ang malawak na bakanteng dalisdis sa ibaba ng kanilang bahay. Sa kanyang batang mata, nakikita niya ang malawak na damuhang pinagpapastulan ng baka bagamat may mga kalsada. May manaka-nakang nagtatapon ng basura, at isa ang tiyo niya sa mga namumulot ng mapakikinabangan. Limang taon pa lamang siya ay tinuruan na siya ng tiyo niya sa ganitong gawain, para makatulong sa pamilya. Maya't maya'y nawawalan naman ng trabaho ang kanyang magulang, at sa kalaunan ay sama-sama na silang nangangalahig. Hindi na siya nakapag-eskwela. Pitong taong gulang pa lamang nang binuhusan siya ng thinner ng isang mangangalahig at sinindihan habang natutulog sa ibabaw ng tambakan, sa pag-aakalang siya 'yong batang nagnanakaw ng basurang inipon ng iba. Ilang buwan bago siya gumaling sa pagkakasunog na ito, bago nakabalik sa pangangalahig.

Unti-unting dumami ang mga tao nang ilipat sa Payatas ang mga ginibang komunidad sa iba't ibang lugar ng Kamaynilaan, ngunit dumagsa talaga sila nang ilipat ang tambakan ng basura mula sa Smokey Mountain. Nagkaroon ng maraming kakumpitensya sina Titoy sa pamumulot ng basura. Dumami ang bahay sa palibot, at nang tumagal ay mismong sa ibabaw na ng tambakan ang mga kubo. Mga pansamantalang kubo muna ang mga ito na pahingahan ng mangangalahig, pero sa kalaunan ay naging "pansamantagal" at buu-buong mga pamilya na ang nakatira.

Nagtayo na rin ang maliliit na kapitalista ng mga junk shop sa itaas, upang doon na mahugasan ang mga plastik, garbage bag, o bote, at doon na rin ibilad. Kung minsan, sadya man o hindi, nasusunog ang tambakan. Paglapit ng apoy sa mga

kubo, itinutumba lang ang mga ito at inihuhulog sa ibaba ng bundok, at pagkalampas ay kinukumpuning muli dahil mabilis lang naman ang takbo ng apoy.

Hindi sumama si Titoy sa iba't ibang organisasyong umusbong sa komunidad. Magaling, mabilis, siyang mangalahig. Hindi naman kailangan ng mga damit pamporma sa kanyang trabaho. At dahil wala pa namang sariling pamilya, nagkakasya na ang kanyang kita sa sariling gastusin. Ngunit mag-iiba ito sa paglalaho ng pangako.

Si Nelsie. Bilugin ang katawan, may bilbil sa lahat ng bahaging bagay mapaglagyan ng bilbil. Kung hindi sa kalyo sa kamay at sa sunog na balat ay hindi aakalaing mahirap ang kanyang buhay.

Manggagawang bukid sa Samar ang mga magulang ni Nelsie. Tulad ng ibang wala nang mapagtamnan doon, nakipagsapalaran siya sa Maynila. Hanggang nakapagtrabaho siya bilang katulong sa bahay, kung saan nakilala niya ang hardinero ng kapitbahay na naging kabiyak niya. Nang paalisin sila sa Area 42 at ilipat sa napakalayong Payatas, napilitan na silang tumigil sa trabaho, lalo't may maliit na rin silang anak. Nagtrabahong pahinante sa trak ang kanyang asawa, ngunit dahil sa layo ng kanilang tirahan, sa napakalaking pamasahe ay laging kapos ang kita.

Napakahirap ng buhay sa Lupang Pangako. Sabagay, lupa lang naman ang ipinangako, hindi trabaho. Hindi mga serbisyong panlipunan. Kaya walang kuryente at putikan ang daan. Kung minsan nga, nagluluto si Nelsie sa loob ng kulambo dahil kung hindi ay binabalot agad ng makintab na bangaw ang kanin at ulam. At kapag lumalakad palabas, sa kalsadang kadalasa'y hanggang binti ang tubig, kailangang magbaon ng pampalit sa damit na puno ng putik at masangsang na amoy ng basura.

Pinagtiyagaan ni Nelsie ang ganitong kalagayan. Pero hindi nagpakatali sa pangako ang mga taong itinambak dito.

Ipinaglaban at ipinagtagumpay na makabitan ng kuryente at tubig ang lugar. Sa huling bahagi ng dekada 1990, sementado na ang kalsada sa Phase 1 hanggang Phase 4. Lumitaw ang maliliit na tindahan at talipapa. Kahit may bundok ng basura sa tabi, nagmukha nang komunidad na pwedeng mauwian. Hanggang nangyari ang Hulyo 10, 2000.

Gabi pa lamang ay may tumutunog nang parang kumukulo sa ilalim at may sumisingaw na manipis na usok sa isang mahabang bitak ng bundok. Dahil katatapos pa lang ng malakas na ulan, hindi ito pinansin. Naramdaman din ng mga nakatira sa ibabaw ng tambakan ang unti-unting pagpihit ng kanilang kubo, parang lumilipat ang harapan ng pinto.

Alas syete ng umaga, habang naghahanda para pumasok sa trabaho, narinig ng mga tao ang malakas na putok, sabay tibag ng bandang timog-silangan ng bundok. Agad na napuruhan ang Purok 5, at malaking bahagi ng Purok 6, Purok 7, Purok 8, Purok 9 at Purok 10. Nagtakbuhan ang mga tao papalapit upang tumulong. Ang iba'y upang umusyoso. Muling pumutok at natabunan ng tone-toneladang basura ang mga nagsilapit na tao, at sumiklab ang sunog hanggang sa ilang bahay ng Phase 2.



*Isang bahagi ng gumuhong tambakan sa Payatas (arkibong bayan)*

May welga ng transportasyon noon laban  sa pagtaas ng presyo ng langis. Walang pasok ang mga bata, kaya maraming batang natabunan. Mayroon namang ina na nataon lang na may binibili sa lugar na pinangyarihan. Mayroon ding tumatawid lang sa kalsada papunta sa Bicol Village. Isang pamangkin ni Pidong ang sinikap tulungan ng magulang, ngunit inabot ng ikalawang guho at tatlo na silang mag-anak na natabunan. Sampung piye ng basura ang tumabon sa bahay ni Pidong. Wala roon sina Pidong. Kasama niya ang anak sa trak na minamaneho. Nabalitaan na lang nila na wala na silang bahay.

Buti na lamang at walang ikatlong pagtibag dahil patuloy na tumutulong ang mga tao, patuloy na naghuhukay para isalba ang mga mahal sa buhay. Kung saan huling nakita ng isang ama ang kanyang anak ay hindi siya lumalayo ng paghuhukay, at nakuha niya ito nang buhay matapos ang apat na oras. May nasagip matapos ang limang oras, may 12 oras nang nalibing nang buhay sa ilalim ng semento, ng basura, at mga tumbang poste ng kuryente. May nakapasok sa dram kaya nabuhay.

Dalawang daan at walumpu ang namatay at lima ang nakuhang buhay. Sa nahukay na bangkay, 80 ang hindi nakilala. Kalakhan ng namatay ay hindi mga awardee kundi dating mga residente  ng Payatas bago pa ito gawing relocation site.

Nabuhay sina Pidong, Nelsie at Titoy, ngunit natabunan ng isang bundok ng basura ang mga pangako sa kanila. At muling gumawa ang gubyerno ng bagong pangako. Sa Montalban.

Siyam sa labing-isang barangay ng Montalban ang itinakdang relocation site, mula San Isidro, San Jose, at Puray, hanggang sa dulong barangay ng Macabud na dumudungaw na sa Bulacan, malapit sa Tungkong Mangga. Pinaghalu-halo rito ang mga dinemolis sa Payatas, sa North Triangle, Commonwealth Market, Piñahan, sa tabing-ilog ng Pasig, sa

Tondo, San Andres at San Roque. Umabot ng mahigit 25,000 pamilya ang nasa Kasiglahan Village 1 hanggang Village 5 at 6,000 sa Erap City, maliban pa sa Southville. Sa iniwanan nilang lugar itinayo ang magagarang edipisyong walang pahiwatig kung ilang pamilya ang nawalan ng kabuhayan.

Pinangakuan sila ng tulong sa paglilipat, ng bahay at ng trabaho, at kahit may pag-aagam-agam man, wala na ring magawa dahil hindi na sila makabalik sa mga bahay na winasak o sinunog, nakakordon na ang pulis. 'Yon pala, ang pangakong P50 libong tulong ay P20 libo lang, dahil ang natitirang P30 libo ay para sa limang taong deposito sa bahay. Dinatnan nila ang 26 hanggang 29 na metro kwadradong sementadong mga bahay na walang takip ang bintana, walang kisame, walang pinto. Walang ligtas na maiinom na tubig, walang kuryente, walang ospital, walang trabaho. Walang kahit maliliit na lupang matatamnan. At nakapatong sa ibabaw ng West Valley Fault.

Pumasok ang Meralco sa Kasiglahan noong 2001. Ngunit hindi sila kinakabitan dahil walang pambayad na P3,000 bawat bahay para sa clearance ng NHA. Tiba-tiba ang San Jose Builders sa pagbebenta sa kanila ng kuryente sa mataas na presyo. San Jose Builders din ang nagbebenta ng tubig sa presyong komersyal, P25 bawat metro kubiko. Pag-aari ito ng mga Ochoa, pamilya ng Executive Secretary ni Aquino.

Putikan pa rin ang mga daan papunta sa mga eskwelahang primarya sa bawat sityo, na pinupuno ng 80 hanggang 120 mag-aaral bawat kwarto. Iisang guro ang nagtuturo sa bawat batch ng mag-aaral. Mula alas sais hanggang alas diyes ang una, alas dyes hanggang alas dos ang kasunod, at alas dos hanggang alas sais ng hapon ang ikatlo.

Pero pakiramdam ni Nelsie, swerte pa rin siya. Hindi siya namatay sa Payatas. Kahit paano, nairaraos niya ang kanyang pamilya sa paglalabada sa Montalban. Hindi siya natulad sa ibang babae riyan na nagbebenta ng katawan sa mga mangangalahig kapalit ng basurang ikakalakal. Hindi rin

niya naranasan ang dinaraanan ng ibang kapitbahay na kahit Janitor Fish sa ilog ng Montalban ay kinakain, o nabubulok na iladong manok galing sa basurahan na pinagpag at niluto. Mayroon ding ilang napilitang ibenta ang kanilang kidney sa ospital ng FEU. Katulad niya ang karamihan na nagtitiyaga sa P50 bawat araw bilang yaya o labandera. Ang iba niyang kapitbahay ay naglalako ng fishball, nagbebenta ng búlok, nagpapadyak, nagbabakal-bote, o nagtatrabaho sa konstruksyon sa mga subdibisyon nina Manny Villar o ng San Jose Builders. Marami ang nabubuhay sa five-six, nakapagtatayo ng sari-sari store na sa loob ng 45 araw ay nagiging "sara-sara" store dahil hindi na makapagbayad ng utang.

Kaya naman naglipana ang mga magnanakaw at talamak ang bentahan ng droga. Hindi iilan ang natatagpuang bangkay at wala nang ginagawang imbestigasyon kung anong nangyari. Mula Disyembre 2013 hanggang Marso 2014 ay 41 na ang pinatay, tatlo rito ang kasapi ng progresibong organisasyon.

Marami sa mga relocatee ang nagbenta ng kanilang yunit at nagbalik sa pinanggalingan para mapalapit sa trabaho. Sa mahigit 500 pamilyang nagmula sa Payatas, humigit-kumulang 300 lamang ang nanatili sa Montalban.

Nanatili, nagsikap at nanahimik si Nelsie noon. Pero nang malaman niyang lampas kalahati ng kanyang kahig-tukang kita ang sinisingil ng gubyerno sa bahay na dating pangako sa kanila, ay hinanap niya ang militanteng organisasyong masa na tumututol dito. Naugnayan niya ang organisasyon ng mga biktima ng Payatas.

Nang itinigil ang pagtatambak sa Payatas noong 2002 ay binuksan ang limang ektaryang tambakan ng basura sa Lukutang Munti sa kabundukan ng Montalban. Nagpagawa ng kalsadang daraanan ng mga trak. Bago pa man maging tambakan, pinahukay ng kapitalistang meyor ang bato para sa kanyang negosyong quarry. Ang mga magsasakang nawalan ng lupa ay naging scavenger.

Noong 2007, ipinalipat naman ni Gob. Ynares ang basurahan sa Lukutang Malaki, sa 19 na ektaryang tambakan kung saan ipinahakot din muna ang bato para sa kanya ring quarry bago tambakan ng basura. Nag-agawan ang LGU at MMDA, ang gubernador at meyor, bago nakuha ng International Swims ang kontrata para pamahalaan ang itinatambak na 3,500 toneladang basura kada araw. Muli, nawalan ng lupa ang mga magsasaka at naging scavenger. Itinayo ang Montalban Material Recovery Facility para diumano lumikha ng isang milyong trabaho.

Ngunit ipinagagamit lang ang gusali ng MRF kung maganda ang laman ng basura, at kumukuha lang ang Swims ng isang libong kontraktwal na empleyado habang may pinagpipiliang basura. Sa karaniwang araw, pitong libong scavenger ang direktang nangangalahig sa ibabaw ng tambakan, at nagbabayad pa sa Swims para lamang makaakyat doon.

Sa paglobo ng bilang ng mga mangangalahig, na dalawang katlo ang nagmula sa relokasyon, lumitaw rin ang iba't ibang andana ng gawain sa palibot ng basura. Mas mataas sa scavenger ang maliliit na namumuhunang namimili ng kalakal at nagbebenta ng búlok. Mas mataas naman sa kanila ang mga junker, na karaniwan ay taga-ibang lugar at nakabili na ng end-unit sa relokasyon para gawing junk shop. Sa pinakamataas ay nariyan ang management ng MRF.

Lumipat si Titoy sa Montalban dahil hindi na maka-pangalahig sa Payatas. May nagtatapon pa rin ng basura roon pero kakaunti na, at bago pa man makarating sa tambakan ay napagpilian na ng ilang andanang junker sa gilid ng kalsada. Napilitan siyang pumasok sa isa sa mga grupong binuo ng mga junker sa Montalban dahil hindi pinapapasok sa tambakan ang indibidwal. Kailangan niyang kumuha ng ID sa management na ibinibigay lang kung kailan gustong mag-isyu, at iba pa sa ID ng barangay. Napakahigpit dito, pabagu-bago ang patakaran, at ang hindi makapagpakita ng ID oras na sitahin ay hinahabol at ginugulpi ng mga gwardya. Hinihingian din ng



butaw na P10 bawat Lunes ang scavenger para makaakyat sa tambakan.

Walang kapangyarihan ang mga grupong mag-usisa kung saan napupunta ang butaw, na sa pitong libong mangangalahig ay umaabot ng P280,000 bawat buwan. Pondo raw ito para sa mga namamatay, na hindi naman nangyayari buwan-buwan.

Totoo ngang hindi buwan-buwan, pero isang katunayan ng buhay ang kamatayan sa tambakan. Nang unang may naguhuan, isang araw na walang pinapasok, binuldoser ang lugar, at tinambakan ng lupa. Sumunod naman, pitong mangangalahig ang naguhuan, ni hindi man lang napansin dahil abala ang lahat sa panonood sa laban nina Pacquiao at Marquez.

Ngunit hindi na naitago ito nang maguhuan ang apat na mangangalahig noong Abril 19, 2013, dahil nagreklamo ang mga kamag-anak, at dahil may militanteng organisasyon nang itinayo ang mga mangangalahig. Dalawa sa naguhuan ang taga-Montalban, dalawa ang taga-San Mateo. Inutusan sila ng Swims International na kalkalin ang basura sa kalakasan ng ulan para mabuksan ang isang kanal. Nang gumuho ang basura, walang pinalapit na mga kamag-anak at kaibigan para tumulong sa pagsagip sa kanila. Dalawa't kalahating bangkay ang nahukay kinabukasan dahil naputol ng backhoe ang isa at hindi na nakuha ang isa pa, ang kaibigan ni Titoy na si Timboy.

Sampung araw na pinigilan ng Swims ang pag-akyat sa tambakan. Matindi ang gutom ng mga mangangalahig. Namroblema rin ang mga junker dahil sa kanila umuutang ang mga scavenger.

Sumapi si Titoy sa militanteng organisasyon ng mga mangangalahig. Kaalyansa ng organisasyong ito ang iba pang mga grupo, pati mga junker at mga organisasyon sa komunidad. Pinamunuan nito ang mga pulong masa ng mga nawalan ng trabaho at negosasyon sa LGU at sa mga junker. Abril 30, 2013, ala una ng tanghali, binarikadahan ng sanlibong mangangalahig ang kalsada papasok sa tambakan.

"'Pag hindi ninyo kami pinaakyat bukas, pababahuin namin ang buong Maynila."

Kinabukasan ay pinaakyat sila sa tambakan. Kinilala rin ng Swims ang militanteng organisasyon nina Titoy bilang pang-apat na organisasyong pinapayagang pumasok sa tambakan. Ngunit naghigpit ang management. Pwede na lang mangalahig mula alas sais ng umaga hanggang alas sais ng gabi, di tulad ng dati na tatlong shift ang pinagpapalit-palitan ng mga samahan. Nagpatuloy ang pana-panahong pagguho at natatabunan na mga mangangalahig, tulad ng nangyari noong Setyembre at Nobyembre 2013.

Bandang Pebrero 2014, may naatrasan na naman ng bulldozer, ang isa putol ang paa, ang isa patay. Ayon sa management, matigas daw ang ulo, hindi naman empleyado doon kaya hindi alam ang kalakaran. At may natabunan pang muli noong Abril.

Nitong huli, maliban pa sa ID at P10 ay kailangan ng stub na gate pass para makapasok. Kung hindi makikinig sa "aral" ng Iglesia ni Kristo tuwing Sabado, walang akyat ng isang linggo, dahil ibinibigay ang stub pagkatapos ng "aral".

Patuloy na ipinaglalaban ng organisasyong sinamahan ni Titoy na dapat ibalik ang tatlong shift, mapunta ang butaw sa mga samahan sa halip na hawakan ng management, tigilan na ang panggigipit sa ID at ang pandarahas ng mga security guard. Sa harap ng tagumpay, at sa marami pang dapat ipaglaban, sumigasig ang kanyang pagkilos hanggang makadalo siya sa mga pag-aaral ng mga kasamang nasa kilusang lihim at tuluyan

na siyang mapasapi sa organisasyon ng Partido sa lugar.

Ipinagpatuloy din ni Pidong ang pagkilos sa militanteng organisasyong dati na niyang sinamahan sa Payatas. Ipinanalo ng mga biktima ng Payatas ang limang taong moratoryum sa amortisasyon sa NHA. Gayunman, hindi pa rin pinananagutan ng gubyerno ang krimen ng pagtatambak ng gabundok na basura sa tabi ng napakakapal na kabahayan.

Muling nangyari ang kriminal na kapabayaan o ang sukdulang katangahan ng gubyerno nang gawin nitong relocation site ang pinagsasalubungan ng Ilog Puray at Ilog Montalban. Mga ilog itong kahit tag-init ay di kailanman luminaw dahil sa tuluy-tuloy na paggiling ng mga crusher ng quarry sa ilaya. Taun-taon, walang pumipigil sa bwelo ng tubig mula sa mga tinibag na bundok at ang mismong mga kalsada ay nagmimistulang ilog at sapa. Nang magreklamo sila sa lokal na gubyerno na kailangang idraga ang ilog para mabawasan ang baha, itinuro sila sa nasyunal. Bawat reklamo ay pinagpapasa-pasahan ng iba't ibang ahensya ng gubyerno kaya nalibot nila lahat mula sa LGU, sa NHA, hanggang sa Housing and Urban Development Council. Bilang tugon, nagdagdag pa ng mga bahay ang NHA sa mismong pampang ng ilog, kayat mahigit sanlibong bahay ang lumubog hanggang bubong sa panahon ng Habagat noong 2012.

Kahit magkakaiba ang pinanggalingan, organisadong kumilos ang mga binaha at lumipat sa mga kabahayan sa mataas na bahagi ng Kasiglahan na ipinatayo ng NHA mula sa pondo ng DAP at inirereserba raw sa mga relocatee na mula sa lupang sinamsam ng mga Ayala. Matagumpay nilang ipinaglaban ang pagpapakabit ng kuryente sa ilang purok. Sa nabuong alyansa, dinala ang kahingiang i-award sa mga relocatee ang mga bahay, o kung hindi man ay magtakda ng tiyak na upa at huwag nang dumaan sa napakasikot na proseso ng pagiging "rentier".

Nagsusuportahan ngayon ang iba't ibang organisasyon




sa kani-kanilang laban—ang hustisyang hinahabol ng Payatas, ang nawawalang pondo para sa mga tinanggal sa road-widening ng San Andres, ang ipinangakong kuryente at tubig sa mga nagmula sa sinunog na kabahayan sa Tondo, ang napakong pangako ng multi-purpose para sa mga pinaalis sa Piñahan.

Inugnayan din nila at inorganisa ang mga katutubong Dumagat na labindalawang beses nang inilipat ni Meyor ang tirahan, at pinaaalis sa kanilang lugar tuwing may bagong proyekto.

At dumarami pa ang relocatee. Ang mga natirang hindi naguhuan sa Payatas ay dinedemolis pa rin para palawakin pang muli ang basurahan. May lupa para sa basura, wala para sa tao. Gigibain din ang mga bahay para sa road-widening sa itaas ng tambakan, dahil aayusin para sa proyektong biofuel ng PNOC. At sa bawat panggigipit na ginagawa ng mga naghahari, nagiging buhay na aral sa masang itinuring ng gubyerno na basura kung ano ang tunay na katangian ng mga pangako nito.

Nagsama-sama sina Pidong, Titoy at Nelsie sa organisasyon ng mamamayang nakikibaka para sa mga karapatan sa relocation site ng Montalban. Kasama ang kapwa relocatees, ipinaglalaban nila ang katiyakan sa pamumuhay at pamamahay na siyang problema ng malawak na masang tinaguriang informal sector. Sila ang mga karpintero, piyon, latero, kargador, kaminero, alila, yaya, kusinera, labandera, hardinero, agwador, drayber sa padyak, traysikel, trak, konduktor, barker, tindera't tindero sa palengke, maglalako, weyter at weytres, asistant sa talyer, mangingisda, basurero, mangangalahig, mangangalakal—ang

milyun-milyong di-kinikilala na nagpapagulong sa pang-araw-araw na buhay ng kalunsuran kapalit ng kakaunting kita para patuloy na makapaghanapbuhay ang iba.

Sa kanilang mahalagang ambag sa lipunan, ang ganti ng iba't ibang rehimen hanggang kay BS Aquino III ay patuloy silang inililipat-lipat tuwing may magkainteres sa lupang kanilang tinitirikan. Kwarenta porsyento ng mamamayan sa Kamaynilaan ngayon ang nakatira sa mga komunidad ng maralitang lunsod at nagtitiis sa kawalang-katiyakan ng pananahanan. Nasa batas mismo na ang lokal na gubyerno ay tutukoy ng lugar na pauunlarin para sa komersyo at industriya nang walang konsultasyon sa mga naninirahang maralita doon. Centris na ang nakatayo sa dating Area 42 ng NIA. Trinoma ang sa North Triangle, at parking lot ng Bangko Sentral ang sinunog na komunidad sa Piñahan. Nasa dinemolis na komunidad ng Dabu-dabu Reclamation ang marangyang SM-MOA. Muling ililipat sa Maragondon ang mga ipinatapon sa General Trias at sa Carmona upang maitayo roon ang isang special economic zone para sa mga dayuhang kapitalista. Sa San Roque, pinaaalis ang mamamayan para gamitin ng Ayala Land ang lupa. At sa San Isidro, sa may bakod ng La Mesa Dam, ay mahahagip ng itatayong MRT 7 ang relocation site ng Montalban, at nanganganib silang ilipat muli. Ngayon pa lang, tumataas na ang presyo ng lupa at marami na ang nagpaplanong magnegosyo roon.

Sa tuwirang pakikihamok sa mga nang-aapi, napagtanto nilang tatlo, at ng maraming katulad nila, na makakamit lang nila ang tunay na katiyakan sa pamamahay at trabaho kung ibabagsak ang gubyerno ng mga naghahari at itatayo ang gubyernong tunay na maglilingkod sa mamamayan. Kaya sa malawak na relocation area, binubuo ang mga sangay ng Partido sa iba't ibang purok.

Sa kabila ng pagsasadlak sa kanila sa pinakaaba at kapit-sa-patalim na buhay, binibigyang pansin nila ang mga problema ng kanilang komunidad. Sa harap ng gubyernong

lansakan ang pagkamanhid sa kalagayan ng mamamayan na matapos silang pakinabangan sa paglilinis at pagpapaunlad ay inaagaw ang lupang kanilang pinagsikapan at inihahandog sa mga negosyante at dayuhan, naipagpapatuloy nila ang mga pag-aaral at paglahok sa mga pangmasang pagkilos sa mga isyung lokal at pambayan. Kabilang na sila sa mga kasapi ng kilusang lihim na tumutulong sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Kahit pinagsisikapan silang lituhin, bulabugin, at takutin ng dilawang diktadura, kabahagi sila ng mamamayan na nag-oorganisa, kumikilala at tumitindig para sa kanilang karapatan. Kabilang sila sa malawak na masang magbabasura sa isang gubyernong ang tingin sa kanila ay basura.

Ngayo'y binubuklod sila ng isang pangako. Ang pangako nila sa kanilang sarili, sa kanilang pamilya, at sa sambayanan, na ipagpatuloy ang rebolusyonaryong pagkilos upang makamit ang demokrasya, pambansang kalayaan at masaganang pamumuhay para sa lahat.

---

búlok – mga bagay na pinulot sa basurahan na pakikinabangan pa, nililinis, inaayos at ibinebenta

end-unit – ang bahay sa kanto o dulo ng magkakadikit na pabahay sa relokasyon, mas malaki kaysa karaniwang mga bahay sa gitna.

NHA – National Housing Authority, ang ahensya ng gubyerno na may responsibilidad sa pagsasaayos ng pabahay

DAP – Disbursement Acceleration Program, ang maanomalyang pondo ng gubyernong hawak ng presidente at ginagamit sa pork barrel

rentier – ang tawag ng NHA sa mga relocatee na pinayagan nang maging regular na taga-arkila ng bahay. Sa patakaran ng NHA, ang relocatee ay kailangan munang obserbahan sa loob ng isang taon, at kung kumikita na siya ng hindi bababa sa anim na libo bawat buwan ay saka lamang siya magiging regular na rentier. Tatlumpung taon siyang magbabayad sa interes na anim hanggang siyam na porsyento, at pagkatapos nito'y magpapanibagong kontrata kung maaari pa siyang patuloy na manirahan sa bahay o ipauupa na sa iba.

Dula

# Panlilinlang ni Penoy ang "Daang Matuwid"

ni Mayang Andres
mula sa Bangkaw, Disyembre 2014



Tagapagsalaysay:
Magandang araw, magandang araw, mga kasama,
Naririto tayo ngayon sa larangan ng katotohanan
Layunin nating suriin at hatulan,
Ang pagganap ni Aquino sa kanyang pamahalaan.

Matatapos na ang kanyang panunungkulan
at nalalapit na ang eleksyon
Tandaan natin ang kanyang pangako at sinabing,
"Kayo ang Boss ko!

Sa "Daang Matuwid" sabi niya, "kaunlaran siguradong makakamit!"
Sa maglilimang taon, ano na ang nangyari sa "Daang Matuwid"?
Kamusta na kaya ang masang Pilipino, na sabi niya'y kanyang amo?

Ay, palakpak, palakpak na tayong lahat,
At itong debate ay ating simulan!

Penoy:
Ahem, magandang araw, magandang araw mga boss ko!
Nakikita ninyo itong suot kong polo-shirt na yellow?
Kulay ng "Demokrasya" ang tunay nitong simbolo,
Handog ng aking mga magulang sa masang Pilipino!

Masang Pilipino:
Ha? Demokrasya para kanino ang iyong tinuran?
Demokrasya ba ang pagyurak sa pantaong karapatan?
May kapayapaan ba sa militarisasyon sa kanayunan?
May hustisya ba sa patuloy na pandurukot at pagpatay
Sa lehitimong nagpoprotesta at sumusuway?

Penoy:
(Ahem, ahem) Huwag mag-alala, mga boss kong mahal!
4P's ang kalutasan sa inyong pagkaligalig at kahirapan.

Magbubukid 1: (pahihintuin si Penoy)
Sandali lang! Nalilito kami at sa iyo'y nagtataka.
Pabor sa dayuhang kapitalista ang iyong programa,
Matuwid ba ang daan, kung kaming mga magsasaka
Ay nananatiling walang lupa, mababa ang sahod, maliit ang kita
At halos walang ipakain sa aming pamilya?

Penoy:
Ahem, ahem (nag-iisip at nagkamot ng bumbunan)

Magbubukid 2:
Patakarang importasyon ay patuloy mong ipinapataw,
Tuluy-tuloy ang pag-aangkat ng bigas sa Vietnam,

Pati na bawang, gulay at iba pang mga produkto,
Pinabayaan mo ang agrikultura at ang magbubukid na Pilipino!

Penoy:
Ngunit iyan ay sa GATT-WTO napagkasunduan,
Obligado tayong sumunod sa landas ng kaunlaran!
Tiwala ako sa payo ng US-IMF-World Bank
Pag-ikot ng mundo'y sila ang may kapasyahan.

Magbubukid 3:
Pag-unlad? Ganyan talaga mag-isip ang tutang katulad mo!
Sabihin pa, pag-unlad ng dayuhang plantasyon at minahan
At produktong pang-eksport na kanilang kailangan!
Katumbas ang pambubusabos sa masang pinagsasamantalahan!

Kabataang Lumad:
Talagang walang adyenda si Aquino sa aming mga demanda!
Tulad ng dating mga rehimen, kaming Lumad inabandona
Lupang ninuno inihandog sa mga imperyalistang dayuhan
Ginawang plantasyon ng saging at malalaking minahan.

Penoy:
Ahem, ahem ahem (sinasal ng ubo).
Bigyan pa ako ng 'chance' na ipagpatuloy ang administrasyon
Charter Change itutulak para kahirapan maibsan
Lahat ng suliranin ninyo'y bibigyan ko ng kalutasan!

Manggagawa 1:
Ano ka? Ekstensyon ng iyong termino? Manigas ka!
Ang bilyun-bilyong kinurakot sa DAP at Pork Barrel,
Pera 'yan ng masa na inyong ibinulsa!
Ilihis man at pagtakpan ay amin pa ring nakikita!

Manggagawa 2:
Ipinagkait mo ang aming mga kahilingan!
Ilang dekada nang sahod nami'y mababa!
Pero ang presyo ng bilihin ay halos hanggang langit na.

Ngayong taon, Zero Strike ay nilayon mo pa,
Walang tigil ang pangungulata sa aming manggagawa!

Penoy:
Sandali lang, sandali lang. Sobrang hot kayo, ano ba yan!
Ang K+12 di ba mabuti ito at kailangan?
Standard ito ng mga eskwelahan sa iba't ibang bayan,
Kinabukasan itong maningning ng Pilipinong kabataan!

Guro:
K+12 na programa sa edukasyon ay hindi kalutasan.
Kurikulum binago, iniangkop sa pangangailangan ng dayuhan
Pagmamahal sa baya'y inalis, kulturang kolonyal ang pinangibabaw
Kailangan nami'y oportunidad sa trabaho sa sariling bayan
At hindi ang mag-abroad at pamilya'y iwanan!

Penoy:
Ok lang 'yan, mga bagong bayani ng ating panahon,
Ang buwis ninyo'y malaking tulong sa administrasyon!

Kabataang Estudyante:
Mga kurakot sa buwis at pondo ng mamamayan!
Anong kalokohan sa iyong pamahalaan?
Budget Cut sa mga unibersidad at paaralan?
Kongkretong nagkait sa mahihirap na kabataan!

Ina na Maralitang Lunsod:
Hustisya, hindi limos ang aming kailangan
Panlipunang serbisyo para sa disenteng pamumuhay
Sinusunog ang aming bahay, dinidemolis, at itinataboy
Kaming maralita ng lunsod ay wala nang masulingan

Batang lalaking biktima ng Superbagyong Pablo:
Ang ipinagyayabang mong pabahay na parang bahay ng kalapati?
Yung mga inaamag na relief? Nasira ang aming tiyan!
Inyong pinagmamayabang na trabaho'y di namin maramdaman
Muling pagbangon at tunay na kaunlaran ang aming kailangan!




Penoy: (nagalit!)
Ganyan talaga kayong mahihirap — hindi na makuntento!
Kahit pagsang-ayon ko sa EDCA hindi ninyo aprubado,
Kabutihan ng bayan, gamit pandigma'y gawing moderno!
Pinaunlad ang AFP para pahusayin ang pagsiil sa inyo (ay mali!)

Estudyanteng Babae:
EDCA? Modernisasyon ng AFP? Pagtatayo ng base?
Bagong mukha ng agresyon—di mo ba mabalanse?
Gawing pansalag ang Pilipinas, lunsaran sa pakikidigma
Bahagi ito ng pagpapalawak ng kapangyarihang imperyalista

Penoy:
Di ba ninyo ako babatiin sa kapayapaan sa Bangsamoro?
Di ba kayo bilib sa patakaran at programa na aking dinisenyo?
Tinahak ko'y Daang Matuwid, kinulong ang mga pulitikong tarantado
(Syempre para matatalik kong kaibigan ang malagay sa pwesto)
Kung hindi kayo tatahimik, pati bibig ninyo'y ipasesemento ko!

(Pinaligiran na siya ng Masang Pilipino)

Taong Simbahan: (matapang!)
Huwag mo na kaming takutin! Sinungaling ka!
Magbitiw ka na sa pwesto, bumaba ka na!
Hindi na matiis ng mamamayan, demonyo mong pamamahala!

Mga Masang nasa Paligid: (sabay-sabay na magsasalita)
Kayong mga mapagsamantala at mga manlulupig,
Kayo ang nagtuturo sa amin na magrebolusyon!

Batang Lalaki:
Walang patutunguhan at mapagpipilian ang sambayanan!
Ang buhay ng masa palaging nasa bingit ng kamatayan,
Kaya landas ng rebolusyon ang siyang tumpak at kailangan,
Kaysa mabuhay kami na walang paninindigan!

Kabataang Lalaki at Babae ayon sa Piniling Kasarian:
Kung patuloy mong ipagtatanggol ang mga napakayayaman,
Kaming mahihirap ay sasapi sa Bagong Hukbong Bayan!
Aming buhay ay iaalay sa paglilingkod sa sambayanan!
At paglulunsad ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan!

Tagapagsalaysay:
O nakita, 'kita n'yo ang tiyak na patutunguhan ni Aquino?
Sa debate na ating nasaksihan,
Kurap ang gubyerno, sa dayuhan sunud-sunuran,
Pagpapakatuta, korapsyon, human rights violations,
Kapalpakan sa paglutas ng problemang dulot ng kalamidad,
Kriminal na kapabayaan sa pag-aasikaso sa mga biktima
Grabeng pambubusabos! Grabeng pahirap sa mamamayan!
Walang pakundangang pagmimina, logging, pangangamkam
At iba pang anyo ng paninira sa kalikasan!
Nakalatag ang mga batayan:
PATALSIKIN si Penoy,
PATALSIKIN si Penoy!
Isulong ang digmang bayan!

# HACIENDA

Kolektibong likha ng mga Taga-Hacienda

maaaring basahin o bigkasin para sa dulang iglap, sayaw, mime, audio-visual, tableau, pagpipinta ng mural, o kumbinasyon ng lahat ng pormang ito ng pagtatanghal. Maliban sa dalawang Tagapagsalaysay, maaaring magbagu-bago ang mga babasa o bibigkas batay sa bilang ng aktibistang magtatanghal.



TAGAPAGSALAYSAY 1:

Ito'y isang kasaysayang isinulat sa dugo at pawis
Kasaysayan ng panlilinlang at panlulupig
Kasaysayan ng pandarahas ng mga sakim at ganid
Kasaysayan ng pagkakaisa at paghihimagsik

TAGAPAGSALAYSAY 2:

Nagsimula ito bilang pinakamalawak na asyendang tubuhan sa buong Asya, sumasaklaw ng mahigit anim at kalahating libong ektarya sa Tarlac City, Concepcion, at La Paz.

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Dito nagtanim at nabuhay ang aking mga magulang, sa lupang sinakop ng korporasyong Espanyol na tinawag na TABACALERA. Nang ipagbili ng TABACALERA ang Central Azucarera de Tarlac, kasabay na kondisyon nito ang pagbili rin sa Hacienda Luisita. At gusto ng Espanyol ay dolyar ang ibayad sa kanila. Nagkainteres bumili 'yong tatay ni Cory Aquino, si Jose Cojuangco, 'yong senior. 'Yong lolo ng presidente ngayon.

MATANDANG MAGBUBUKID 2:
Mayo 31, 1958 pa iyon nang bilhin ni Don Jose ang asyenda. At Hunyo 25 naman ang asukarera. Pero para magawa 'yon, tinulungan siya ng gubyerno.

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Ng gubyerno!

MATANDANG MAGBUBUKID 2:
Malaki siyang tao, syempre, si Presidente Magsaysay ang ninong sa kasal ng anak niyang si Cory, sila-sila rin naman 'yan. Maraming papeles at resolusyon ang hinabi para matulungan siya.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Tiniyak ni Magsaysay ang bilihan sa pamamagitan ng inaanak niyang si Ninoy Aquino. Ginarantiyahan ng Bangko Sentral ang utang na dolyar ni Cojuangco sa isang bangko sa US. Idineposito ng Bangko Sentral ang bahagi ng reserbang dolyar ng Pilipinas sa bangkong iyon. Sa loob ng sampung taon, iniremit ng Bangko Sentral ang mahigit dalawang milyong dolyar (US$2,128,480) sa Manufacturers' Trust Company sa New York hanggang mabayaran ang Espanyol. Pinautang din ng GSIS si Cojuangco ng pitong milyong piso at tinawag na Tarlac Development Corporation (TADECO)

ang korporasyong nagmamay-ari na ngayon sa dating TABACALERA. Si Ninoy Aquino ang unang administrador nito. Bahagi ng pagpapautang ang kondisyong hahati-hatiin ang lupa sa maliliit na magbubukid sa asyenda sa loob ng sampung taon ayon sa patakaran ng gubyerno sa paglutas sa problema ng nag-aalsang magbubukid.

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Kasama pala kami sa pinag-usapan. Pero hindi ito ipinaalam sa amin noon. Lumang amo, bagong amo, patuloy kaming piniga sa pagtatanim ng tubo para mapunuan daw ang sugar quota ng biniling asukarera.

MATANDANG MAGBUBUKID 2:
Kasi noong panahong ‘yon, nagkakandarapa ang gubyerno sa pagsawata sa naglalagablab na pagkilos ng mga magbubukid sa Gitnang Luzon. Kaya kailangan nilang gumawa ng dagliang hakbang. Marami nga sa kamag-anak namin ang ipinatapon ni Magsaysay sa Isabela. Ipinagpatuloy pa nina Presidente Garcia ang patakarang iyon sa pagpapadala ng mga magbubukid sa Mindanao. Pero kwidaw, huwag kang magpalinlang. Ang sinasabing asyendang hahati-hatiin ay hindi libreng ipapamahagi. Babayaran ito ng mga magbubukid!

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Mula Marso 2, 1967 hanggang Mayo 1978, ilang beses na sinita ng iba’t ibang ahensya ng gubyerno ang korporasyong Cojuangco kung ipinatupad na ba ang paghahati-hati ng lupa. Pero Hunyo 1978 ay sumagot na ang nanay ni Cory, si Doña Demetria Cojuangco, Bise Presidente ng TADECO, na hindi ito maaaring ipatupad.

KORO:
Bakit?

TAGAPAGSALAYSAY 1:
Nagbangayan ang mga kinatawan ng uring naghahari
At ipinagkunwaring pagsusulong sa interes ng api
Hanggang sa pulitika dinala ang pagtutunggali
Agawan sa yama't kapangyarihan ang tunay na nangyari

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Kayat ang mga kondisyong ito'y nabalaho, sinalamangka ng makapangyarihang Cojuangco. Hindi raw maaaring ipatupad ang mga resolusyon ng Bangko Sentral at GSIS dahil walang kasamá sa asyenda, labas ito sa saklaw ng reporma sa lupa ni Marcos, at walang pang-agraryong ligalig sa loob ng asyenda.

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Unti-unti naming nahalata ang ginagawang pandaraya. Napagtanto naming makakamit ang pagbabago hindi sa batas kundi sa lakas ng mamamayan. Binuo namin ang mga lihim na organisasyong magbubukid para palakasin ang aming hanay. Ngunit napakakumplikado, masikot ang mga pangyayari. Inipit ni Marcos si Ninoy; tumulong naman si Ninoy sa mga kasamang pumupunta sa amin. Hindi ba't magkakaroon din ng kaunting luwag ang aming pagtingin?

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Kinasuhan ni Marcos ang TADECO noong 1980. Hinatulan ng hukuman ng Maynila ang TADECO noong Disyembre 1985 na ipasa na sa agraryan ang lupa. Hindi ito nangyari. Natabunan ang bangayan ng mas malalaking pangyayari sa pagbagsak ng rehimeng US-Marcos sa EDSA.

CORY AQUINO SA KAMPANYA SA MAKATI:
"We are determined to implement a genuine land reform program . . . to enable [beneficiaries] to become self-reliant and prosperous farmers."

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Ipinangako ni Cory nang tumakbo siyang presidente na ipamimigay sa amin ang lupa ng asyenda. Tuwang-tuwa kami at sumama pa kami sa hinahakot niyang nagkakampanya sa Maynila. Sino ba naman ang hindi maniniwala? Kasama namin siyang lumaban sa kasuklam-suklam na diktadurang Marcos. Pinatay pa ng diktadura ang kanyang asawa.

CORY AQUINO SA KAMPANYA SA DAVAO:
"Land-to-the-tiller must become a reality, instead of an empty slogan… You will probably ask me: Will I also apply it to my family's Hacienda Luisita? My answer is yes."

MATANDANG MAGBUBUKID 2:
Ngunit nang si Cory na ang presidente, pinatigil na syempre ang kaso. Nakontrol nga ng Cojuangco ang lupa noong panahong kinokontra sila ng mga Marcos, ngayon pa kayang sila ang nasa poder?

KORO:
Kayang-kaya!

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Nilusutan ni Cory Aquino ang kaso sa Regional Trial Court ng Maynila sa pamamagitan ng Stock Distribution Option sa payong ng kanyang CARP. Noong Agosto 1988, itinayo ang Hacienda Luisita Incorporated, o HLI, korporasyon daw na namamahala sa mga lupang komersyal, residensyal at industriyal. Kulang sa limang libong ektarya na lamang ang inirehistrong sakahan, at hindi na ito sakop ng sariling programa ni Cory sa reporma sa lupa dahil ilalagay na sa SDO. Halos isang taon matapos nito, noong Mayo, 1989, saka lang pinapirma ang magbubukid sa isang MOA na pumapayag na sila na maging kasosyo ng TADECO. Sa halip na lupa, tatanggap daw ang magbubukid ng dibidendong mula sa mga sapi nila sa stocks ng asyenda.

MAGBUBUKID 1:
Pumirma ka o hindi ay korporasyon na iyon at hindi na sakop ng kanilang reporma sa lupa. Si Frank Chavez ang Solicitor General noon, na siyang nagtulak na idismis ang ikinaso ni Marcos.

KORO:
Napakalaking panggagantso!

MATANDANG MAGBUBUKID 1:
Paano tayo nalinlang at napapirma? Mahabang panahon nang iminulat at inorganisa tayo ng mga kasama. Mula pa noong batas militar ay kasama na natin sila laban sa diktadura.

MAGBUBUKID 2:
Hindi naman po kasi panlilinlang lamang ang ginawa. May panunuhol at pananakot pa. Buong makinarya ng rehimeng Aquino ang nagtulung-tulong para ipagkait sa atin ang karapatan sa lupa. Nasa Departamento ng Hustisya si Franklin Drilon para sang-ayunan ang pagbabasura ng husgado sa kaso. Nasa Kongreso naman si Peping Cojuangco para ipagtanggol ito sa batas. Nasa DAR na namahala ng botohan sa SDO si Philip Juico, 'yong barkada ni Cory na pinalusot niya sa kasong korapsyon noon sa Bikol. At nakapusisyon po mismo sa loob ng asyenda ang "Yellow Army" ng pamilyang Cojuangco-Aquino, na nanakot at nagpresyur sa magbubukid na pumirma. Dalawang lider ng Alyansang Magbubukid ng Gitnang Luzon na nag-oorganisa sa asyenda para tutulan ang SDO ang naging desaparecidos.

MAGBUBUKID 3:
At ang itinayong unyon ay hawak ng mga tao nina Cojuangco. Ang presidente ay walang ibang ginawa kundi humingi ng dagdag-sahod na hindi naman natutupad. Pero siya, yumaman na. Ang ganda nga ng natanggap niyang pwesto para sa sariling bahay. Apat lang ang kinatawan ng unyon sa board ng HLI laban sa pito ng management, hawak pa nila

ang mga ito.

MAGBUBUKID 2:
Walang silbi sa magbubukid ang ganitong dilawang unyon. Mabubuhay ba naman kami sa arawang sahod na P9.50 matapos kaltasin ang iba't ibang gastos, at tig-isang araw bawat linggo lang kami pinapapasok sa trabaho? Kahit pakitang-tao lang na pagbibigay ng dibidendo para kunwari ay may mga sapi kami, wala talaga. Laging dinadahilan na papalugi ang kumpanya, pero palaki nang palaki ang mga itinatayong mall sa may haywey, at paliit nang paliit ang lupang para sana sakahin namin.

MAGBUBUKID 3:
Kaya itinayo namin ang aming sariling organisasyon. Ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid. Lihim. Rebolusyonaryo. Tunay na para sa magsasaka. Pinataas namin ang aming kamulatan. Pinalakas namin ang aming hanay.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Noong Setyembre 1995, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ng Tarlac sa ilalim ni Gob Tingting Cojuangco ang resolusyon na nagbabago ng klasipikasyon ng mahigit tatlong libong ektaryang lupa ng Hacienda Luisita. Mula agrikultural, ginawa itong komersyal, industriyal at residensyal, para makalusot sa CARP. Inaprubahan ng DAR na ikumbert ang 500 ektarya nito. Habang papaliit ang lupang sakahan, binawasan nang binawasan naman ang araw ng paggawa.

MAGBUBUKID 2:
Kaya binoykot namin ang halalan para sa kinatawan ng board ng HLI noong Setyembre 2003 at naging sunud-sunod ang mga pagkilos. Bago matapos ang taon ay pinalitan namin ang pamunuan ng unyon, at nagpetisyon kami sa DAR na ibasura ang SDO.

MAGBUBUKID 1:
Itinulak na namin noong Hulyo 2004 sa Collective Bargaining Agreement ang kahilingan ng dagdag-sahod at dagdag na araw ng trabaho. Naku, e katakut-takot na harasment ang aming sinalubong.

MAGBUBUKID 3:
Pagbabanta, pananakot. Sunud-sunod na tanggalan. Pinaka-malala noong Oktubre. Mahigit tatlong daang kasapi ng unyon, lalo na 'yong nasa pamunuan, ang tinanggal sa trabaho. Kaya noong Nobyembre 6, nagwelga kami.

KORO:
Welga! Welga! Welga!

MAGBUBUKID 1:
Nagkaisa ang mga manggagawang bukid sa asyenda at mga manggagawa sa asukarera. Limang libong kasapi ng ULWU ang pumakat sa Gate 1, samantalang pitong daang myembro ng CATLU, na naka-deadlock noon ang negosasyon sa taas-sahod, ang pumakat sa Gate 2.

MAGBUBUKID 3:
Dinalhan kami ng maraming pulis. Tinirgas, binatuta, binomba ng tubig. Hindi kami nagiba! Hindi kami natinag!

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Nobyembre 10, 2004, dineklara ni Patricia Santo Tomas ng DOLE ang Assumption of Jurisdiction. Ang pagpapatigil daw sa welga ay nasa pambansang interes. Binalaan ang mga welgista na kung hindi sila aalis sa loob ng limang araw, gagamitan sila ng dahas.

MATANDANG MAGBUBUKID 2:
Nakuha ng mga Cojuangco ang Assumption of Jurisdiction dahil direkta ang linya nina Kris at Noynoy kay Gloria Arroyo na kasanggang-dikit nila noon.

MAGBUBUKID 1:
Bumalik ang pulis noong Nobyembre 15. Napakarami, mahigit 400.

MAGBUBUKID 3:
Pero handa kami. Nagsidating ang mamamayan mula sa iba't ibang sektor, pati ang galing sa sentrong bayan at mga lider ng iba't ibang organisasyong magsasaka. Umabot kami ng apat na libo. Truncheon, bugbog, sipa. Hindi pa rin kami nagiba. Hindi pa rin kami natinag. Ipinakita ng mamamayan ang lakas ng pagkakaisa.

MAGBUBUKID 2:
Kinabukasan, nagpatawag ng pakikipag-usap si Peping sa kanyang bahay sa Makati. Nagsipuntahan doon ang mga lider namin sa unyon. Akala namin ay lumambot na siya dahil sa ipinakita naming katatagan. 'Yon pala, ang tuso, talagang angkan ng demonyo.

MAGBUBUKID 3:
"Tigilan ninyo ang welga, bago nang anumang pag-uusap". Yon lang ang sinabi niya.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
At habang sadyang inipon sa Makati ang mga lider ng unyon, pumasok sa asyenda ang dalawang tangke, pitong daang pulis, 17 trak ng sundalo, may payloader, at apat na trak ng bumbero. At pumusisyon ang isnayper sa limang bahagi ng lugar. Binangga ng tangke at payloader ang nakasarang gate ng asukarera hanggang bumukas ito. Binomba ng teargas at may kemikal na tubig ang mga welgista.

MAGBUBUKID 1:
Lumaban kami sa pamamagitan ng mga bato, patpat at tirador. Sinalo namin ang mga lata ng teargas at ibinaon sa lupa para doon sumingaw. Nang maubos ang teargas at tubig

nila, humihiyaw kami sa tuwa na pumasok sa binanggang gate. Tagumpay!

MAGBUBUKID 3:
Iba pala ang naghihintay sa amin.

(tunog ng mga putok)

TAGAPAGSALAYSAY 1:
Bakit umuulan ng nagbabagang tingga ang langit
Na ang ibinubuhos lamang ng masa ay luha at galit?
Bakit kinitlan ng buhay ang mga naggigiit,
Bata, matanda, babae, magbubukid
Na sumisingil lamang sa karapatang ipinagkait?

O, traydor, o, walang kapantay na ganid!
Pamilyang hanggang ngayon sa poder nangungunyapit
Pangulong walang kasing-sakim at lupit
Kasaysayan mo'y sa dugo iginuhit.


TAGAPAGSALAYSAY 2:
Patay sina Jhaivie Basilio, 20; Jhune David, 27; Jesus Laza, 34; Jessie Valdez, 30; Juancho Sanchez, 20; Adriano Caballero, Jr., 23; Jaime Pastidio, 46. Dalawang daan ang sugatan, 32 ang mula sa tama ng bala at ang iba'y mula sa bugbog. Sa mga sugatan, labing-isa ang bata at apat ang mahigit sisenta ang edad. Mahigit sanlibong bala ang pinawalan ng mga pulis at sundalo. Di kukulangin sa 120 ang dinakip.

BENIGNO SIMEON AQUINO III:
It is an illegal strike. No strike vote was called.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Bago pa man simulan ang masaker, sa pag-aari ni Cojuangco na St. Martin de Porres Hospital malapit sa asukarera, inilipat na ang mga pasyente para makapusisyon ang Army at PNP. Sa gabi pagkatapos ng masaker, pinauwi na ang lahat ng duktor

at personel kahit naroroon pa ang mga bangkay ng minasaker, at kinabukasan ay sinabing positibo raw sa pulbura ang mga naiwang bangkay.

BENIGNO SIMEON AQUINO III:
The military and the police who dispersed the workers were subjected to sniper fire coming from an adjacent barangay… The clash was triggered by gunfire coming from the ranks of the strikers.



MAGBUBUKID 2:
Sinira rin nila ang upisina ng unyon. Lahat, pati kompyuter, giba-giba na. Yung mga file, lahat, wala na kaming inabutan. Sinira rin ang koleksyon ng litrato ng mga dating presidente ng unyon at mga pakikibaka ng manggagawa.

NORTHERN LUZON COMMAND (NOLCOM):
The workers' strike at Hacienda Luisita was the handiwork of the CPP-NPA and a culmination of long months of instigation and propaganda work to get the workers to rise up in arms against the Cojuangcos."

EDWIN LACIERDA, PANAYAM SA ISANG ANIBERSARYO NG MASAKER:
Noynoy regrets the massacre but the mass action was infiltrated. It was started by infiltrators.

KORO:
Mga sinungaling! Sarili nilang krimen sa iba ibinabaling!

MAGBUBUKID 2:
Hindi kami pinanghinaan sa masaker. Kasing halaga ng aming

buhay ang lupang aming ipinaglalaban. Nagregrup kami sa Brgy. Balete para magplano, at nagbalik kinabukasan sa mismong pinangyarihan ng masaker. Doon ibinurol ang mga namatay. Nagtayo pa kami ng picket point sa iba't ibang bahagi ng asyenda.

MAGBUBUKID 2:
Hindi pa rin nakuntento sa masaker ang management. Lalo kaming dinahas. Pananakot, pagbabanta. Pinuntahan pa ni Senador Noynoy at mga goons niya ang kubol ng mga magbubukid at nagpaputok.

Pumusisyon at narito hanggang ngayon sa loob ng asyenda ang buong kumpanya ng 3rd Mechanized Battalion.

KORO:
Isang kumpanya ng sundalo? Para kanino?

MAGBUBUKID 3:
Nagpapatuloy ang pamamaslang.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Disyembre 8, 2004, binaril si Marcelino Beltran sa kanyang bahay bago pa man makatestigo sa Senado tungkol sa direksyon ng mga bala sa masaker.

Enero 5, 2005, binaril sina George Loveland at Ernesto Ramos na nagpipiket sa gate ng Las Haciendas subdivision sa loob ng Hacienda Luisita. Mabuti na lang at hindi sila namatay.
Marso 3, 2005, binaril si Abel Ladera, Konsehal ng Bayan, habang bumibili ng spare parts ng sasakyan. Siya ang tumulong para maiburol sa harap ng gate ng asukarera ang mga biktima ng masaker.

Marso 13, 2005, binaril sa loob ng kanyang sasakyan sa haywey ng La Paz, Tarlac si Father William Tadena, habang papunta sa misa. Masipag siyang nangangalap ng donasyong

bigas para sa piketlayn.

Marso 17, 2005, binaril sa bahay habang nagpapagaling sa sakit sa baga si "Tatang" Ben Concepcion, 67 taong gulang na lider ng Anakpawis sa Pampanga.

MAGBUBUKID 3:
Sa sama-samang pagkilos noong Marso, pinalayas namin ang mga sundalong gumagamit ng aming barangay hall sa Brgy Asturias, Brgy Bantog, at Brgy Mapalacsiao. Pagbalik nila, idinestino na sa Gitnang Luzon ang berdugong Palparan.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Oktubre 15, 2005, binaril si Flor Collantes, sec-gen ng Bayan Muna sa Tarlac, habang naglilinis ng isda sa kanyang karinderya.

Oktubre 25, 2005, binaril ng isnayper si Ric Ramos, presidente ng CATLU, sa loob ng kanyang kubo sa Brgy. Mapalacsiao kung saan siya ang kapitan ng barangay.

Oktubre 26, 2005 ng umaga, binaril sa Angeles City sina Francisco Rivera, lider ng Bayan Muna sa Pampanga, Dr. Dizon at isa pang kaibigan pagkatapos nilang mag-jogging. Kinagabihan, pinatay naman si Federico de Leon ng Anakpawis.

MAGBUBUKID 3:
Sa loob lang ng bente-kwatro oras ay lima na agad ang pinatay! Masusundan pa ito ng maraming krimen ng berdugong Palparan.

MAGBUBUKID 2:
Lalo kaming nagpursigi. Dumami ang organisasyong ligal at lihim. Sa panahon ng welga, sumigla ang mga pag-aaral. Nabalikan namin ang mga lugar na pansamantalang naiwan dahil sa paghahasik ng lagim ni Palparan. Naitayo ang mga

sangay ng Partido. Isinulong ang bungkalan para matamnan ang natiwangwang na lupa. Itinuloy namin ang welga hanggang magpirmahan ng MOA noong Disyembre 8, 2005.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Pinawalang bisa ng Provincial Agrarian Reform Council (PARC) ang SDO noong Disyembre 23 para maisailalim ang HLI sa CARP. Agad namang nagsampa ng rekonsiderasyon ang HLI noong Enero 3, 2006 at noong Hunyo, sinulatan nila ang mga magsasaka na dapat daw wala nang nagbubungkal ng lupa pagdating ng Oktubre.

MAGBUBUKID 1:
Syempre, hindi namin itinigil. Warning ulit. Nobyembre 2009 ay dapat nakarehistro na raw ang lahat ng magbubukid sa HLI. Anong rehistro? Wala pa ang mga Cojuangco, naririto na kami!

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Ibinasura ng Korte Suprema ang isinampang rekonsiderasyon ng HLI noong Nobyembre 22, 2011. Ibinasura ang SDO at pinag-utos na simulan ang pamamahagi ng lupa sa 4,900 ektaryang tubuhan. Tagumpay at panandang-bato ito sa ligal na pakikibaka ng mga magbubukid at bagay na kinahihindikan ng uring panginoong maylupa sa buong bayan, dahil maaaring mangyari rin ito sa kanilang mga lupain, sa kanilang mga SDO. Maliban dito, ipinag-utos din ng Korte Suprema na bayaran ng HLI ang mga magbubukid ng P1.3 bilyon para sa mga lupang ipinagbili ng HLI noong nakaraan, kabilang ang ginawang enklabo ng mga subdibisyon, Industrial Complex at ang mga bahaging ginawang Subic-Clark Expressway. Habang nag-uutos ng pamamahagi, kinilala ng Korte Suprema ang karapatan ng HLI sa "just compensation."

MAGBUBUKID 3:
Hindi nakamit ang tagumpay na ito kung hindi sa mahigpit na pagkakaisa ng mga magbubukid at iba't ibang sektor ng

mamamayang nagtulung-tulong sa pakikibaka laban sa HLI. Ngunit hindi pa tapos ang laban.

MAGBUBUKID 2:
Kahit pa sina Arroyo at Aquino ay may bangayan, pero nagkakaisa sila kung magsasaka ang kalaban. Kung may Corona na nagamit si Arroyo, marami pang ibang tuta ang gagamitin ni Aquino.

MAGBUBUKID 1:
Napakaraming pakana at maniobra ang niluluto ng angkang Aquino-Cojuangco. At nasa poder si Noynoy. Pati si Corona nga pinatalsik. Sa harap ng napakakapal na pwersa ng daan-daang rehiyonal na pulis, SWAT at militar, kasama ang mga trak ng bumbero, pinapirma ang magbubukid ng promissory note na babayaran nila ang lupa sa loob ng 30 taon, habang binabakuran ng TADECO ang mga lupa sa Brgy. Balete at Cutcut. Sinimulan na rin ng 3rd Mechanized Battalion ng AFP ang pagtatayo ng permanenteng company headquarters sa sinira nilang mga palayan ng mga lider magsasaka.

MAGBUBUKID 2:
Pinagbawalan pa ng mga armadong gwardya ng TADECO ang magbubukid na ayusin ang kanilang mga bahay sa Brgy. Balete na winasak ng Bagyong Santi o kahit man lang kunin ang kanilang naiwang mga gamit. Ang mga bahay na nailusot na ayusin ay winasak rin ng mga gwardya pagkatapos.

KORO:
Masahol pa sila sa Bagyong Santi!

MAGBUBUKID 2:
Noong Nobyembre 2013, binugbog ng mga pulis ang mga magbubukid na humaharang sa pagbubuldoser ng kanilang mga palayan at gulayan. Kahit noong nagtipon ang mga magbubukid para gunitain ang anibersaryo ng masaker, pinalibutan sila ng mga armadong gwardya at mga pulis.

Pinaslang si Dennis dela Cruz ng AMBALA sa kalagitnaan mismo ng kanyang mga tanim sa lupang binungkal sa Brgy Balete. Tunay na dinilig ng kanyang dugo ang lupang kanyang buhay. Ang lugar na ito ay pinaderan na ngayon at binabantayan ng mga gwardya ng TADECO at ng 3rd Mechanized Battalion ng AFP.

MAGBUBUKID 3:
Mula Disyembre 12 hanggang 21, 2013, mahigit sandaang ektarya ng lupang taniman sa Balete ang binuldoser. Winasak ang mga kubo ng magsasaka, mga sistema ng patubig, mga palayang bagong tanim at ang malapit nang anihin. Ninakaw pa ang mga hayop at kagamitang pansaka. Pagdating ng Enero, pinalibutan ng TADECO ang 260 ektaryang lupa sa Balete ng kongkretong pader at barbed wire. Ang mga magbubukid na may mga tanim at kubo sa loob ay nagmistulang mga bilanggo, hanggang tuluyan nang winasak ng TADECO ang kanilang mga kubo at pananim.

MAGBUBUKID 1:
Malupit talaga sa tao ang mga Cojuangco. Samantalang ang kanilang mga kabayo at mamahaling pansabong, naka-aircon!

MAGBUBUKID 3:
Patuloy ang pandarakip at pagkukulong sa mga magbubukid, pati na sa ibang mga mamamayang tumutulong sa kanila. Nang-aaresto ang militar kahit sa gitna ng pakikipagdayalog sa DAR.

MAGBUBUKID 1:
Pati mga abugado at madre ng fact-finding mission ay dinakip at kinasuhan!

BENIGNO SIMEON AQUINO III:
'Wag natin ubusin ang capital. Ibig sabihin, meron ding just compensation para naman 'yung dating nagmamay-ari ng lupa

ay hindi mo inaagawan ng lupa, bayaran mo nang tama."

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Sadyang magulo ang ginawa ng DAR na pamamahagi diumano ng lupa. Hanggang 6,000 metro kwadrado lang ang ibibigay sa bawat magbubukid, marami nito'y hiwa-hiwalay pa sa magkakaibang baryo na malayo sa kanilang tirahan. Sa ganitong gulo, ibinubulid ang mga magbubukid sa kalagayang kayang-kaya silang saklutin ng dilawang ahente sa lupa upang kamkamin muli ang lupang kunwa'y naipamahagi na.

Ang nangyayari sa Hacienda Luisita ay hindi nag-iisa sa buong bayan. Libu-libo ngayon sa tinatawag na benepisyaryo ng CARP at CARPER ay nadisloka, o nahaharap sa patuloy na dislokasyon. Sadyang ginawa ng naghaharing uri na inutil ang batas nila sa reporma sa lupa para manatili ang kanilang kontrol sa lupa. Ang kanilang gubyerno at buong makinarya nito ay gumagamit ng dahas at panlilinlang para patuloy na mamayani ang paghahari sa buong bayan.

TAGAPAGSALAYSAY 1:
Mula sa ninuno, sa anak, sa apo
Puro pangako, puro pangako
Di yata nila naiisip na ang mga dinarahas at niloloko
Ay mayroon ding mga ninuno, anak at apo

KORO:
Na magbabalikwas!

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Tuwirang kasangkot ang DAR sa pagpapaalis sa mga magbubukid at paninira ng kanilang pananim. Ang mga aksyon ng DAR noong Hunyo hanggang Hulyo, 2014 ay sumira sa humigit-kumulang 50 ektarya ng palayan at organic na gulay. Hindi man lang nila hinintay na maani o mapitas ang pananim para mapakinabangan.

MAGBUBUKID 1:
Mahigit 600 ektarya na ang aming nabubungkal sa harap ng di hamak na pandarahas ng mga Cojuangco. Marami rito'y napakinabangan at nakatulong sa aming kabuhayan, marami rin ang sinira ng TADECO at ng gubyerno.

TAGAPAGSALAYSAY 2:
Hinarangan ng kababaihang magbubukid ang isang traktora ng DAR na sisira sana sa kubo ng kooperatiba sa Sitio Maligaya, Mapalacsiao noong Hulyo 8. Napigilan ito pero itinuloy ng gubyerno noong Hulyo 27.

TAGAPAGSALAYSAY 1:
Hanggang kailan ang pandarahas? Ilang bahay pa ang mawawasak, ilang buhay pa ang mauutas?

KORO AT LAHAT NG MAGBUBUKID:
Hindi maglulubay ang pakikibaka
Patuloy ang pag-oorganisa
Kahit umalis na ang dilaw na diktadura
Hanggat naririyan pa ang kapwa niya buwaya
At ang mga katuwang nilang panginoong maylupa
Na base ng amo nilang imperyalista
Hindi makakamit ang minimithing lupa
Nililinlang, ginagamitan ng sandata
Magbubukid at manggagawa'y nagkakaisa
Buong mamamayan ay namumulat, sumasama
Matatag na humaharap sa karahasan nila
Kilusang protesta, hanggang pakikidigma,
Sa punglo, kakamtin ang pambansang paglaya!

---

ULWU - United Luisita Workers Union
MOA – memorandum of agreement
Huk – Hukbong Mapagpalaya ng Bayan
CATLU – Central Azucarera de Tarlac Labor Union
AMBALA - Alyansa ng mga Magbubukid sa Hacienda Luisita

Dagli

# Kandado!

ni Luisa Lingtunganay
isinalin mula sa Bangkaw, Disyembre 2014



Nakakandado ang higit sampung tunnel. "Welga Kami!" ang nakasulat sa mga kahoy na nakaharang sa pintuan. Tunnel sa DT Mining ang mga ito, ang kumpanya ng minahan na pinagtatrabahuan ni Marco. Hinto ang byahe ng mga saddam at iba pang kagamitang nagdadala ng saku-sakong bato na may ginto. Nakabarikada sila sa daan ng kumpanya at makikita na sarado ang mga tunnel at satellite na upisina sa bundok.

Sa naririnig ng mga trabahador, nasasaktan na ang



*Mga batang minero sa Mt.Diwalwal (mula sa Pasa Bilis, Agosto 2012)*

kumpanya sa tatlong araw na walang milyones na kita.

"Mga kasama, apat na araw na tayong nakawelga. Ulan, init, uhaw at gutom ang ating nararanasan. Hindi natin ito pinapansin, dahil ang ating layunin at kahilingan ay  ang ating sahod at kamtin ang tamang benepisyo ng mga abantero! Mga kapatid kong abantero, matatag pa ba tayong magpapatuloy?" tanong ni Mang Bino, ang tagapagsalita ng 340 abantero na nagwelga sa DT Mining.

"Mabuhay ang mga abantero! Mabuhay! Isulong ang interes ng mga manggagawa! Isulong!" Ang malakas na ahitasyon ng mga abantero para pasiglahin ang hanay nila.

Tumutulo ang pawis ni Marco habang nakikinig sa pahayag at ahitasyon. Tamang-tama lang sana ang init. Ngunit lantad sila sa araw at mag-aalas 10 na ng umaga. Kauna-unahan niya itong paglahok sa ganitong aktibidad. Disiotso na siya ngayon. Ngunit 10 taon pa lamang, natuto na siyang mangabante. Kahit saang tunnel, sumusuot siya. Natutunan na niyang gumapang tulad ng langgam para makatama ng bina sa ilalim ng lupa.

Tama naman ang sabi ng matatandang abantero na dapat pataasin ang kanilang sahod. Magkano lang ba ang kanilang sahod? Sa kanya'y 200 piso bawat araw dahil kabataan pa. Hirap nga siyang magpadala ng pera sa kanyang mga magulang dahil sa pagkain pa lang, "dollars" na ang presyo sa minahan. Kinse pesos ang isang pirasong itlog. "Hay naku!" hinagpis ni Marco.

Sa kanilang pag-aaral bilang mga trabahador, kaya nga ng kumpanya na kumita ng tatlong milyong piso bawat araw, ngayon pa kayang nagtugma ang kanilang mga tunnel at mga destino? Kasinlaki ng kamao ang natuklasang bina ng ginto. Hindi bababa sa dalawang kilong ginto ang iniaahon kada araw. Higit pa sa tatlong milyon ang kita ng kumpanya, pero ang pasahod sa mga trabahador ay P230 pa rin. Umiiling si Marco. Walang pagdadalawang-isip siyang sumuporta matapos ipaliwanag sa kanya ito ng grupo ni Mang Bino.

“Ano ang armas natin, Mang Bino, mga ordinaryong trabahador lang tayo, di tulad ng ating amo na may kakayahan talagang umupa ng militar at goons? Baka magaya tayo sa ibang trabahador na minasaker!” tanong noon ni Marco kay Mang Bino.

“Tama ka diyan Marco, may armas talaga ang amo natin at kaya nila tayong iharas para ihinto ang protesta. Pero ika-apat na araw na ngayon, hindi naman sila nagtangkang gawin ‘yon. At kung meron man, may makakatulong tayo sa pagharap dito,” ani Mang Bino.

“Hindi maipagkakaila na may ibang gubyernong umiiral dito sa kabundukan. Kung gagamit ng militar o goons ang malalaking negosyante dito sa bundok, ito ay labag sa patakaran ng mga Kasama. Sigurado, kung gagawin ‘yan ng mga negosyante, paaalisin sila dito sa bundok!” ani Mang Koroy, ang naging matalik na tagapayo ni Marco nang nagtrabaho na siya bilang abantero ng kumpanyang ito.

“Tama nga ano?” ani Marco. Nakakita na siya ng mga kasama, mga NPA sa erya. At ipinaliwanag sa kanya kung bakit di mapipigilang makibaka ang masang Pilipino para malutas ang kahirapang dinaranas nila. Sabi nila nasa desisyon at pagkilos ng masang Pilipino ang kanilang kalayaan!

“Ang tangi nating sandata ay ang ating matatag na pagkakaisa. Ang ating tapang. Ang determinasyon na kamtin ang ating mga kahilingan. At ang katotohanang mahapdi sa

isang limatik na kapitalistang di nagpapawis, ang mawalan ng tatlong milyon araw-araw. Oo, mga kasama kong abantero, tres milyones mula sa ating pagpapatulo ng pawis! Todo isip pa siguro sila ngayon kung paano nila tatanggihan ang makatarungan nating kahilingan at hinihintay nilang mapagod tayo at sumuko! Papayag ba tayo niyan?" ang ahitasyon ni Mang Bino sa mga abantero.

"Hindi!" sagot ng mga abantero.

"Mabuhay ang mga nakikibakang abantero! Mabuhay! Mabuhay ang mga manggagawa! Mabuhay!"

May dumating na dalawang sasakyang Strada. Kumikinang-kinang pa. Bagung-bago ang mga ito. Sa isip ni Marco, "Ikaw kaya ang makamina ng isang kilo araw-araw, di ba bibili ka rin ng magagandang sasakyan? Mga ganid!"

Nakilala ni Marco ang mga lumabas sa sasakyan. Si Mr. deLuna, ang Operations Manager ng kanilang kumpanya at si Mr. Ventajar, ang Community Relations Officer na kadalasang tagapagpaliwanag sa mga tao. Nakipagkamay sila sa mga trabahador. 'Mabait' ang kanilang dating.

"Pareng Bino, Pareng Koroy, bakit umabot pa tayo sa ganito? Pwede namang nag-usap na lang tayo tungkol dito," ang sita nila sa mga nagpoprotesta.

"P're, matagal na kaya kaming nagpasabi sa inyo na talagang magpoprotesta kami kung hindi ninyo tataasan nang 30 piso ang sahod ng mga abantero," sagot ni Mang Bino sa dalawang kinatawan ng management.

"Di kami makapaniwalang gagawin ninyo ito sa amin, nagkalugi-lugi talaga ang ating kumpanya sa loob ng apat na araw!" ani Operations Manager.

"Kayo ang nagtulak sa amin, ser!" sigaw ng isang abantero. Matapang.

Pinawisan ang dalawang kinatawan ng management.

"Bakit ba pinaabot pa ninyo P're nang apat na araw bago kami harapin? Pwede namang humarap agad kayo noong unang araw pa lang ng protesta, nagkasundo na sana agad tayo! Hindi naman gan'on kalaking problema para sa inyo itong aming hinihingi, ah. Tataasan lang nang kaunti ang aming arawang sahod. Ang 200 tungo sa 230 at ang 300 tungo sa 330 piso. Di ba makatarungan lang yan? Pareho naman tayong may pamilyang binubuhay, P're. Mabuti nga kayo, malinis ang mga kuko ninyo, ligtas sa disgrasya at maganda ang mga sasakyan sa inyong pagtatrabaho," ang sumbat ni Mang Koroy sa management.

Nakaramdam ng hiya ang Operations Manager. Alam ni Marco, nararamdaman ng dalawang kinatawan ang paghihirap ng mga abantero dahil nagkakasama rin naman sila paminsan-minsan sa loob ng mga tunnel.

"Nagkasakit pa naman ang may-ari ng kumpanya, P're at pinag-aralan pa rin namin ang inyong kahilingan," ang sabi ng Community Relations Officer.

"Kung pinag-aralan ninyo ang aming kahilingan, ano ang sagot ninyo ?" tanong ni Mang Bino.

"Para walang maaksayang panahon, dahil apat na araw nang wala tayong operasyon at kita, pumayag na ang may-ari sa inyong kahilingan. Nabasa naman niya ang sulat-pahayag at kahilingan na ipinadala ninyo noong unang araw. Kinumbinsi rin namin siya. Di rin niya gustong magulo ang kanyang pagnenegosyo dito sa bundok."

"Di rin naman namin gusto na magkagulo tayo, P're. Pero kung ganon pa rin ang inyong asal sa aming mga trabahador na kunwari'y di alam kahit napakalinaw na natimbang na ang ating namina, tapos mababa pa rin ang sahod at kulang kami sa benepisyo, di mapipigilang magkokontrahan talaga tayo P're, at welga ulit ang mangyayari! Isipin ninyo, alam n'yo

namang buhay ang itinataya namin para makakuha tayo ng ginto. Alam din namin ang totoong kita ng kumpanya, laluna kung tumama tayo," ang patuloy na paniningil ni Mang Bino.

Nakita ni Marco ang napahiyang mukha ng dalawang kinatawan ng management. Ngumiti siya. "Tagumpay na talaga kami!" sa isip ni Marco.

"Sige P're, mula bukas, may dagdag nang 30 piso kada araw ang sahod ng bawat trabahador!" sabi ng Operations Manager. Pumalakpak ang mga abantero.

"Pwede na bang tanggalin ang kandado ng mga tunnel, P're?" tanong ng Community Relations Officer.

"Pagkatapos ng pirmahan ng kasunduan, P're, tatanggalin na natin ang kandado. Nandito lang naman sa amin ang susi. Nandito rin ang Konsehal ng Barangay na siyang tagapamagitan at magpapatunay ng kasunduan sa pagsang-ayon ninyo sa aming kahilingan," pakli ni Mang Bino.

"Mabuhay ang nakikibakang abanterong manggagawa! Mabuhay!" dumagundong ang sigaw ng mahigit sandaang abantero sa kabundukan at sa loob ng mga tunnel.

"Mabuhay ang nagkakaisa at nakikibakang abanterong manggagawa! Mabuhay!" Hindi napigilan ang muling sigaw ni Marco, ang sigaw ng kagalakan sa unang karanasan niya sa mapangahas at matapang na kumprontasyon ng manggagawa laban sa kapitalista. Alam niyang tataas ang antas ng kanilang pakikibaka sa hinaharap. Ngunit tulad ng bina ng ginto, pagpapaguran pa talaga ito bago makuha.



# Kumpiskasyon!

ni Paul Estrella

isinalin mula sa Bangkaw, Disyembre 2014




Nakabibingi ang kalampag sa bakal na gate. Higit dalawang libong biktima ng bagyong Pablo ang sabay-sabay na nagpupukpok ng bato sa gate ng main office ng DSWD, ng Davao City.

Klang, klang, klang, Dog, dog, dog. Ting, ting, ting. Klang, ting, dog. Ting, klang, dog.

"Bigas! Bigas! Bigas! Nas'an na ang 10,000 sakong bigas na ipinangako ng DSWD pagkatapos ng barikada sa Montevista!?"

Nagigitgit si Nanay Meling sa kapal ng mga taong sumama sa protesta para muling singilin ang ipinangako ng DSWD. Halos dalawang buwan na ang lumipas, talagang walang pagbabago sa sistema ng gubyernong BS Aquino para lutasin ang problema ng pagkain ng mga biktima ng Pablo. Atrasado at walang natanggap ang nasa malalayo at

liblib na lugar. Marami pang nabigyan ang nagtae dahil bulok na ang ipinamigay.

"Hindi ako nagdadalawang-isip sa aking pagsama sa protesta," pagtitiyak ni Nanay Meling sa kanyang sarili.

Singkwenta anyos si Nay Meling. Sa lahat ng kanyang nilahukang rali at piket, dito naghalo ang nadama niyang pangamba at tapang. Pangamba dahil may batuta ang mga pulis na ipinadala ng lokal na gubyerno ng Davao. Tapang naman dahil alam niyang hindi mali ang kanilang ginagawa. Responsibilidad ng gubyerno na tulungan ang mga biktima ng bagyo.

Disyembre 4, 2012 nang nanalasa ang Bagyong Pablo sa Mindanao. Ito ang pinakamalakas na bagyong tumama sa Pilipinas, bago ng Bagyong Yolanda. Marso na ngayon. Nag-uumpisa pa lang tumubo ang tanim nilang duma. Tatlo hanggang anim na buwan pa bago anihin. Nahirapan silang magsaka agad dahil malalaking kahoy ang bumagsak sa kanilang taniman. Nasira din ang kanilang kasangkapang pansaka at naanod ang iba. Mabuti na lang at nariyan ang Bagong Hukbong Bayan at mga organisasyong masa na gumagabay para magkatulungan sa pagpapanumbalik ng mga sakahan.

Pero sa kabila nito, kailangan pa rin ni Nay Meling at ng kanyang pamilya ng pagkain. At may estudyante pa siya. Sa loob ng anim na buwan, saan nila kukunin ang kanilang kakainin?

"Tama ang mga kasama," sa loob niya. "Sinabi nila sa pulong ng organisasyong masa, pinakamaaga ang dalawang taon para makabangon. Sa panahong yan, tuluy-tuloy na ang mga maisan at palayan at mag-uumpisa nang magbunga ang kape kung magtatanim agad. Ngunit ang kasalukuyang problema ay mula ngayon hanggang sa anihan. Saan namin kukunin ang aming pagkain? Sa aking kapatid na medyo nakakaluwag? Mababalikat kaya niya ang aming pamilya? Dadayo kami sa ibang lugar at iiwanan ang aming sakahan


para magkapera? Magtunnel na lang at papayag sa iniaalok ng minahan?"

"Dahil sa kalamidad ng Bagyong Pablo, baka mapilitan kaming iwanan ang aming sakahan. Tiyak na aagawin ng dayuhang korporasyon ang aming lupain para maging minahan." Sa isip ni Nanay Meling, sa gitna ng trahedya, posible talagang gawin ng naghaharing uri ang lahat ng dagdag na pahirap laban sa mamamayan para masunod lamang ang kanilang makasariling interes.

"Bigas, bigas, bigas!"sigaw ng masa. Hindi namalayan ni Nay Meling, nakapasok na pala sila sa gate. Nagsisiksikan pa rin ang mga tao. Lakad dito, takbo roon.

"Mare, mare huwag humiwalay dito. Sama tayo!" hinatak ni Nay Meling si Nay Elda para di siya matangay ng nagdadagsaang tao.

Isang kabataang estudyante ang nagme-megaphone, "… mga kaibigan, 'andito tayo ngayon na mapayapang nagtitipon. Mapayapang humihiling: Nasaan na ang bigas ng mamamayan? Nasa'n na ang pangako ni Madam Dinky Soliman na dyes mil na sako ng bigas? Nasa'n na ang milyun-milyong relief at tulong mula sa labas? Ibinulsa? Kaninong bulsa!?"



"Sa bulsa ni Pnoy!" sigaw ng isa pang kabataan malapit kay Nay Meling.

"Bigas, bigas, bigas!" patuloy na sigaw ng mga tao.

Nagpatuloy ang kabataan. "Sabi ni Pnoy matuwid na daan? Matuwid ba ang ating

daan? Matuwid ba ang ginawa nila? Hindi! Kinurakot nila ang bigas ng bayan! Sabi ni Pnoy: kayo ang boss ko. Botbot! [kasinungalingan] May boss bang nagugutom? May boss bang kumakalam ang sikmura? Kung boss niya tayo, bakit kahit bigas na para sa atin ay hindi niya ibinibigay?" matapang na talumpati ng kabataang estudyante. Higit pang uminit ang tenga ni Nay Meling.

Lumapit ang mga pulis sa nagsasalita. Kukunin sana ang megaphone. Ngunit kagyat na pinaligiran ng tao ang kabataan. Hindi makalapit ang pulis. Napansin ni Nay Meling na sabay-sabay nang sumugod ang lahat papasok sa bodega ng DSWD. Nasulyapan niya si Nay Elda, ang kanyang kapitbahay at kumare na dati'y nag-aalangang sumama. Itinuturo ni Nay Elda ang kahun-kahong noodles.

'Dali Mare, kunin na natin ang kaya nating buhatin. Andito lang pala sa bodega ang pagkain, kaya pala walang dumarating doon sa atin!" sabi ng kanyang kumare.

Sa bodega, mula sahig hanggang bubong ang nakasakong bigas. Sa tantya ni Nay Meling aabot ito ng sandaang-libo, di pa kasama ang nakakarton. Napakalaki pala ng bodega ng DSWD!

Di na marinig nina Nay Meling ang kanilang boses. Napakaingay ng paligid. Panay ang silbato ng mga pulis. Hinaltak nila ang isang kabataan at pinagbabatuta. Pinupog ng pulis ang kabataan. Sumigaw ang kabataan,"Ser huwag ninyo akong saktan, kailangan lang namin ng makakain! Marami pala ditong pagkain. Bakit hindi ninyo ipinamimigay sa mga biktima ng bagyo! "

Tumulo ang luha ni Nay Meling.

Sa kabila ng ingay ng paligid, pinili ni Nay Meling na pakinggan ang boses ng kabataan na nagpatapang sa kanya. Di na niya naramdaman ang sakit ng kanyang tagiliran habang sinusundot siya ng batuta ng pulis na nag-aabang sa labas

ng gate. Hawak ang kamay ng kanyang kumare, hindi nila binitiwan ang bitbit nilang tig-isang kahon ng noodles.

Hinaltak ng pulis ang isang batang marahil ay nuwebe anyos. Pinalo nila sa ulo ang bata at pumulandit ang kanyang dugo. Agad na pinaligiran ng mga tao ang pulis, iniligtas ang bata, inagaw ang batuta at binugbog ang pulis.

Bang! Bang! Bang! Nagpaputok sa itaas ang mga pulis para pigilin ang paglalabas ng pagkain. Dahan-dahang umatras ang mga pulis sa kanilang kinalalagyan. Tinapatan naman sila ng mga nagpoprotestang di natigatig sa kanilang pagpapaputok.

Tinipon nina Nay Meling sa itinakdang lugar ang nakuha nilang mga kahon ng noodles. Organisado silang sumunod sa oryentasyong pinagkaisahan.

"Mga berdugo!" Narinig ni Nay Meling ang sigaw ng isang kabataan sa nakahanay na mga pulis.

"Mare 'yon pala talaga ang ibig sabihin ng berdugo," sambit ni Nay Meling sa kanyang kumare.


"Yan talaga pala ang tunay nilang kulay kapag nagpursigi tayo na bawiin ang para sa atin."

"Tama ka mare, biro mo, ang daming bigas at mga pagkaing nakakarton?"

Maya-maya, nagkagulo ang kampuhan, dumating ang halos sandaang pulis. Kukunin daw ang kanilang mga ninakaw na pagkain dahil hindi 'yon para sa kanila, para daw 'yon sa mga biktima ng Bagyong Kresing.

Kapitbisig!

Nagkapitbisig ang mga biktima ng Pablo para hindi mabawi ang saku-sakong pagkain na kinumpiska nila. Nagyapak sila para huwag madulas at higit na makapagpondo ng lakas.




Ngunit kalaunan ay nakatagos ang mga pulis. Walang awang kinuha ng mga pasista ang mga pagkain.

“Mga kasama, ngayon ay nasaksihan natin kung gaano kasama ang ahensya ng rehimen sa mga biktima ng Bagyong Pablo. Bulag at bingi pa rin ang regional director ng DSWD sa ating kahilingang makipag-usap sa kanya. Bakit? Natatakot ba silang mabunyag ang ginagawa dito ng DSWD?”

Si Nay Elda, may binulong kay Nay Meling.

“Mare, talagang naunawaan ko na ang lahat, salamat na isinama mo ako. Pasensya na. Noong una, kulang na kulang ang suporta ko sa inyo ha. Hindi ko pa gaanong nauunawaan kung ano ang sinasabi mong pagkilos at pakikibaka. Ganito pala ‘yon.

“Di tayo uuwi, Mare, hanggat wala tayong bitbit na bigas,” bulong ni Nay Elda.

Mahigpit na hinawakan ni Nay Meling ang bisig ni Nay Elda at parang sumpa ng paninindigan na bumulong din, “Di tayo uuwi, Mare, hangga’t wala tayong bitbit na bigas.”

May tatlong dumptruck na dumating na puno ng saku-sakong bigas.

"Mga kasama, nasaksihan, naramdaman at nasaktan sa ginawa ng mga pulis ang maraming nakikidalamhati sa kalagayan nating mga biktima. Nagkaloob sila ng 300 sakong bigas. Mula ito sa iba't-ibang sektor dito sa syudad at karatig. Sumaludo sila sa inyong tapang na ipagsigawan ang inyong karapatan."

Nagpalakpakan ang mga biktima. Salamat sa ating kapwa mamamayan, tiyak silang uuwing may dalang pagkain. Sumanib sa kanilang kagrupo sina Nay Meling at Nay Elda?

"Kumusta Nay Meling, Nay Elda?" ang sabi ni Tay Corro.

"Kumusta rin sa iyo pare?" ang sagot nila.

"Kahit nabugbog mare, balewala ito kumpara sa walang makakain pag-uwi natin. Pasa lang naman ito!"

"Namimihasa lang sila pare dahil malayo ang ating Hukbo. Mapasyal lamang ang mga 'yan doon, sisingilin sila sa mga kaso ng paglabag sa human rights," bulong nila.

"Dagdag na sigla sa ating mga masa ha, walang susuko! Hanggang tagumpay!" pagbati ni Tay Corro.

"Marami pang bugbugang mangyayari, ah. Syur ako nito," biro ng isang masa.

"Magtetreyning na kami diyan, pare, para handa sa bugbugan", ang pangiting sagot ni Nay Meling.

Patuloy silang nakinig sa programang inilunsad ng mga kabataang aktibistang kumakanta ng awiting nagpapasigla sa masa. Nakihalubilo ang mga madre at mga pari, pastor, estudyanteng nakauniporme pa, guro at maraming pang-gitnang pwersa. Ipinahayag nila ang kanilang pagsuporta at pagtataguyod sa mga biktima ng bagyong Pablo. Salamat sa mamamayan! Wala talaga tayong maaasahan sa gubyernong Aquino!

# MATATAG

NI SISA DEL RIO

isinalin mula sa Bangkaw, Disyembre 2014



"Akala ko, iyon na ang aking katapusan. Ang pinanghawakan ko ay kung nasa malubha ka nang kagipitan at wala nang mapagpipilian, kalaban mo na si Kamatayan, dapat gawin mo ang lahat para mabuhay." Ito ang mga katagang gumuguhit sa aking isipan kapag naalala ko ang kwento sa akin ni Ka Lira.

Si Ka Lira, 25 taong gulang, may asawa at isang anak ay isa sa mga estudyanteng mula sa syudad na buong puso't lakas na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Higit dalawang taon na siya sa buhay gerilya kasama ni Ka Kris na kanyang kabiyak. Hindi niya inakala noon na magaganap

ang pangyayaring matagal na rin niyang pinaghandaan. At ngayon pa, na magkahiwalay sila ng platun ni Ka Kris.

Madilim pa nang mapalaban sina Ka Lira. Pati ang buwan ay natakot magpakita sa nag-aalimpuyong palitan ng putok mula sa matataas na kalibreng baril. Nakabibingi. Parang bulalakaw na biglang naglalaho sa kadiliman ang umaapoy na mga punglo.

"Lira, i-switch n'yo na!" Booom! Boooom! Sumambulat ang napakalakas na mga putok ng ilang eksplosibong sadyang inihandang pandepensa sa mga kaaway. Saglit na katahimikan. Maya-maya ay umandar na naman ang M16 at M203 ng mga kaaway.

"Atras na!" ang kumand. Marami sila. Napakadilim. Mahirap magmaniobra. Maliksing kumilos si Lira dala ang kanyang pak, sumabay sa kanyang tim. Bilis pa. Kailangang tumakbo kahit walang nakikita. Takbo pang hindi makabwelo dahil kailangang nakayuko. Hanggat ramdam na may naaapakan ang mga paa't nakakasikad pa ay tumakbo lang. Hinahabol sila ng mga punglo ng kaaway. Minsa'y mahuhulog sa kung anong binagsakan, bangon lang uli. Masakit ang bawat pagbagsak nang di nakikita ang kinabagsakan. Subalit para kay Lira, mas masakit pa rito ang dantaong pagsasamantala't pang-aaping dinaranas ng laksang masa. Bangon, kailangang bumangon, at bawat pagbangon ay laan para sa masa, sa asawa't anak at magulang na naghihintay. Para sa kanila ang mga sakripisyo, para sa kanila ang tagumpay ng rebolusyon.

At biglang nahulog nang may ilang talampakan si Lira. Bagsak niya'y sa tabi ng isang kalsada. Sa unahan ay maingay na tinig ng mga kaaway. Kaya bawal umaray….ingat, ni katiting na kaluskos ay bawal. Maingat na tumayo si Lira, mabilis na tinalunton ang daan papalayo sa ingay ng kaaway. Pumutok uli ang mga baril ng kaaway. Dapa, hinto, makinig, gapang, mayamaya ay takbo uli. Napansin niyang nag-iisa na pala siya. Sa gitna ng ingay at dilim, ibang direksyon pala sa kanyang kagrupo ang napuntahan niya.

Pagod na pagod na si Lira. Nauupos na ang kanyang lakas. Hindi niya alam kung nasaan siya, hindi pa nagpapakita ang silahis ng araw. Hinto muna, maski medyo malapit ito sa tabi ng daan. Pagkatapos burahin ang mga bakas, maingat siyang sumuksok sa ilalim ng nakahigang malaking punongkahoy. Ngunit di nagtagal ay may narinig siyang mga yabag ng combat boots. Papalapit. Ramdam niya'y pinaligiran siya, kay linaw nang pagkakasa ng mga armalayt. "Patay! Nabisto yata ako," naisip niya.

"Lumabas na kayo! Wala na kayong lusot!" Malakas ang sigaw ng kaaway. Pumikit na lamang si Lira, hindi na gumalaw ang katawang nakiwangis sa sanga ng kahoy. Hindi siya lalabas. Tutal, kung talagang nabisto siya ay lalapitan ng kaaway ang kanyang pwesto. Samantala, buong pagtitimpi niyang nilabanan ang masasakit na kagat ng mga itim na langgam na gumagapang sa kanyang buong katawan, pumasok sa kanyang ilong, tenga, na mabuti ay lumabas din. Napakalapit ng kaaway, naririnig niya ang kanilang usapan, halos marinig na niya ang kanilang paghingal. Saglit pa'y nagputukan ng sabay-sabay ang baril ng kaaway, tantya niya'y isang iskwad. Nakabibingi, umuulan ang bala sa kung saan pero hindi tungo sa kanyang kinalalagyan. Maya-maya, muling naramdaman ang papalayong malademonyong mga yabag.

Wala nang lakas si Lira para bumangon. Tanging kaniig niya'y mga langgam na nagawa niyang kaibiganin. Nakatulugan niya ang huni ng mga kuliglig. Binalot ng mga sanga at malalaking dahon, nagmistula siyang sanggol na nakahimlay sa sinapupunan ng kasukalan at tinatabingan ng malalaking baging at matitinik na uway. Ligtas na ba siya rito? Kung anuman, nasabi niya sa sarili, dito lang muna ako.

Nagliliwanag nang magising si Lira. Pero pinalipas muna niya ang isang oras bago bumangon. Sumilip sa labas. Nakiramdam. May awit ng mga ibon. Pagtayo't paglabas niya sa kanyang "lungga" ay inikot ang kanyang paningin at sinuri ang buong paligid. Nakikita pa niya ang burol na

pinangyarihan. Hindi pa pala siya nakakalayo. Dumukot siya ng kendi sa beltbag at isinubo. Iyon lamang ang kanyang pagkain. Lakad na.

Hahanapin niya ang malaking sapa. Nasa gilid ng malaking sapang iyon ang mga organisadong masang magsasaka. Kilala siya ng mga ito dahil may ilang buwan din siyang nakipamuhay  sa kanila, nag-organisa, nakibahagi sa paglutas ng kanilang mga problema at sumama sa kanila sa pagpupundar ng kanilang produksyon.

Lakad, hinto, pakinig ang kanyang ginawa. Minsa'y lakad-takbo. Maingat sa bawat magkakrus na landas at pagtawid sa maliliit na sapa. Ilang oras pa, dumating siya sa isang malaking sapa. Sa wakas, natagpuan niya ang kanyang hinahanap, isang lumang kubo na 20 metro mula sa kanyang kinatatayuang tubig. Palinga-linga siya. Nagtago sa likod ng mayabong na halaman at ilang minuto munang nagmatyag sa paligid. May isang tao na gumagalaw sa loob ng kubo.

Nang akmang lalabas na ito sa kubo, mabilis niyang sinalubong ang tao.

"Kuya!" Nagulat at namuti ang labi ng lalaking tantya niya'y mga 30 taong gulang lamang.

"Kasama. Kilala kita. Ako si Tino." Nanginginig ang tinig. Namukhaan agad ito ni Lira.

"Magtiwala ka sa akin. Ako'y myembro ng Sangay ng Partido. Tuloy ka!"

Pumasok agad si Lira sa kubo, kasunod si Tino na namumutla at nanginginig pa rin."Kadaraan pa lang ng mga sundalo rito. Marami sila. H'wag kang mag-alala, ligtas ka dito." Habang nagsasalita ay naghain siya. Inihapag sa sahig ang pinggan ng malamig na kanin, luto nang malalaking hipon at malaking hiwa ng paksiw na igat.

"Kumain ka para manumbalik ang 'yong lakas. Hindi ka

pa kumakain, ang layo nang 'yong nilakbay." Sa pagkakataong iyon, tiyak ni Lira na nasa mabuti siyang mga kamay.

Hindi pa natatapos sa pagkukwento ay pinahinto na siya. Wika ni Tino, "Mabuti pa'y dalhin kita roon sa kabilang sityo, mas ligtas ka roon."

Pagdating sa tinurang sityo, mahigpit na niyakap si Lira ng kababaihan. Alam na nila ang pangyayari, alam din nilang si Lira ay ipinahahanap ng mga kasama. Nakahanda na nga ang isang grupo para pumunta sa munisipyo't kampo militar. May isang tim na rin ng mga lalaking gumagalugad sa kagubatan. Pinagpahinga nila si Lira. Kinabukasan, inihatid na siya sa kampo ng BHB.

Maramdamin ang pagkikita ni Lira at ng kanyang inang di nag-aksaya ni isang minuto mapuntahan lamang siya, "Anak, tama na. Tama na ang buhay na ibinuwis ng 'yong ama para sa rebolusyon. Umuwi ka na lang, kailangan ka ng anak mo."

Ngumiti lang si Lira. Ikinuwento kung paano siya tinulungan ng mga magsasaka. Sinabi niya sa ina, matalas ang mga salita ng masa na tumarak sa kanyang puso: "Kas, kailangan ka namin dito, sana hindi ka nadala sa mga pangyayari, sana'y dito ka pa rin kikilos."

"Ma, mas kailangan nila ako. Di ba tama naman ang aking tinatahak?"sabay ngiti sa ina na hindi agad nakasagot.

"'Yan na ba talaga ang iyong desisyon?"

"Opo", sagot ni Lira.

Mahigpit na yakap ang iginanti ng ina.

"Magpakabuti ka anak. Ako na ang bahala sa bunso mo." At magiliw silang nagkwentuhan tungkol sa nakatutuwang mga eksena sa mabilis na lumalaking anak na lalaki ni Lira.

# BANTA NG WAKAS

Ni Isagani Dela Guerra



Bayan, tayo ay magbanta, ang wakas ay ipapasya
Daang mat'wid, na malubak, di ba't ilusyo'y tapos na?
Kay nipis na nga ng hiblang pagitan ng galit, gutom
Nagngingitngit na ang pwersa ng kamaong ikinuyom

Tayong pinagnanakawan, tayo ngayo'y magbanta
Sa baboy-ramong kawatan, t'yaking di 'yan makawala
Silang nagpakatihaya sa kama'y milyong salapi
Habang sa aspaltong banig, nahandusay ang binigti

Tayong pinagtutubuan, tayo ngayo'y magbanta
Sa makinang pumipiga, pawis lamang ang sa dukha
Na sikmura'y humahapdi, at leeg ay sakal-sakal
Ng mga presyo't singilin ng mga d'yos ng kapital

Tayong kinakamkaman ng lupang nililinang
Magbanta sa asenderong reporma ay kahungkagan
Silang sa yama'y garapal, sakaha'y pinagharian
Ang tumatangan ng karit, nagbabakwit, pinapaslang

Tayong isinasantabi sa hagupit ng delubyo
Panagutin ang inutil, kampon nya'y pawang palalo
Silang pinagmasdan lamang, nabangkay sa guho't burak
Dinarambong pati tulong, pag-asa ang sinasadlak

Tayong pinagtataksilan, tayo ngayo'y magbanta
Sa agilang mandaragit, lupai'y ginagahasa
Lagim ang inihahasik nitong sandatahang tuta
Utos ng salamangkero'y susundin nang walang awa

Bayan ngayo'y nagbabanta, ang sukdula'y dumating na
Hindi na hihintayin pang kusang mapatid ang hibla
Ang kamaong nakakuyom sa sakit, pait at galit
Ngayon ay nagpupumiglas, patungo sa pulang langit

Kaya bayang nagbabanta, sa hibik ay magkaisa!
Papulahin ang lansangan, padagundungin ang martsa
Pag-alabin ang larangan sa aklasa't digmang bayan
Itong dilawang rehimen, ganap na nating wakasan!



# MAILAP

ni Karlo Kanuyos



Kapayapaan sa ati'y tunay bang mailap
o sadyang ipinagmaramot kayat di maapuhap?
Kayong iilang sukdulan na ang kasakiman,
manginig kayo't laksa'y nagpupuyos, naninindigan.

Inyong kahungkaga'y malaon nang bistado,
kayong ganid sa poder, baya'y ipinagkanulo;
sa pangako at talumpati, animo'y santo,
nag-aastang malinis, kaluluwa'y sa demonyo.

Nagbigay raw ng panahong kapayapaa'y mamayani,
ngunit sa litanya ng dalit, ito ba'y mangyayari?
naglagdaang panig, kinakatawa'y kaninong tinig?
Sa kasunduang binuo, kaninong batas ang mananaig?

Marso 27, 2014: umulan ng papuri't palakpak.
Puting kalapati, huwag sanang matungi ang pakpak
o kaya'y hapuin at sa lupa bumagsak,
Aba na nga, o aba, sa lusak pa sasadsad!

Dahil kung kasaysayan ng Moro'y babalik-aralan,
Panahon pa ng Espanyol, wala nang katarungan.
Sa 24-taong ARMM, sino ang nakinabang?
Hanggang ngayo'y abstrakto pa ang katagang kalayaan.

Sukdulang kahibangan ang magalak sa satsat.
May palamuti man, huwad ay huwad; salat ay salat.
Palitan man ng pangalan at lansihin sa kunwa,
1996 at 2014, FAB naging CAB, ano ba ang naiba?

Peace talks ni Abnoy na ipinagmamayabang
Matatamasa ba sa isang malapyudal na lipunan?
Buwitre'y mabalasik, patuloy na namumugad,
Katiyakan sa mundo'y dinadagit ang sawimpalad.

Kung tagumpay nga ngayon, sana'y di maunsyami,
at baka agunyas, pambungad na bati;
Kapayapaa'y iginigiit, hindi hinihingi!
Ito'y pagbabalikwas, paglaya ng api.

Anumang tunggalian, paghihintay ay di sapat,
Dapat ay akmang pagkilos, tugmang paglalapat;
Anumang kulay, lahi at uring kinalakhan,
mulat na lumalahok sa epiko ng digmaan.

Bangsamoro karamiha'y magsasaka rin,
Mga manggagawa at ibang uring inaalipin
Pambansang minorya man ay di maitatanggi
na sa 99 na porsyento sila ay bahagi.


Kapayapaan ay kalayaan,
pag-aklas at paglaban;
Mga mandirigma, usigin ang kaaway,
daliri sa gatilyo, kamtin ang tagumpay!

---

FAB - Framework Agreement on the Bangsamoro
CAB - Comprehensive Agreement on the Bangsamoro

# Oyayi ng Isang Ina

Ni Lire Rosa
mula sa Dagitab, 2014



Munting supling, ipikit ang mga mata
Upang di mo makita ang aking paglisan
Di ko maatim na silayan ang pumapatak mong luha
Hanggat may panahon pa, nais kitang hagkan

Aking anak,
Ang mundo'y di sintamis ng iyong panaginip
Hindi 'sing halimuyak
O sing aliwalas ng hanging umiihip

Sapagkat ang mga himig na aking inaawit
Ay awit ng mga api
Ang tinig ko ay tinig ng maso't karit
Ito ang oyayi ng aking mga labi

Hinehele kita sa ritmo ng digma
Pinatitibay ng rebolusyonaryong tugma
Ang iyong ina ay di lamang isang ina
Kundi isang Pulang mandirigma

Unawain mo ang mga gabing
Hindi maririnig ang boses ko
Unawain mo ang mga sandaling
Wala ako sa tabi mo

Sapagkat ang iyong ina ay di mo lamang ina
Siya'y ina rin ng marami pang anak na tulad mo
At ang oyayi ko sa iyo, mahal ko
Ay ang rebolusyonaryong pag-ibig na alay ko.

# Katiyakan

ni Clark Kilatis
mula sa Dagitab, 2014



Rebolusyon, rebolusyon
ang tiyak na ibinubulong ng gabi sa gubat,
inililingid ang dakilang pakay sa bawat dahon,

batang tangkay at talim ng talahiban;
idinidilig ang salita sa lupa na pinaghasikan
ng mga butil na pagsisibulan ng mabuting kinabukasang
siyang pataba para sa masaganang ani
ng mga magsasakang pangunahing pwersa.

Rebolusyon, rebolusyon
ang malinaw na sinasabi
ng bukang-liwayway na hinahabi
sa pangarap ng kabataang lumalaban,
itinatakwil ang sinapupunan
ng krisis ng sistemang ito,
nang maging ganap ang pagkatao
sa kasaysayang ipagtatagumpay
sa kamulatang kakapit-bisig
sa uring inalipin ng dayuhan at ganid.

Rebolusyon, rebolusyon
ang isinisigaw mula sa kanayunan tungong kalunsuran
sa pinanday na bisig at kamao
ng piketlayn sa tibay ng hanay
ng mga manggagawa at mamamayan
tayo'y naghahanda, tayo'y nakahanda
para sa ganap na pagbawi
ng mundong ipinagkait sa
bawat inaapi.

Rebolusyon, rebolusyon,
ang siyang tanging aalingawngaw
mula sa bunganga ng mga baril
sa kalabit ng daliri sa gatilyo
at higpit ng tangan ng sambayanang Pilipino
sa Pambansa-Demokratikong Rebolusyong
hindi kailanman isusuko
ng Partido at ng Hukbo!

# SUPER ITOY

mula sa 2013 album na Hari sa Baboy ng Agaw Armas,Southern Mindanao




Intro: E-B7 – E-B7

EB7
Kitoy kitoy ang ikog sa itoy
E
gatilap sa agalo'ng gatukoy
A E
Mandoan abtik nga mosutoy
B7 E
Siya si Noynoy, da super itoy

KORO
B7 E
Super itoy, super itoy, si Noynoy

B7 E
Super itoy, super itoy, si Noynoy
A E B7 E
Super itoy, noynoying si Noynoy

E B7
Duso niya ang cha-cha
E
Para sa among imperyalista
A E
Gusto niya ipatilok
B7 E
Tanang bahandi ta

(balik koro)

E B7
Ginahadlok ta niya
E
Nga kita sakupon sa Tsina
A E
pero Kanong tropa
B7 E
sa atoa gawara wara

(balik koro)

A E
Giimposar World Bank nga dikta
B7 E
K + 12 nga programa
A E
Gihulma edukasyong sistema
A B7
Baratong kusog nga reserba
A B7 E
Ulipon sa imperyalista

# SUPER TUTA

Intro:  E-B7 – E-B7

EB7
Kumakawag ang buntot ng tuta
                                            E
Humihimod sa among tumatawag
A   E
Utusan, susunod agad
         B7                          E
Siya si  Noynoy,  da super tuta

KORO
B7                                   E
Super tuta, super tuta  si Noynoy
B7                                      E
Super tuta, super tuta,  si Noynoy
A              E            B7               E
Super tuta, noynoying  si Noynoy

E                                    B7
Tulak niya ang cha-cha
E
Para  sa among  imperyalista
A                               E
Gusto niyang sairin na
   B7                         E
Ang yaman ng bansa

(ulitin ang  koro)

E                            B7
Tayo'y tinatakot niya
                                   E

Na sasakupin daw ng Tsina
A E
pero Kanong tropa
B7 E
ang tunay na nakaamba

(ulitin ang koro)

A E
Pinapataw World Bank na dikta
B7 E
K + 12 na programa
A E
Hubugin ng edukasyong sistema
A B7
Maging murang lakas-paggawang
A B7 E
Alipin ng imperyalista



# BAYANI SA IBAYO

Ni Batingaw

awitin sa tonong rap




Bayani sa ibayo
Kung ituring ng estado
Kaming nagkakandapagod
Sa pagsasakripisyo

Ng lakas at paggawa
Kapalit ng salapi
Kahit dinaranas nami'y
Kutya at pang-aapi

Pipiliting tiisin
Para lamang sa iniwan
Na pamilya at anak
Sa aming bayang sinilangan

Sinugal na ang lahat
Pati ang kabuhayan
Matupad ang pag-alis
Doon sa paliparan

Di tiyak sa pagbalik
Kung kailan, anong taon
Solusyon nga ba ito?
‘Yan ang lagi kong tanong

‘Di ko gagawin ito
Kung may iba namang trabaho
Sa sarili kong bayan
Pero wala, mukhang malabo

Pangarap ko ang lipunan
Na hindi na kailangang
Umalis pa ng bayan
Para na lamang mabuhay

Titindig ako, sila, kami
Para sa karapatan
Pagsasamantala’t pang-aapi
Hindi na babalikan

KORUS

Tayo ang lilikha ng panibagong kalagayan
at hahawakan natin nang buo ang ating kalayaan
kasama ang sambayanan na hindi pagagapi
sa pagwasak ng tanikala ng pang-aapi

Ako’y isang bayani, mandirigma sa ibayo
Kasama sa rebolusyon upang ibagsak ang estado
Sa kilos protesta at pagkalabit ng gatilyo
Karapatan mababawi, kalayaan matatamo

# MGA ALON SA DAGAT NG NAKARAAN: MGA KWENTO NG PAKIKIBAKA

Ang kasalukuyang pagsigla ng protestang masa laban sa korap at kriminal na Rehimeng BS Aquino ay karugtong lamang ng malawig nang pakikibaka ng mamamayan laban sa mga mapang-api't mapagsamantalang rehimen. Malalaki at maliliit, mula pa noong pagsigla ng pambansa-demokratikong rebolusyon, ay naging malaganap ang masigasig at matapang na pakikibaka ng masa sa buong kapuluan. Pinakatampok dito ang pakikibaka laban sa pasistang diktadurang US-Marcos at ang laban sa bulok na rehimeng US-Estrada kung saan tinanganan ng masa ang kanilang kinabukasan at iginuhit ang kapasyahang patalsikin sa poder ang naghaharing kaaway. Sa kamay ng nagkakaisang mamamayan, malamang na mamanahin ni BS Aquino ang kapalaran ng mga naunang bulok na rehimen dahil sa patuloy na pagpapahirap niya sa mamamayan at garapal na pagpapakatuta sa among imperyalistang US.

Ang mga kwento ng pakikibakang tinipon ng ULOS mula sa mga kasamang matagal na sa rebolusyonaryong pakikibaka ay naglalarawan ng mga karanasan sa masiglang pakikibaka ng mamamayan laban sa iba't ibang mapagsamantalang rehimen.

## Pakikibaka ng Maralitang Lunsod

### Kwento ni Ka Maximo

Kasapi ako ng isang samahang magsasaka sa Taytay nang maugnayan ako ng aktibista ng Samahan ng Demokratikong Kabataan o SDK. Bilang mga magsasaka, sahod-ulan ang palayan namin, kaya sa panahon ng tag-init, ang iba sa amin ay nagtatrabaho bilang mga karpintero, sa konstruksyon, o ang iba'y nagtitinda ng damit, vendor. Sa



lugar ng aryenda, nagtatanim ng mga gulay ‘pag tag-araw—sitaw, kamatis, patola, ampalaya, mais. Dahil tradisyunal na organisasyon ito, may mga namulat lamang na mga kasapi na naging mga tagasuporta. Ang nabuo naming organisasyon doon ay haluan, merong manggagawa sa pabrika, may magsasaka, malamanggagawa ang karamihan, pero nakakabit ‘yon sa organisasyong masa ng kabataang estudyante.

Mga 32 siguro ang edad ko noong 1969. Ang bunso ko nga, Hulyo 1971 ipinanganak, katatapos lang ng masaker sa kongreso noong Mayo 1, kaya Liza ang ipinangalan ko sa kanya, bilang pagpupugay sa unang martir na mangga-gawang kababaihan.

Noong makabuo ako ng samahan ng malamanggagawa sa bayan, kasunod nito ay nabuo ang sangay ng Partido sa komunidad. Ikinonekta ‘yon sa komite ng Partido sa Pasig-Mandaluyong-Pateros. ‘Yung naitayo kong organisasyong

masa ng malamanggagawa ay ipinaloob sa PSR o Progresibong Samahan sa Rizal.

Noong mag-Martial Law, nailagay rin ako sa pamimili ng titindigan, aatras ka ba o susulong ka? May pinamumunuan akong sangay at saka 'yong organisasyong masa, kaya nagtuluy-tuloy ako. Ang organisasyong masa ay natransporma sa lihim na organisasyon. Syempre, kumikilos din ng pahayag-hayag. Komo masaklaw ang pagkilos sa komunidad, umuugnay kami sa pabrika, umuugnay sa magsasaka, nabuhay kami roon. Kahit umuuwi-uwi ako, hindi naman ako winawanted, hindi ako nalantad sa kaaway.

Ang itinatayo namin sa pabrika ay unyon. Ang pabrika ay natural na alalay ng komunidad. Ang mga manggagawa ay binibigyan namin ng GTU [Genuine Trade Unionism], at nag-uunyon sila. Minsan, 'pag nakapag-aral na sila ng edukasyong pampulitika, ayaw na nilang mag-unyon. "Dito na kami." Pero syempre, sinasabihan namin, mag-unyon din tayo, para hindi tayo mahiwalay sa mga manggagawa. Noong wala pang Martial Law, nasasaklaw namin ang lugar ng Taytay at Cainta, at bandang Pasig, maraming pabrika diyan. Nagpatuloy ang lihim naming pagkilos kahit nag-Martial Law na.

Kaya kahit noong nasa kilusang lihim na ako, ang mga naugnayang magsasaka sa unang organisasyon ay matagal pa ring sumuporta. Minsan natutulog ako doon habang nagrerekrut sa hanay ng mga manggagawa, malamanggagawa, at magsasaka. Kaya noong magkaro'n ng pagkilos, ito'y naging pambayan at sinuportahan ng iba't ibang aktibistang galing sa teritoryo.

Noong 1980 o '81, habang nasa distrito ako ng Singko, nagkaroon ng pagkilos sa Dolores laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Pambayang pagkilos ito. Maliban sa mga taga-Dolores, sumama ang mga organisasyon natin sa Carco, Capital Garment, Yupangco, at iba't ibang komunidad sa Taytay. Umabot ng libo ang lumahok, maging ang mga pulis, nagulat.

Martial Law noon, kaya dinikitan sila ng mga pulis. Umikot ang mga nagrarali sa mga organisadong komunidad natin sa Dolores, tapos pumasok sa ating base sa isang komunidad ng maralitang lunsod sa Taytay na may problema rin sa lupang tinitirikan ng kanilang mga bahay. Nang makapasok sila sa komunidad, para silang naglahong bula doon, hindi na makita ng mga pulis. Hindi na sila dumaan sa kalsada kundi sa mga daang-tao hanggang makauwi sa kani-kanilang mga lugar. Panahon 'yon ng aklasang bayan, papalakas na ang mga hayag na organisasyong masa kahit Martial Law pa.

Hanggang ngayon ay nakikilusan pa ang mga lugar na iyon, pero nagkakaroon na ng tinatawag na urban development, lumiit ang sakahan, naging mga subdibisyon, kapiraso na lang ang natitira.

Hindi naman mahirap mag-organisa. Ang importante ay kung paano mapapataas ang kamulatang pampulitika ng manggagawa sa pabrika. Kasi kung mapapataas ang kamulatang pampulitika niyan, magtutuluy-tuloy 'yan. Lalo't maiintindihan nila na 'yong pambansa-demokratikong rebolusyon ay isinusulong natin, unti-unti nga nilang iniiwan ang hanapbuhay, e. Nagpupultaym nga. Kahit nga mga nanay. May isang antas na nagpupultaym sila.

Kaya nahihirapan 'yong ibang kasama kasi, aba, kapag hindi tutok-babad ang gagawin ninyo, talagang mahihirapan kayong magmulat ng manggagawa. Kahit nga sa maralitang lunsod, halos inaatupag niyan, may makain sila, e. Minsan nga, saglit mo lang maiwan, nawawala na. Hanggat hindi dumarating doon sa isang antas na nasasapol na 'yong pulitika, sa isang mas mataas na antas.

Ang ginagawa namin noon, ang BKP, gabi-gabi, mula bandang alas otso hanggang alas diyes, kung minsan nagiging alas onse pa. Pagkatapos n'on, tigil na, tapos itutuloy na lang uli sa susunod. Minsan mga lima ang dumadalo, minsan nadaragdagan pa, minsan nababawasan, depende kung sino

ang kayang dumalo. Sa mga bahay-bahay lang kami nag-aaral noon, kasi banda sa lugar na 'yan, meron pang mga maayos-ayos na bahay na nalulugaran na hindi naman siksikan, kaiba sa mga YS na minsan hindi papayag ang mga magulang na sa bahay nila gawin. Karaniwan sa mga mag-aaral ay mga padre de pamilya na nagtatrabaho araw-araw. 'Pag araw na bakante sila, maluwag, napapahaba namin ang talakayan, nagbibigay kami ng LRP. Tatlong araw 'yon, bawat isang paksa, isang araw. Hindi natatapos sa isang gabi, pero kung minsan nababawi, kung walang trabaho, Sabado o Linggo ay handa silang mag-aral. Kasi 'yong pag-aaral nila, halimbawa LRP, kakaiba 'yan. Kaya dumadalo sila. Lalo pa 'pag BKP.

Importante ang nag-oorganisa tayo sa masa, dahil ito ang nagiging sandigan ng malawakang pagkilos ng masa 'pag sumusulpot ang maiinit na isyu. Sila rin ang nagiging base natin sa iba't ibang antas pa ng pagkilos. Nang magkabiyakan noong 1992, ako lang ang natira sa yunit namin. Hindi pa maasikaso ng nakatataas na organo ang pagkausap sa akin para mabigyan ng bagong gawain, kaya nag-inisyatiba akong mag-organisa muna sa Eastern Rizal. Nang mabigyan na ako ng gawain, ipinasa ko ang grupong ito sa hukbong kumikilos sa Southern Tagalog, at nagpatuloy sila sa pagkilos. May isa nga roon na naging martir, namatay sa labanan.


nathan woodward.co.uk

## Rebolusyong Agraryo Kakumbina ng Hayag na Pakikibakang Magsasaka at Mahigpit na Pakikipagtulungan sa Hukbong Bayan

Kwento ni Ka Oying

Nakilala ko ang kilusan habang nag-aaral ako sa PUP, Philippine College of Commerce (PCC) pa noon. Sumasama ako sa ilang pagkilos, ang mga isyu namin, kadalasan ay 'yong tungkol sa pasilidad ng eskwelahan. Maagang bahagi ng 1969 yan. Nang lumipat ako ng eskwelahan, nakatulong pa rin ang discussion groups. Hanggang noong pumutok ang First Quarter Storm, FQS, ako na ang naging tagapangulo ng balangay ng KM sa UE. Naging mabilis yong pagpupultaym ko bilang aktibista. Talagang, kumbaga, e, dinibdib ko nang husto ang pagkilos noong panahong 'yon. Halos hindi nga ako umuuwi noon, e. Syempre tinatanung-tanong din ako ng mga magulang ko, pero sa panahon kasing 'yon malakas ang propaganda, ang mga isyu ng kabataan, kaya hindi talaga kumokontra ang mga magulang ko. Mas yong pag-aaral ko pa ang inaalala, 'yong hindi ko pag-uwi-uwi. Meron kasi kaming inoorganisang komunidad sa Pandacan. Hanggang binuo na ang coordinating body sa University Belt, ipinaloob ako doon. Mas naging malalim na ang involvement ko dahil may mga serye na ng regular na pag-aaral. Nakatulong din 'yong summer integration namin sa Nueva Ecija, mga tatlong buwan kami sa bayan ng San Leonardo. Nakipag-aralan kami sa mga magsasaka. Sumama rin kami sa mga welga, lalo na 'yong sa US Tobacco, at 'yong iba pang isyu diyan — 'yong pagtaas ng presyo ng gasolina. Tulad ngayon, maraming isyu noon.

Nobyembre 1970, bumyahe ako papuntang Isabela. Sa isang bahay sa Cauayan, Isabela, nandoon si Joe at si Julie. Sila ang sumalubong sa akin. Nasa Isabela kasi ang political-military training noon. Kaya ang mga kadre na dinedeploy ng Partido sa mga bubuksang sonang gerilya sa iba't ibang rehiyon ay doon dinadala sa simula. 'Yong mga kasamang

nagbukas ng Mindanao, nagmula doon, pati 'yong ibang kasamang nagbukas ng Bikol, maski 'yong mga nagbukas ng Panay. Idedeploy kasi ako sa aming lugar.

Dineploy muna ako sa isang SYP sa Isabela. Ito 'yong SYP sa kapatagan ng Isabela. Ang saklaw ng erya namin noon ay San Mateo, Alicia, Luna, Cabatuan. Kadikit namin 'yong isang SYP na kumikilos sa bandang Cauayan. Kaya may dalawang SYP diyan sa patag noong magtatapos ang 1970. Hanggang inabutan ako ng Martial Law diyan, hindi na natuloy ang pagdedeploy sa akin sa lugar namin. Okey naman sa akin. 'Yong aming isang iskwad naging isang platun, hanggang sa maging dalawang platun. Ang isa pang platun namin, nasa bandang Southern Isabela: Cordon at Santiago hanggang Villaverde, Vizcaya. Sila rin ang nagpapalawak papuntang Mayoyao ng Ifugao, kasi tri-boundary. Sila ang tumatawid ng Chico River. Halos nawala ang platun na ito noong Martial Law. Naputulan sila ng ugnay sa amin, at sa isang labanan, namatay ang CO at ang PO ng platun, hanggang nalusaw ang yunit. Ang CO noon si Ka Efren, tubong San Mateo, sa baryo Salinungan. Isa 'yon sa unang-unang mga baryo na kinilusan ng NPA sa kapatagan ng Isabela. Halos umabot ng isang platun ang napasampa sa baryo lang na 'yan. Si Ka Efren, isa sa mga naunang narekrut. Siya ang CO ko noong nasa SYP ako. Hindi ko na maalala kung sino ang PO, pero galing din ng YS sa Maynila.

Kami naman, nanatili sa Alicia, kaya lang nagpalawak na rin kami paNorte. Umabot na kami ng Aurora, Manlic Region. Kaya medyo nawala 'yung Central Isabela. Hanggang sa matinding-matinding operasyong



militar, hindi nakayanan ng baseng masa namin, nahirapan na rin kami. Nagdesisyon kaming tumawid ng Cagayan River. Nababalitaan namin, meron ding isang platun sa kabila ng Cagayan River, bale parte 'yan ng Eastern Isabela. 'Yon ang platun ng Tumauini. Pero wala kaming ugnay sa kanila. Balita namin, 'yung platun ng Tumauini, mas maliit na platun at saka mas mahina ang gamit, pero naroon naman sila sa medyo magubat na lugar.

Mahigit siguro mga 35 kami. Pero malalakas 'yong gamit namin, meron na kaming M-14, dati na kaming may mga M16. Inabot kami ng hanggang madaling araw sa pagtawid, iisa ang aming bangka, pabalik-balik, kaya umagang-umaga, hindi pa yata kami nag-aalmusal, kinubkob na kami ng mga militar. Inabot ng halos buong araw ang labanan doon sa Baryo Labugan, Tumauini, Isabela. Hanggang gabi, at sa mismong labanan, ang masa ang lumalapit sa amin, sila na ang nagdadala ng pagkain namin, nagsasabi kung nasaan ang mga pwesto ng kaaway; kasi naging running gun battle muna 'yon hanggang sa nagpasya na kaming umatras. Sila ang naggiya sa amin noong maghating-gabi na.

Umaga na nang nakaugnay kami sa mga kasama sa platun sa kabila. Sinaklaw ng pagkilos ng aming pinagsanib na platun ang Ilagan, Tumauini, San Pablo, Cabagan, sa Isabela, hanggang sa Peñablanca ng Cagayan. Nakaugnay kami sa Forest Region, doon sa First Red Company, na nasa San Mariano, ang kadikit ng Ilagan. 'Yon namang Company B, ang Second Red, nasa bandang San Guillermo, Jones, 'yong papuntang Vizcaya. Tapos 'yong Third Red Company, nasa Aurora naman.

Mga 1972 hanggang '76 ang panahon na dumanas ng matinding kahirapan ang malaking pwersa ng hukbo sa Forest Region ng Isabela dulot ng military blockade. Sa loob ng halos limang taon, ang main force ng rehiyon, Company A at Company B, at isang platun ng Regional Mobile Force ng NPA, pati ang Regional Command at saka istap niya, ay




nakakulong sa maliit na lugar ng Forest Region sa Isabela na walang masa, na kinukubkob ng halos limang libong militar.

Heto naman kami sa kabila na maluwag na maluwag kaya gumana nang husto ang pagtatayo ng Partido, hanggang sa pagtatayo ng mga BRC, mga organisasyong masa, hanggang sa rebolusyong agraryo. Pati 'yong mga hayag na pakikibakang magsasaka at mga kampanyang masa noong Martial Law ay nagawa riyan.

Mga 1974 o '75, nag-umpisa ang pagkilos ng masa sa human rights issues kasi grabe ang militarisasyon, laluna sa parteng Cagayan-Isabela. Partikular sa Cagayan, Enrile area 'yan, kaya talagang pokus ng militarisasyon. Si Enrile ang defense minister noon. Maraming military operations ang ginawa riyan kaya maraming paglabag sa karapatang tao. Paano maggigiit ang mga magsasaka? Nagsimula 'yan sa Diasan Case. Si Diasan ay isang lider-magsasaka na pinatay ng militar. Talagang galit na galit 'yong masa. Hindi ko na maalala kung paano nangyari basta nakapunta si Diokno sa Lallo, Cagayan. Ang mga masa, nagpuntahan sa bayan, at nasubok na pwede. Palagay ko isang malaking bagay 'yon, kung papaano nabasag ang lagim ng Martial Law, lalo na sa Cagayan, na grabe ang militarisasyon. Naging tuluy-tuloy ang pagmamartsa ng mga magsasaka mula sa baryo. Tuwing may sinusunog na bahay, antemano, pumupunta sa bayan, may mga dala na ring plakards – ganoon. Nakukumpronta ang mga meyor hanggang sa umaabot na sa panawagan na palayasin ang 21st IB. Maaga 'yon, e, mga '76 o

'77. Marami ang masang pumupunta sa harap ng headquarters ng 21st IB, may dalang mga plakard at dinedemanda na lumayas sila. Umabot ito sa mga lihim na pagkilos tulad ng pagpapalutang ng mga saha ng saging na may mga banderitas at islogan sa Cagayan River. Hanggang sa nagsasabit na ng balatengga sa mga bayan, nagkakabit ng posters o operasyong dikit sa mga sentrong bayan. Ang alam kong pinakamalaki sa Isabela, noong 1980 o '81, ay ang martsa ng mga magsasaka mula sa Hacienda San Antonio-Santa Isabel sa Ilagan, 'yong napakalaking asyendang kinakamkam ni Danding Cojuangco.

Noong panahon ng Espanyol, Tabacalera ang may-ari niyan, 'yong may-ari rin ng Hacienda Luisita. Ang Hacienda San Antonio ay umaabot yata ng labing-isang libong ektarya. Mas maliit 'yong Hacienda Sta. Isabel, sa kabila ng Cagayan River, pero katapat lang. Ibig sabihin, kung wala 'yong ilog, iisa 'yan, iisa ang may-ari. Hinati lang ng haywey at saka ilog. Akalain mo, ang pangalan ng baryo diyan, numero – uno, dos, tres, kwatro. Ang isang asyenda ay umaabot ng mahigit tatlumpung baryo. Ang dating tanim, tabako. 'Yong Luisita, naibenta nga sa Cojuangco, naging tubuhan na. 'Yong Hacienda San Antonio, ang tanim naman ay mais at palay. Kaunti na lang ang tabako noon. Pinag-interesan ni Danding, gamit ang kanyang dummy na si Antonio Carag, ang Ancar Corp. Palalayasin ang mga magsasaka.

Nagmartsa ang libu-libong magsasaka papunta sa Ilagan, sa kapitolyo. Ang hinihingi nila noon, hindi sila dapat paalisin. Hinarap naman sila. Nag-usap. Walang nangyari. Hindi naman kaya ng kapitolyo.

Nagtuluy-tuloy ang harasment. Alam kasi ng militar na may hukbong bayan sa lugar. May mga engkwentro nang nangyari. At mas maaga pa, nagtraydor ang kumilos diyan, si Pablito Araneta, na galing sa isang malaking pamilya sa Panay. Dati siyang political officer ng platun sa Tumauini. Pumapasok-pasok sa sona ang tatay niya, bumibisita. Ang kasama pala ay mga opisyal ng militar. Imbes na isuko lang ang sarili, dinala

niya ang isang yunit, inilapit sa haywey at pinakubkob. Alam mo, patay lahat ng kasama maliban sa isang babae. Nanlaban sila pero gilid 'yon ng haywey. Ang kasamang nakaligtas ang nagkwento ng buong pangyayari. Doon nga namatay ang CO ng platun ng Tumauini, 'yong galing sa San Mateo. Pagkatapos noon, lumantad na si Pablito. Hawak na siya ng kaaway. Ang Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel, kabisado niya.

Kaya militarized ang Hacienda San Antonio. Nagtayo pa ng mga kampo militar diyan, nagtayo pa ng mga CHDF. Tinayuan ng CHDF ang halos lahat ng baryo. Pero hindi nawala ang pagkilos ng hukbo. Tuluy-tuloy kasi ang masa. Talagang mahusay ang masa diyan. Mahaba na kasi ang karanasan nila. Dekada 1970 pa, naririyan na ang mga kasama.

Noong panahong 'yon, may mga sumampa sa hukbo. Tapos malaki rin ang naging papel nila sa pagsalo sa nagmartsa mula sa Forest Region papunta ng Northern Isabela at Cagayan, nang lumabas na sa kubkob ang mayor na pwersa ng rehiyon noong 1976-77. Kasi sila ang kahangganan ng San Mariano, ang pinakabase ng First Red Company natin. May isang maliit na bayan din doon, ang Tumauini, tapos Ilagan na. Ang mga nagmamartsa ay dumaraan sa Ilagan at sa Tumauini. Nasawi sa kubkob sa San Mariano si Arnulfo Resus, isa sa mga kaswalti



ng Long March.

Ang natatandaan ko, may mga poste kaming binabagsakan nila. 'Pag dumarating ang naglo-long march mula sa Forest Region, may nakahandang mga lugar na pahingahan na may mga suplay. Kaya ang masa diyan, kumikilos para matiyak ang suplay ng mga kasama na naglo-long march. Mahigit isang daan din sila, pero batches, hindi naman isang bultong malaki.

Kaya, bawat darating, sasaluhin dito sa Ilagan, tapos tatawid ng Tumauini, pa-norte na. Babagtasin nila ang Sierra Madre, hindi naman sila pwede sa kapatagan, tapos Sierra Madre ulit, hanggang sa Peñablanca, ang unang bayan ng Cagayan. Ilang malalaking ilog ang tinatawid nila upang makarating sila sa pinakabase natin sa Cagayan, sa erya ng Baggao-Gattaran. Ito na ang pinakadulo ng long march. Doon na ulit idideploy sa ibang lugar 'yong mga yunit. Mahabang martsa yon. Kaya napakatagal na operasyon hanggang makalipat lahat. At napakahalaga ng papel ng masa para maging matagumpay iyon.

Mula noong Martial Law, mayaman-yaman na ang karanasan ng masa sa Northern Isabela sa pagtatayo ng mga organisasyong masa na umabot sa antas ng KRB. Walang hayag na organisasyong masa, pero 'yong masa, hayag na kumikilos. Kahit bumagsak na si Marcos, nagtuluy-tuloy ang mga aksyong masa, mula paggiit sa karapatang pantao hanggang sa isyu ng lupa. Ngayon, hindi pa rin sila napapalayas, at maraming hindi nagbabayad ng amortisasyon sa huwad na CARP/CARPER, naroroon pa sila. Nasa paligid pa rin ang hukbo.

Muling binubuhay ng Cojuangco ang interes nila dito. Ancar pa rin ang ginagamit. At hanggang ngayon, lumalaban pa rin ang masa.

## Kwento ni Ka Mateo

Third year college ako sa kursong may kinalaman sa agrikultura sa isang pampublikong unibersidad ng Eastern Visayas noong kasagsagan ng First Quarter Storm. Bago nito, lumahok na ako sa mga isyung pangkampus gaya ng kakulangan ng classroom at pasilidad ng laboratoryo, isyu ng mga titser, at iba pa. Lumahok ako sa mga repormang dinadala ng relihiyosong sektor. Sa panahong ito, nahihilig na akong magbasa ng mga makabayang akda nina Renato Constantino at Rafael Palma. Kapag bakasyon, may mga mag-aaral mula sa UP Los Baños na nagdadala ng babasahin tulad ng Dawn at UP Collegian. Naradikalisa ako sa impluwensya ng FQS at sa tulong ng mga naunang nagmulat sa akin. Sumapi ako sa isang samahang pangkultura. Naglabas kami ng mga pambansang demokratikong pagtatanghal, literatura at arte. Nag-aral kami ng pambansa-demokratiko at progresibong babasahin, at binuo ang kauna-unahang tsapter ng KM sa pamantasan.

Kahit lumalaki na ang panahon ko sa pagkilos, namantine ko naman ang grades kaya hindi naging malaking usapin sa pamilya ang ekstra-kurikular na mga gawain ko. Kaya lang, nang magbatas militar na, hinuli ako at ikinulong nang mahigit isang taon.

Habang nasa istakeyd, hinubog kong maging rebolusyonaryo ang sarili sa tulong ng yunit ng Partido sa loob. Tinuruan kaming maging organisado sa pagkilos, maging matalas sa pag-aanalisa at matatag na manindigan sa mga usaping pampulitika at pang-ideolohiya. Doon ko unang pinag-aralan ang Kursong Primarya ng Partido, Limang Gintong Silahis, Lipunan at Rebolusyong Pilipino, at ilang espesyal na paksa kaugnay sa armadong pakikibaka. Naghanda na rin kami sa pagsampa sa hukbong bayan kung makakalabas.

Noong 1974, paglabas sa kulungan, nag-CS ang grupo namin. Dalawa ang larangan noon sa Samar. Ang isa ay nasa Southwest, ang isa nasa Northeast. Napakalayo. Napunta ako sa Southwest, ang ibang kasamahan ko sa Northeast, ang iba




naman ay sa pagbubukas ng larangan sa North.

Sa CS, kahit sanay ako sa buhay magsasaka, nahirapan din ako. Noong una, hindi ako marunong mag-organisa. Hindi ako sanay na makihalubilo sa masa. Tumutulong ako sa mga gawain sa sakahan at pambahay, pero nahihirapan akong mag-organisa. Nakukuha ko ang kanilang interes sa pamamagitan ng kultural. Naggigitara ako at kumakanta, nakakapagpaliwanag ako nang kaunti.

Sa panahon ng pagsampa ko sa kanayunan, ang pamamaraan ng pag-oorganisa sa masa ay ang KPB – KRB. Mula sa panimulang kontak sa baryo bubuuin ang KPB o Komiteng Pang-organisa ng Baryo. Gawain nila ang mag-SICA, magpropaganda at mag-organisa ng mga makauri at sektoral na samahang masa, magsilbing panimulang organo ng kapangyarihang pampulitika sa barangay at kunin ang suporta ng mamamayan para sa BHB. Mabubuo ang KRB o Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo kapag nabuo na ang mga samahang masa, sangay ng Partido sa baryo at milisyang bayan; nailunsad na ang rebolusyong agraryo at napahina na ang kaaway sa baryo. Dalawa lang ang naitayo kong KPB (tawanan)—dalawa! Naitayo na kasi ang KPB sa kalakhan

ng erya ng yunit na napakatan ko. Napakapaborable ng kalagayan sa pagpapalawak ng rebolusyonaryong kilusan dahil sa malawakang pagsasamantala at pang-aapi ng diktadurang US-Marcos.

Napakalaking tulong sa aking pag-unlad ang unang karanasan ko sa pagsasagawa ng SICA sa isang baryo. Dito namin nabuo ang kasaysayan ng baryo, ang batayang mga suliranin nila, ang tunggalian ng mga uri sa baryo at ang solusyon sa mga ito. Napabulaanan dito ang nangingibabaw na ideya na "walang maralitang magsasaka sa baryo", "walang pyudalismo" at "ekonomya ng mayamang magsasaka" ang umiiral na sistemang pang-ekonomya. Dito ko panimulang natutunan ang ibig sabihin ng linyang pampulitika, ang pangangailangan ng kilusang masa laluna ang kilusang antipyudal, at ang relasyon ng kilusang antipyudal, antipasista at anti-imperyalista.

Taong 1976, natanggap namin ang bagong dokumento ng KS na "Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin". Nagmarka ito ng bagong panahon ng pangkalahatang pagsulong ng



rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na pinatibay pa ng paglalagom ng KR-Eastern Visayas noong 1977 kung saan lumabas ang mga batayang gabay sa pagkilos hanggang sa mga pamamaraan ng pagpapatupad ng mga gawain.

Nagsimula ang mga breyktru ng antipyudal na pakikibaka noong 1976-77 sa pangunahing larangang gerilya sa northern area, na siyang pinagkunan ng karanasan para sa pagpapalaganap sa Katimugang Samar, Leyte at sa ibang larangang gerilya ng EV. Bawat lokal na komite ng Partido ay nagbreyktru sa pagbubuo ng SICA, paglilinaw ng isyu, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa sa mga isyu ng pagpapababa ng upa sa lupa, at pagpapataas ng presyo ng mga produktong magsasaka—mais, kopra, produktong gubat tulad ng rattan poles. Doon ko nagagap na ang antipyudal na kilusan ang susing kawing sa pagpapakilos sa masa, susing kawing sa kilusang masa sa kanayunan at susing kawing sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Sa maraming lugar ay napababa namin nang kalahati ang upa sa lupa. Dati kasi, sa 50-50, ang lahat ng gastos at trabaho ay sa kasamá. Minsan, tumutulong ang may-ari sa gastos sa hakot o karyada, pero kadalasan, hindi. Mayroon pa ngang sangkatlo o sangkapat lang ang sa kasamá laluna sa niyugan. Nakinabang talaga ang masa sa mga pakikibakang ito. Ang husay ng epekto nito dahil dumami ang rekrut na pultaym sa hukbo at Partido. Dumami ang abandonadong lupa na samahang magsasaka na ang namamahala.

Sa pakikibaka para sa pagpapataas ng presyo ng rattan pole, nagkamali kami noong una dahil mabilisan naming inilunsad ang pakikibaka na kulang kami ng malalim na pag-aaral. Sa pag-aaral kasi namin, ang isang rattan pole na kasing taba ng battery ng flashlight, sampung piye ang haba, para sa furniture, ay P1.50 ang presyong lokal kumpara sa Cebu na P25-30. Hindi namin nakonsidera ang gastos sa byahe, tong sa militar, ang dapat tubuin ng mga negosyante at iba pang gastos sa operasyon. Ang nangyari, dahil napakataas ng hinihingi, umatras ang mga bumibili. Naging problema na ng masa ang

kakulangan sa pagkain. Pagdaan sa baryo, sasabihan kami ng masa, "ito lang ang makakain natin, mga Kasama, dahil wala na tayong uway". Sa dagdag na pagsisiyasat, nakitang sobrang taas pala ang hinihingi kaya sa isang pulong ng mga lider-masa, binago ang plano at kahilingan. Isinaalang-alang ang datos galing sa ilang negosyante sa kanilang gastos sa operasyon at partikular na laki ng gastos sa tong sa militar mula Samar hanggang Cebu. Binuo namin ang isang pamunuan ng masa, ligal, na naging panel para makipagdayalog sa negosyante. Nagpulong ang mga organisasyon sa baryo hanggang magkaisa sa mas mababang presyo at tinawag ang mga negosyante para sa pag-uusap. Halos nadoble ang presyo kaysa dati.

Marami kaming natutunan sa karanasang iyon at maging sa mga sumunod sa iba't-ibang lugar at sa iba't-ibang isyung pyudal at malapyudal. Ang pinakamahalaga ay ang pagsasabuhay ng kilusang masa – ibig sabihin ang pagbibigay ng pangunahing diin sa aktibong paglahok ng masa. Sa ngayon ginawa na nating panuntunan sa pakikibaka at kampanyang masa ang kanilang aktibong paglahok mula sa pagbubuo ng SI, pagpipirme sa mga kahilingan at plano hanggang sa pagtatasa at paglagom. Ginagawa ito sa mga kumperensya ng mga Sangay ng Partido sa mga barangay, mga pulong ng pamunuan ng samahang masa, asambleya ng mga samahan at maging sa buong barangay kung nararapat, at iba pa.

Naipagpapatuloy ang mahuhusay na karanasan, mayroon namang hindi. Napagtibay ang maraming patakaran mula rito gaya ng usapin sa pagpapababa ng upa sa lupa at mga kagamitan sa produksyon, pagpawi sa usura, pagtaas ng sahod ng manggagawang bukid, pagtaas ng presyo ng mga produkto, pagpapatakbo ng mga kooperatiba, at sa kumpiskadong lupa ng mga traydor na panginoong maylupa, hanggang sa paggamit ng dalawahang taktika sa mga proyekto ng reaksyunaryong pamahalaan, institusyon, at iba pa.

Halimbawa, sa usapin ng kumpiskadong lupa ng mga traydor na panginoong maylupa, may bahagi para sa

samahan, at may para sa indibidwal sa batayan ng karapatang magbungkal sa lupang nasa pangangasiwa ng samahan. Bawat samahan ay may komunal na sakahan, at hinahati ang kita batay sa mga punto sa paggawa na kinukwenta bawat buwan. Sa mga kooperatiba na mahusay na umaandar, maganda talaga ang resulta. Pero mayroon ding hindi maganda dahil lumilitaw ang korapsyon at oportunismo. Dahil dito, may mga tinatanggal na kasapi o ginawaran ng ibang tipo ng aksyong pandisiplina. Inaayos talaga natin iyan, naglulunsad tayo ng isang malawakang kampanya sa edukasyon at punahan, para hindi magpaulit-ulit.

Habang dumarami ang pinamumunuan ng mga samahan ay nagiging mas kumplikado ang mga ito. Maliban sa pamamahala sa mga kolektibong sakahan, may kolektibong gilingan ng mais at palay ang iba, may mga koop na tindahan, koop sa pagbebenta ng produkto, sa transportasyon (pumpboat), sa paghahayupan (kalabaw at baboy). Ginagabayan natin sila sa regular na pagtatasa, pagsasanay sa pag-awdit, at pagtatakda ng mga dibidendo.

Ang pinakamalaking problema sa mga kooperatiba ay ang utang, dahil sa gipit na kalagayan ng masa. Ang patakaran ay hindi dapat lumampas sa sapi ang utang, maliban sa mga kasong pangkagipitan. Pwede ngang magkontribusyon ang mga myembro para sa nagipit. Malimit na solusyon sa utang ay ang pagkaltas sa kanilang dibidendo o bahagi nito kapag ipinamahagi na ang dibidendo.

Maraming lumilitaw na usaping pang-ekonomya sa iba't ibang aspeto ng ating reporma sa lupa. Pero ang pinakamahalaga ay humihina ang kapangyarihan ng panginoong maylupa, at lumalakas ang kapangyarihan ng organisasyon ng magsasaka. Ang mga problema ay seryosong hinaharap batay sa ating linya at patakaran.

Umiiral at patuloy na pinalalapad ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika [OKP] sa maraming lugar na mataas ang antas ng konsolidasyon ng mga samahang masa,

nasusustine ang mga pakikibakang masa, aktibong lumalahok sa pakikidigmang gerilya at napahina na ang kaaway sa uri. Sa katunayan ay may konserbatismo kami sa pagbubuo ng OKP kumpara sa napakalawak na mga rebolusyonaryong base na relatibong konsolidado.

Mahirap talaga ang Eastern Visayas bilang isa sa mga pinaka-atrasadong rehiyon ng bayan. Pero ang kalagayan namang ito ang pinakapaborableng kundisyon sa pagsisimula at pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ang buhay rebolusyonaryo ng mga kasama ko noong bago pa ako sa kanayunan ay sobrang mahirap na doble ang aking pagsisikap na umangkop kahit pa galing ako sa uring magsasaka. Walang badyet na pampersonal o pampulitika man. Nakakaikot kami at gumagampan kami ng mga rebolusyonaryong gawain kahit wala ni isang kusing. Napakahigpit namin sa tres-otso. Hindi pwedeng kumuha kahit isang saging kung walang permiso ng may-ari. Mahigpit na panuntunan sa anumang natipong pera at rekurso ang pagtitipid, pagrereserba para sa darating na mga pangangailangan at pagbabahagi sa ibang nangangailangan.

Napakataas ng pamantayan sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka, pagsasakripisyo at sa buong pusong paglilingkod sa masa. 'Yong pinasimulan ng mga kadre noon na simpleng pamumuhay, tatak 'yan ng kilusan hanggang ngayon. Maganda ang epekto sa masa na tumutulong ka kung hirap sila. Malimit, pinauuna pa namin silang kumain. Ang pagsasakripisyo ng mga kadre ay ang magkasya kung ano lang ang kaya. Minsan nga, sobra pa sa dapat, walang tsinelas, walang kumot, walang banig… Uso noon ang maong, tapos may medyas ka, tapos may hood ka, 'yon na 'yon. May ilang erya na sa tindi ng militarisasyon ay ilang buwang walang sabon at madalas na walang asin. Kami na nasa relatibong maalwan na kalagayan ang nag-iipon ng mga suportang ipinadadala sa mga kasama at masa na nasa matinding kagipitan.

Ang higpit ng tangan namin sa prinsipyo ng pag-asa sa sarili kaya hanggat makakaya ay hindi kami humihingi

sa nakatataas na organo. Nakakayanan pa nga naming magsentralisa sa nakatataas na organo at magbayad ng butaw. Importante syempre 'yong pamumuno ng mga kadre at upisyal, mula sa mga prinsipyo at patakaran, hanggang sa wastong asal, ultimo sa usapin ng mga personal na gamit, suporta para sa pamilya, paglahok sa gawaing manwal, at iba pa. Pati 'yong sa masasarap na pagkain ay hindi sila nauuna. Maraming karanasan na kapag ang namumuno ang laging nauuna sa panahong maalwan ay hindi makokonsolida ang pinamumunuan at nahahawa pa nga ng maling mga gawi. Napaunlad rin namin ang praktika ng demokrasya sa ekonomya sa bawat yunit. Sa panahong wala pang regular na badyet nakasanayan na ang pagsapraktika ng diwa ng kolektibismo. Sa panahong may badyet na ay inihahapag sa buong yunit ang kabuuang badyet at tinatalakay kung paano gagastusin, gayon din kung papaano mapupunuan ito sa kolektibong pagsisikap.

Kahit nga nasabing may badyet, kapos na kapos pa rin ito laluna sa kalagayan ng digma sa isang lugar na dati nang mahirap. Ang regular na gastos ngayon ng bawat indibidwal ay one thousand two hundred monthly. Kalahating salmon ng bigas kada saing. Kinse pesos bawat araw ang ulam. Sabon, tatlong putol isang buwan, pero ang kalahati ng pangatlo ay iaambag para sa panghugas sa kusina. Trenta pesos bawat buwan para sa tabako – tatlo hanggang apat na dahon ito depende sa laki. Ang bota ay dapat tumagal ng dalawang taon, isang tsinelas isang taon pero Duralite, adjustable na lang 'yon kung nasa igang kayo. Duyan, relo, pantalon, may lohistika na kada anim na buwan, meron ding kada taon.

Buwanang binubuo ng yunit sa pinansya ang ulat at tinatalakay ito ng buong yunit. Binubuo din ang ulat ng isang kwarter at isang taon. "Ito ang nagastos natin, ganito, ganyan." Ang Finance Officer ay obligadong mag-ulat sa kabuuan. Kaya alam na alam ng mga mandirigma ang kalagayan. May karapatan ang sinuman na magtanong. Kahit sino pwedeng mag-request. 'Yan ang buhay na demokrasya sa

hukbo. Bawat pagbabago, nagpupulong, kahit tungkol lang sa tabako. At sinisikap magkaroon ng pagkakapantay hanggang sa ibaba. Hindi lang mga opisyal ang nagdedesisyon kung may mahalagang gastusin kundi ikinukonsulta sa kabuuan. Bawat isa ay may karapatang magtanong at magmungkahi sa pinansya at ekonomya ng yunit. Kaya hindi napakarami ang tunggalian at malakas ang pagkakaisang pang-ideolohiya. Naiintindihan nila kung bakit ganoon ang usapin ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka, ang pagtitipid ng bawat sentimo para sa rebolusyonaryong digma, ang pagsasalo sa hirap at ginhawa, at ang demokratikong sentralismo sa pinansya. Kaya patuloy na mataas ang morale ng hukbo kahit sa gitna ng kagipitang pang-ekonomya.

Syempre pa, hindi gayon kadulas ang pagpapatupad sa mga ito. Marami rin ang mga paltos sa mga patakaran namin at gano'n din, mga paglabag at mga di kailangang iringan na kadalasan ay dahil sa iba't-ibang kalagayan ng lugar, antas ng pag-unawa sa mga prinsipyo at mga nakasanayang praktika. Habang lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan, lumalawak ang pinagmumulan ng pondo at rekurso nito, mapapaunlad ang mga akmang patakaran, gabay at mga pamamaraan. Ang mga mali ay napapalitan ng tama, ang kulang ay napupunan at may bagong mga patakarang nabubuo.



## Pakikibaka ng Mamamayan Laban sa Diktadurang US-Marcos

### Kwento ni Ka Aleta

Kasapi ako ng MAKIBAKA sa unibersidad bago ipataw ni Marcos ang Batas Militar. Nang ipagbawal ang lahat ng organisasyon, nag-underground ang MAKIBAKA at sabay din akong gumanap ng iba't ibang gawain sa kilusang lihim sa kalunsuran. Hanggang sa matiyaga at mahirap na pagpupursigi ay nabasag ang puting lagim at nagsunud-sunod na ang mga hayag na pangmasang pagkilos kahit pa ipinagbabawal ng diktadura ang mga ito.

Nasa dyip ako noong Agosto 21, 1983, patungo sa isang pulong nang marinig ko sa radyo na binaril si dating Senador Benigno "Ninoy" Aquino sa tarmak ng Manila International Airport. Kumikilos ako noon nang lihim sa Metro Manila sa



kilusang manggagawa.

Nagulat man ako sa balita hindi na rin ako nagtaka dahil sa panahon ng diktadurang Marcos masahol pa diyan ang ginawa niya sa maraming masa at kasama na lumaban sa kanyang diktadura. Pero syempre, dahil kilalang tao, na-shock ang madla. Simula noon, napukaw ang malaking seksyon ng petiburgesya sa lunsod para humugos sa mga kalye, magprotesta at manawagan na ring lansagin o ibagsak ang diktadura. Nauna na rito ang mga manggagawa at magsasaka na lumahok sa maraming welga at pag-aalsang bayan para ilantad at labanan ang Hitler, diktador at tuta ng Kano na si Marcos.

Pero kakaiba pa rin ang dekada otsenta. Nang ilibing si Ninoy, noon lang talaga ako nakakita ng sinasabing higanteng daluyong ng kilusang masa. Halos wala kang makilusan sa kapal at dami ng tao na lumahok at sumaksi sa funeral march mula Quezon City hanggang Parañaque kung saan inilibing si Ninoy. Hindi nalunod, at sa halip ay tumingkad, ang partisipasyon dito ng pambansa-demokratikong kilusan. Ang mga pangmasang organisasyon ang nagdala ng malalaking istrimer at myural ("Justice for Aquino, Justice for All") na kumondena sa pasistang diktadura at naglantad ng mga kasalanan nito sa masa. Sa dagat ng mga dilaw na bandila at kasuotan, gumuhit ang mga banderang pula at ang mga nakataas at nakakuyom na kamao ng baseng masa ng kilusan at ng mga kasama.

Simula noon rumagasa nang higit kaysa nakaraan ang antipasistang pakikibaka sa mga lansangan ng Metro Manila. Sumulpot ang malalawak na hayag na alyansang multisektoral at sektoral sa pambansang saklaw at sa iba't ibang rehiyon. Sinabayan ito ng mga tagumpay ng armadong pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan, kasama na ang mga operasyong partisano, dahilan para ang marami sa panggitnang pwersa ay sumuporta sa Pulang hukbo. Daan-daang libo kung maglabas ng propaganda ang kilusan sa malalaking pagkilos, pumupula

ang Metro Manila sa mga OD-OP, nagsulputan ang mga docu films, artikulo at interbyu sa masmidya, mga pahayagan at libro, at mga pangkulturang aktibidad tungkol sa kilusan. Umaabot ang mobilisasyon ng kilusan sa 50,000-60,000 sa malalaking pagkilos.

Sa paglakas ng antipasistang daluyong ng masa ay kasabay na lumawak, sumigla, at naging puspusan ang pakikibaka ng pambansa-demokratikong kilusan. Halos wala na kaming pahinga sa mga kampanya at pakikibakang masa na kabi-kabilang dumadagundong sa Metro Manila. Nagbubuo na rin ng NDF cells sa hanay ng petiburgesya. Kinilala kahit ng ibang pampulitikang pwersa na ang nangunguna at mayorya sa nakikibaka sa diktadura ay ang pambansa-demokratikong




kilusan sa hayag at lihim.

Ganoon na kalawak at kataas ang inabot ng kilusan. Dangan nga lamang at pumalo na ang mga disoryentasyon at pagkakamali sa linya na dulot ng insureksyunismong lunsod at adelantadong regularisasyon ng hukbo. Umabot pa ito sa patakarang boykot ng mga hayag na pangmasang organisasyon sa snap election kung saan nilabanan ng byuda ni Ninoy na si Cory Aquino si Marcos. Dumami ang mga

bumatikos sa patakarang ito. Unti-unting lumiit ang suporta mula sa panggitnang pwersa na noo'y nahahagip na ng Cory "magic". Inihayag ng masa ang matinding galit sa diktadura sa pamamagitan ng pagboto kay Cory ngunit dinaya siya ng diktadurang Marcos, kaya lalong nag-alab ang galit ng mamamayan.

Radyo din ang naghatid sa akin ng balitang tumiwalag na sina Enrile-Ramos sa diktadurang Marcos, at nag-anunsyo ng pag-aalsang militar sa Camp Crame. Doon ay hayagang inamin ni Enrile sa nanginginig pang boses na "pineke" ang tangkang pagpatay sa kanya noong dekada sitenta, na ginamit ding dahilan ni Marcos para ideklara ang batas militar. Nanawagan sila ng suporta ng masa pero kokonti ang tumungo sa Edsa, liban na lamang nang manawagan na si Cardinal Sin ng suporta at humugos sa Edsa ang mahigit isang milyong mamamayan na marami ay panggitnang pwersa. Mula Cubao hanggang Makati ay punung-puno ng tao ang Edsa, na humarang sa mga tangke at bata-batalyong pwersa ng militar na pinasugod ni Marcos sa Edsa para bombahin ang Crame at lumabas ng lungga sina Enrile-Ramos. Matapos ang tatlong araw, sa popular na pag-aalsa ng masa at rebelyong militar, bumagsak ang rehimen ni Marcos at itinakas na siya ng gubyerno ng US kasama ng kanyang pamilya sa Hawaii.

Hindi kailanman makakalimutan ng masa ang kanilang karanasan sa Edsa 1. Sa kanilang pagkakaisa at pagkilos naramdaman nila ang makapangyarihang lakas ng mamamayan para magpatalsik ng diktador—na muling naulit sa Edsa 2 nang patalsikin si Erap sa Malakanyang. Damang-dama ang pagkakaisa at saya ng masa sa panahong nasa Edsa. Hindi naging problema kahit ang lohistika dahil umuulan ang mga tubig at pagkain. Kahit mula sa malalayong lugar tulad ng Southern Tagalog at Central Luzon, dyip-dyip at bus-bus, pami-pamilya pa ay sadyang pumupunta sa Edsa, dala-dala ang kanilang imahe ng Birheng Maria at Sto. Niño.

Masayang-malungkot ako sa panahong ito. Masaya dahil

matapos ang 14-taong pakikibaka ay nagwagi ang mamamayan na patalsikin ang diktadura; malungkot sa dahilang inulan ng batikos ang kilusan dahil sa boykot at nawala ito sa unahan ng pakikibaka ng masa sa huling sandali ng pagpapatalsik sa diktador. Habang nagsasaya ang masa, nanlulumo ang maraming kasama at pwersa na noo'y nakatalungko sa mga bangketa ng Mendiola habang ang masa'y naghuhumiyaw sa Edsa at nilusob rin ng masa ang Malakanyang. Nasa Edsa rin ang maraming pwersa ng kilusan ngunit halos hindi sila naramdaman, at may mga bumatikos pa kung bakit naroon ang "kaliwa". Hindi maiwasan ng iba na tumulo ang luha.

Nang sinimulan ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP), noon ko naunawaan at ng marami pang pwersa kung ano ang nangyari sa kilusan sa panahong ito. Naging mayor na pagkakamaling taktikal ang boykot, ngunit hindi pa rin matatawaran ang naging partisipasyon at sakripisyo ng masa't kasama sa mga pakikibakang nagpundar ng daan para magtagumpay ang Edsa 1. Kaya naman noong nangyari na ang Edsa 2, sa diwa ng pagwawasto, litaw na ang pamumuno ng pambansa-demokratikong kilusan mula Edsa patungong Malakanyang, at naobliga si Erap na tumalilis sakay ng lantsa ng Pangulo sa Ilog Pasig.



## Pakikibaka ng mga Manggagawa



## Kwento ni Ka Goryo

Walong taon na akong drayber ng bus sa Pascual Liners, Inc. nang pumutok ang welga noong Pebrero 18, 1995. Lumaban kami dahil sa isyu ng mababang porsyento, illegal deduction para sa piyansa fund at police fund na kinukuha sa mga empleyado. Kung kumpleto ang byahe sa isang araw, mahigit P100 ang kinakaltas, halos P200 nga, dagdag pa kung may namamatay. Pati tax na kinakaltas, hindi bumabalik sa manggagawa kung sobra. Ang masakit pa rito, 'pag ikaw ay namatay, kahit gaano katagal ang serbisyo mo sa Pascual, babayaran ka lang nila ng P2,500. Two-five lang ang kapalit ng buhay mo. Meron daw ibinibigay na malaking halaga na sinasabi ng Pascual na kwarenta mil o trenta'y singko mil, pero 'yon ay nanggaling sa kaltas sa mga empleyado. Kada empleyadong lumalabas araw-araw ay kinakaltasan para sa iba't ibang pondo. Tapos, 'pag may namatay, kakaltasan kami ng tig-iisang daan kada empleyado. Kaya 'yong natitira, hawak pa rin ng Pascual. Grabe ang pagsasamantala rito.

Pasvil Pascual Liner, Inc. Worker's Union ang pangalan ng

unyon namin. Pasvil dahil ang may-ari nito ay ang pamilyang Pascual at ang pinsang buo nilang Villegas. Kahit noong humiwalay na si Villegas at itinayo ang sariling linya na Vilfran, nanatili ang pangalang Pasvil.

Umaabot ng 300 yunit ang Pasvil na may limang grupo batay sa limang magkakapatid na Pascual – grupo uno, grupo dos, ganoon. Malaki 'yan. Pati 'yong dating mga bus na nanggaling sa PNR ay binili, inayos lang nila, pinagkukuha ang mga chassis, niremodel, ginawang box-type ang iba o hinabaan. Pero dati, ang Pascual, nagsimula sa trak ng bato na nilagyan ng upuan.

Ang manggagawa noong panahong iyon, mahigit anim na raan, dahil sa isang bus, dalawa nang dalawa, drayber at konduktor. Idagdag pa ang inspektor, dispatcher, mekaniko, oil man, gasoline boy. Pero ang inspektor, at dispatcher, sa management 'yan, mahirap na akayin sa unyon.

Tumatanggap ng sampung porsyento ang drayber at pitong porsyento ang konduktor kung ang dinadala ay ang IH, International Harvester, yong may nguso. 'Pag ang nahawakan mo ay 'yong HINO, na flat-nosed na back-engine, ibinibigay ang walong porsyento sa drayber at anim na porsyento sa konduktor. Mas mataas sa IH dahil bihira 'yong driver na naglalabas nito. Unang-una, maikli na, lumang-lumang modelo pa. Lusong ang preno niyan. Sa loob ng isang linggo, posibleng isang beses na lulusot ang preno niyan habang bumibyahe ka.

Noong Disyembre 23, bago magwelga, pinatawag kami, imbitado ang lahat, may salu-salo. Nandun pa si Tito Sotto. May mga upuan, may pa-raffle at mga palaro. Tapos, nagsalita 'yong matandang Pascual, dahil daw sa aming sipag ay kumita nang malaki ang kumpanya, kaya pepremyuhan niya kami. Akala namin kung anong premyo na. Sabi niya, "ibibili ko kayo ng bagong bus, aircon, ibyahe ninyo uli". Sa isang bagsak lang, dumating ang tatlong daang bus na aircon. Nagdagdag uli siya ng tao, umabot ng mahigit 700 ang empleyado.

Sa pagbyahe, 'pag lumabas ka ng alas-kwatro ng madaling araw, gagarahe ka ng alas-onse ng gabi. Labing-siyam na oras 'yon, kain at ihi lang ang pahinga mo. Noong panahong 'yon, dahil hindi pa masyadong matrapik, ang Baclaran-Novaliches, minsan nakakalimang balik-balik. Sa ikalimang balik, halos ikaw na ang last trip noon. Dahil malakas pa noon, wala pang masyadong kalaban ang Pascual, ang napoporsyento ng drayber ay umaabot ng sanlibo isang araw. Pero hindi naman isang araw 'yan kung kukwentahin. Napakahaba, e. Halos dalawang araw na 'yon sa oras na ginugol mo. Pumapatak lang ng tig-limang daan ang kinita mo. Akala ng iba, mataas ang sahod. Pero kung matibay ang katawan mo, makaka-straight ka kahit apat na araw sa isang linggo, 'yon lang ang pwede. Pero sabihin mong wala kang relyebo, aba'y hindi ka tatagal, maaga kang mamamayapa sa puyat. Noon, kabataan ko pa, kalakasan ng pagbyahe, naiistreyt ko ang limang araw, Sabado at Linggo lang nagpapahinga.

'Yong matandang Pascual, maayos naman magsalita, pero ang mga anak grabe, nanunutok ng baril. Nang mamatay na ang matanda, tuwing gabi nandoon silang lahat sa upisina, nag-iinuman, kumakain ng masasarap na pagkain. Kung may ipaabot kang problema, imbes tulungan, patatalsikin. 'Pag pinatalsik ka na, hindi mo makukuha ang parte ng pondo na kinaltas sa 'yo. Tinatakot ka pa.

Bandang 1994, nag-uumpisa na ang gapangan diyan, para maitayo ang unyon, at binibigyan ng pag-aaral. Ang mga nag-organisa dito ay nanggaling sa piyer, kung saan matatag ang mga unyon nila. Sa Pasvil, may nakatayong unyon, pero sa kumpanya. Ang presidente, empleyado rin nila sa loob. Kaya noong nag-lapse ang company union, saka binanatan noong 1995 ng welga dahil paso na 'yong unyon nila, e kailangang salisihan na.

Pinaboto kami, kung sino raw ang panig sa unyon ng kumpanya, parang referendum daw. Na-straight ang voting pabor sa amin. Pero itinago ang ballot box, ipinasok sa opisina,

magtanghalian daw muna. Paglabas, talo na kami, sa kabila ng matinding pagtutol ng mga manggagawa. Walanghiya talaga ang Pascual, dahil sero talaga sila. At doon din natin nakita na ang NLRC ay hindi naman talaga pumapanig sa mga manggagawa; nabaliktad 'yong ipinanalo ng mga manggagawa. Ang ginawa kasi, 'yong para sa manggagawa na boto, inilagay sa Pascual at sero sa manggagawa. Ganyan talaga ang NLRC. Kaya ipinutok ang welga para iprotesta ito.

Pagputok ng welga, madaling araw pa lang, mahigit dalawang daan na kaming nakabarikada sa garahe para huwag matibag ang harang. Alas-kwatro, pagbukas ng gate, pinangunahan ng ilang drayber ang paglalabas ng bus, pero hindi inilabas sa kalsada, kundi iniharang doon sa gate at kinuha ang susi. Pagkatapos, pinlat ang gulong para hindi na makabyahe. Ibinalandra namin ang 70-80 bus sa haba ng kalsada, mula Uniwide hanggang PLDT. Talagang lahat ng dumaraan ay napapalingon. Natigil ang kita ng Pascual na umaabot ng netong1.5 milyon bawat araw.

Pagkaraan ng labinlimang araw, nagbaba ang NLRC ng Return to Work Order. Illegal strike raw. Meron daw Temporary Restraining Order. Temporary—habang hindi nalulutas ang usapin, huwag ka munang magwelga. Pahahabain lang naman nila, at talagang pinahaba nga. E hindi nga pupwede ang ganito.

Dumating ang dalawang siksbay na kumbinasyon ng pulis at army, kaya nila nabuksan ang gate. Nagpaputok pa ng baril ang may-ari. Bagamat matibay ang harang, nabuwag. Nagkapukpukan talaga. Ang tatapang din naman ng mga welgista. Tinulungan din kami ng PISTON. Hindi naman kaya ng pulis Novaliches lang. Kung hindi pa nila dinalhan ng dalawang siksbay, hindi talaga nila kayang buwagin.

Itinuloy namin ang piket. Minsan dinadalhan kami ng goons. Tinindigan namin. Bagamat nabuksan ang gate, ipinagpatuloy namin ang piketlayn sa gilid ng gate. Nag-hire sila ng mga eskirol. Ganyan naman lagi ang pakana ng estado.

Tapos sinasabi nila na bawal magwelga sa vital industries. Grabe na nga ang pagsasamantala sa mga manggagawa, tapos may pa vital-vital pa. Basta hindi kami aalis dito sa piketlayn. Itinayo uli namin. Naobliga pa akong pumunta sa San Jose del Monte para manghingi ng kawayan doon sa kawayanan. Binigyan kami ng may 50-70 piraso na pinagputul-putol na namin doon at isinakay sa dyip. Itinayo namin ang piketlayn, mahaba, parang tren sa gilid ng bakod ng Pasvil. Tapos, nagtayo rin ang pulis ng outpost sa dulo ng piketlayn namin, kaya parang pati pulis kasama sa piketlayn.

Sa dami namin, isa't kalahating sakong bigas, isang saing lang. Isang kawa rin ang gulay. Araw-araw, may pag-aaral, may kwarto talaga para sa ED kung saan nag-aaral ng PAMA (Panimulang Araling Pangmanggagawa). Sabado-Linggo, nagtatalakay ng LRP. Ang mga anak ng mga kasama naroon din, kada Sabado nag-aaral sila ng SND. Pana-panahong tinatalakay ang editoryal ng AB, natsit…. Doon na rin nagpupulong ang sangay. Tumatanggap rin ng mga magtatayo pa lang ng unyon, binibigyan sila ng lugar para makapag-usap.

Tapos, pumasok sa ligal na usapin sa NLRC. Patagalan na ito. Noong una, kakaunti ang nakakabyahe sa bus. Pero noong tumagal, ang mga hindi napuno ng pag-aaral, nagbalik sa trabaho. Pero kaunti lang. Sa mahigit 700 empleyado, hindi aabot sa 50 ang bumalik. 'Yong iba, naobligang maghanap ng trabaho sa labas, pero 'pag may mga pag-aaral at pulong ng unyon, dumadalo sila. Meron nang nagwewelgang-bahay pero okey lang 'yon, basta hindi sila mag-eskirol, kasi 'pag nagpupulong, nandiyan silang lahat, nagbabayad ng butaw. Myembro pa rin sila.

Ang pumakat talaga sa piketlayn, naging mga pultaym. Sinabi naman ng abugado na "tatagal ng dekada itong kaso sa ligal, maghanap na muna kayo ng ibang trabaho". Naobliga nga 'yong iba, kaya kumonti na ang tao sa piketlayn. Dahil sa hirap ng buhay, may umuwi na sa probinsya nila, may naghanap na ng ibang trabaho.

Tumagal talaga ang piket. Nagsimula noong 1995, natapos noong 2012. Naging buhay na eskwelahan ito ng mga manggagawa. Kagaya ko, ano bang alam ko diyan? Noong una, wala naman akong interes sumama diyan. Pumirma lang naman ako noong nagkaroon ng pagpapapirma sa mga empleyado. Pero noong pumutok na, naging interesado ako sa mga pag-aaral na ginagawa. Sabi ko, hindi ako pwedeng maiwan. Kailangang matuto rin ako kung paano ako magpopropaganda, paano ako magbibigay ng pag-aaral kung sakali akong obligahin. Simple-simple lang naman ito, 'ika ko. Ano ba naman 'yong mga buhay na karanasan, inabot na natin ang lahat n'yan. Matindi nga 'pag tayong manggagawa ang nagbibigay niyan. Kahit TPMU(Tunay, Palaban, Makabayang Unyonismo) pa lang, gusto nang magwelga. TPMU pa lang, nag-aalab na ang damdamin ng mga manggagawa, e. Lalo kung naka-MK 'yon. Nasa tao talaga kung gusto mong matuto, pero kung hindi ka desidido, wala. Kahit magpabalik-balik ka pa diyan ng pag-aaral.

Dahil sa tuluy-tuloy na mga pag-aaral, naintindihan naming kailangang sumama ang mga manggagawa sa iba't ibang pagkilos. Lumahok ang unyon sa People Power noong 2001, umarkila ng tatlong dyip papuntang Mendiola. Hinarang nga sila ng mga pro Erap sa may Monumento, pero sumigaw muna sila ng "Erap pa rin", kaya nakalusot, binigyan pa ng pagkain ng mga pro Erap.

Nakakapaglunsad rin kami ng sarili naming mga rali sa NLRC at DOLE. Nakapagsanay kami ng sariling mga ispiker sa mga simposyum. Hanggang 2004, umaabot ng 60 hanggang 200 ang sumasama sa mga multisektoral na rali, pati SONA.

Sumasama na sa piketlayn pati ang mga pamilya namin. Nakapagtayo pa kami ng grupong pangkultura, ang Sining Pasada. Isa sa mga naging aktibista nito, na anak ng welgista, ay sumapi sa hukbo at martir na ngayon, namatay sa isang labanan sa kanayunan.

Bago pumutok ang welga, iilan pa lang ang mga kasapi ng

Partido. Pero noong pumutok na ang welga, sunud-sunod na ang napasumpa sa Partido. Kasi tuluy-tuloy ang pakikibaka, kaya tuluy-tuloy na rin ang rekrutment. Isa na nga ako riyan. Doon ako namulat at pagsama ko, tuluy-tuloy na. Noong nakaisang taon na ang welga, nakasumpa na ako sa Partido. Noon ding bumilis na ang rekrutment, sumama na ako sa probinsya.

'Yong iba, nagpunta na sa kanayunan at tumangan sa armadong pakikibaka. Kaya parang kakaunti ang nakikita sa piketlayn, mga trenta na lang. Kasi 'yong iba diyan, nagsi-CB, 'yong iba kung anu-anong trabaho sa piketlayn. 'Yong iba naman ay naging organisador, kumilos sa iba't ibang lugar. Tinayuan nila ng organisasyon ang buong komunidad sa palibot ng welga, lumaganap din. Pagkatapos ng trabaho nila sa ibang lugar, bumabalik diyan.

Para makatagal, nagpapalakad kami ng CB boys, 'yong umaakyat ng bus na may dalang collection box, nanghihingi ng tulong. Pero dapat inilalatag mo 'yong usapin ng welga, inilalatag mo rin 'yung usapin ng mga pambansang isyu – pagtaas ng langis, pagtaas ng bilihin, kasi sasakupin mong lahat talaga 'pag nagpapaliwanag ka sa mga pasahero. Deregulasyon, pribatisasyon, liberalisasyon, denasyunalisasyon, pati Herrera Law, dala-dala rin yon, dapat maintindihan ng mga manggagawa, ilalatag mo sa mga pasahero. Nakakawing din naman 'yon, e. Hindi 'yong usapin lang ng Pascual ang inililinaw mo. Kaya tumagal ang welga. Marami talagang nagbibigay. May mga IGP rin kami, nag-aalaga ng baboy, at nagtayo ng karinderya.

Hindi na ako kuntento sa pagsama-sama sa rali, kailangan sa pinakamataas na antas na ng pakikibaka. Kanya-kanya na kaming batch ng pagpunta sa kanayunan, para maranasan ang iba't ibang klase ng gawain. Kapag nakatapos ka na ng mga anim na buwan, balik ka na sa piketlayn. Pero ang iba hindi na talaga bumalik. Ang iba naman, pagbalik sa piketlayn, ilang panahon lang, pumanhik na rin uli. Maraming kasama ang hindi na kuntento sa rali-rali. Tayo na sa probinsya, mag-




armado na tayo.

Ang pamilya ng mga nagwewelga, nahirapan talaga dahil sa tagal ng pakikibaka. Ang ibang mga asawa, naglalabada. Sa tulong ng ibang mga kapatid, kung may nahihiram na puhunan, nagtitinda-tinda. 'Yong iba nga nangangalakal ng basura.

Kung may kaunting natitira sa CB, sa mga solicitations, at IGP, binibigyan ang pamilya. Kung pupunta ka sa kanayunan, tinutugunan ng organisasyon kahit ang pambayad man lang ng bahay, sila na ang nakakaalam kung paano na didiskarte. Ang asawa ko nga, naranasan din yan, e. Nangangalakal habang wala ako. Kasi ang nasasagot lang ng organisasyon ay 'yong bayad sa bahay, e 'yong kakainin mo araw-araw, saan mo kukunin 'yon? Hindi pa naman ganoon kalakas ang organisasyon, hindi naman kayang sagutin lahat. Ang nakukuha sa CB itinatabi bilang strike fund, pero iba-iba ang pondo doon. 'Pag dumating ng hapon ang mga nag-CB, hinahati-hati 'yan. Ibinibigay ang 20% sa kanila, sa nag-CB. Ang natitira, binubukod-bukod 'yan. May mga kahon na pinaglalagyan 'yan. May para sa pagkain ng mga nagwewelga, may para sa mga pamilya nila, may para sa gagastusin kung sasama sa rali, may itinatabi rin para sa mga gastos ng pumupunta sa kanayunan. Nagpapalitaw rin talaga ng para sa kanayunan mula sa iba, kasi kulang naman ang parteng galing sa CB. Lalapit ka sa ibang mga kasama at alyado para sa pamasahe mo, 'yong pambili mo ng mga damit pang-CS, bakpak, botas, kung anu-ano pa. Malaki ang suporta galing sa piyer kasi organisado doon.

Binasura ng DOLE ang kaso, at nang iapela ito, lalo pang tumagal. Lumiit na ang piketlayn, umikli na nga pati 'yong

kubol naming parang tren. Noong binuhay muli ang kaso at nadesisyunang dapat bayaran ang mga manggagawa na nasa piketlayn, may sheriff na para kumuha ng sasakyan, wala nang makuhang sasakyan dahil walang nagbyahe. Binenta nang binenta ng Pascual ang mga ari-arian. Ininda rin niya ang welga. Pero lumiit na ang piketlayn, mula sa dating 500, sa huli'y iilan-ilan na lang ang tao. Pati ang presidente ng unyon ay namatay na sa sakit.

Nang matapos ang welga, ang nabayaran ay kwarenta'y tres lang, sa kabila ng 200 'yong naka-file. Minaniobra na lang ng NLRC. 'Yong mga gumawa ng statement lang ang isinama. 'Yong mga hindi gumawa ng statement at nakarekord lang ang pangalan, hindi nakasali. Walanghiya. Ang laki ng natipid ng kumpanya. Binarat nang binarat ang negosasyon. Nag-alok na lang ang may-ari ng halagang P12 libo para sa mga nagtrabaho ng tatlong taon pababa at P60 libo para sa mga matagal na. Hindi na rin inilaban pa kasi napakatagal na nga. Kaya 'yong 43 na nabigyan, ginawa pang bumbay. Sa haba ng labanan, huhulug-hulugan lang sila. Tseke 'yon na nakalagay kung kailan pwedeng makuha. Ganoon kalupit ang Pascual.

Buti pa nga sila, may nakuha. Kasi sa ibang kaso na ganyan, sa papel na lang nananalo. Heto ang desisyon, babayaran ka, pero sarado na ang kumpanya o kaya ibinenta na sa iba. Manalo ka man kahit tumatakbo pa ang kumpanya, pahirapan pa 'yon. Kasi ang mangyayari, kukuha ka pa ng sheriff saka ka babatak ngayon. Babatak ka pa ng equipment, saka pa lang 'yon pepresyuhan ng arbiter, ibebenta pa 'yon, saka ka lang makakakuha ng pera. Kung magkalagayan, kukunin nila ulit 'yong yunit at sasabihing huhulugan ka na lang. E kung bago ka mabayaran, sarado na 'yong kumpanya, o kaya'y ibinenta na sa iba, sinong sisingilin mo? New management na. Tapos ka. Hawak mo na lang, papel. Ganoon kagulang ang kapitalista.

Kahit hindi ako nakakuha, basta nakakuha sila, masaya na ako. Binalatuhan din nila kaming mga hindi nakakuha, mga tig P1,500, okey na rin. Higit pa sa pera ang nakuha ko

sa laban na 'yon, napataas ang kamulatan ko at nagtuluy-tuloy sa pagkilos. Ang malaking aral kasing nakuha ko sa karanasan kong 'yon, na ang NLRC ay nakikipagkutsabahan sa kapitalista. Hindi talaga sila para sa manggagawa. Kaya hindi ka makakaasa ng ganap na tagumpay kung dadaanin mo sa ligal. At makakakuha lang talaga tayo ng malalaking tagumpay kung kasama ang ibang mamamayan sa pakikibaka. Kaya nga tama 'yong ginawa ng maraming kasamang namulat sa welga doon na naging pultaymer na at kumilos sa iba't ibang lugar. Kinukwenta nga namin, ang mga nag-armado sa amin, mga isang platun. Ang naging organisador sa lunsod, mahigit isang platun din. Hanggang ngayon mahuhusay na kasama pa sila. Ikaw ba naman ang araw-araw na laman ng kalsada, tatalas ka rin. Sa mga welgistang nagpultaym, wala pa kahit isa ang nasawi.

Sa patuloy na pagsulong ng rebolusyon, patuloy na lalakas at lalawak ang kilusang masa, at patuloy na darami ang makulay na mga kwento tungkol dito. Matapang na ibinagsak ng kilusang masa ang dalawang pangulo, ibabagsak o paaalisin ang marami pang iba. At sa higit na pagsulong ng buong pambansa-demokratikong rebolusyon ay tuluyan nang maibabagsak ang buong mapang-aping sistema.

---

BKP – Batayang Kurso ng Partido
LRP – Lipunan at Rebolusyong Pilipino
BRC – Barrio Revolutionary Committee
CHDF – Civilian Home Defence Force
KRB – Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo
SICA– Social Investigation and Class Analysis, o Panlipunang Pagsisiyasat at Pagsusuri sa Uri
CS – countryside, o kanayunan
igang - batong giting
MAKIBAKA – Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, noong huli ay ginawang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan
CB – collection box
IGP – income-generating project, o proyekto para magpalitaw ng pinansya
nangangalakal – nag-iipon ng mga nagamit nang plastic, karton at iba para ipagbili sa junkshop o negosyate sa basura

# Pasasalamat

Nagpapasalamat ang Patnugutan ng ULOS sa lahat ng kasamang nag-ambag ng obra at tumulong sa pagbubuo ng isyung ito. Salamat kay Ka Anton na lumikha ng pabalat; kina Ka Pael, Ka Mayamor at Ka Ranma sa kanilang mga ilustrasyon; kay Ka Rose ng Central Luzon; sa mga kasamang taga-Payatas; kay Ka Willy at sa mga unyonista sa enklabo, na nagbigay ng panahon para maibahagi ang nakapupukaw nilang mga karanasan; at sa publikasyong Dagitab ng Southern Tagalog, Lantawan ng North Central Mindanao, at sa Pasa Bilis at Bangkaw ng Southern Mindanao na pinagkunan ng ilang likhang-sining na ginamit sa isyung ito.